

# **Ang Bayan Ngayon Compilation**

**Ang Bayan**

**April 2024**

*Ang pahayagang **Ang Bayan** ang upisyal na pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas. Ang AB ay inililimbag ng Komite Sentral ng PKP kada dalawang linggo at lumalabas sa ika-7 at ika-21 ng bawat buwan. Inilalathala ang AB sa orihinal na edisyong Pilipino at may mga salin na edisyon sa English, Bisaya, Hiligaynon, Waray, at Ilocano.*

*Sa harap ng mabilis na nagbabagong sitwasyong pampolitika at pang-ekonomya sa Pilipinas, gayundin sa buong mundo, naglalabas ang pahayagang Ang Bayan ng arawan na mga balita at pagsusuri sa mga susing usapin na kinakaharap ng proletaryo at sambayanang Pilipino, gayundin ng aping mamamayan sa iba't ibang sulok ng mundo. Makikita dito ang pinakahuling mga balita at artikulo ng **Ang Bayan Ngayon**.*

## Table of Contents

Mga bata at sanggol sa Gaza, nagsimula nang mamatay sa matinding gutom na dulot ng henosidyo ng US-Israel.....	15
[English Translation] Children and babies start dying by starvation in Gaza due to US-Israel genocide.....	17
Balikatan 2024, peligro at salot sa kababaihang Pilipino.....	19
[English Translation] Balikatan 2024, a danger and scourge to Filipino women.....	20
Pagtatayo ng maritime council, tanda ng kapalpakan ng rehimeng Marcos na ipagtanggol ang WPS.....	22
[English Translation] Establishment of maritime council proves Marcos regime's utter failure to defend the WPS.....	23
Pakitang-taong food drops ng US, pumatay sa 17 katao.....	25
[English Translation] U.S. hypocritical food drops kill 17 people.....	27
“Gera kontra-droga” ng nakababatang Duterte sa Davao, maaaring makapagpabilis sa imbestigasyon ng ICC.....	29
[English Translation] The younger Duterte’s “war against drugs” in Davao may speed up the ICC investigation.....	30

7 boluntir ng makataong organisasyon, pinatay ng US-Israel sa Gaza.....	31
[English Translation] US-Israel kills 7 humanitarian organization volunteers in Gaza	35
KM-Cebu, ipinagdiwang ang anibersaryo ng BHB.....	37
[English Translation] KM-Cebu celebrates NPA anniversary.....	39
Rebolusyonaryong pwersa at masa sa Ilocos-Cordillera, nagdiwang sa ika-55 anibersaryo ng BHB.....	40
[English Translation] Revolutionary forces and masses in Ilocos-Cordillera celebrate the 55th anniversary of the NPA.....	43
“Forced leave” sa kumpanyang Luen Thai sa Pampanga, pahirap sa mga manggagawa.....	46
[English Translation] “Forced leave” at Luen Thai in Pampanga, a burden to workers.....	48
AFP, naglustay ng pondo ng bayan sa paghuhulog ng mga polyeto gamit ang helikopter sa Aurora.....	49
[English Translation] AFP squanders public funds in using helicopters for leaflet-dropping in Aurora.....	51
Balikatan 2024: Peligrosong pagpapakitang-gilas na nagsisilbi lamang sa layunin ng US—GWP.....	52

[English Translation] Balikatan 2024: Dangerous show off that only serves US objectives — GWP.....	53
DA at NFA, siningil ng mga magbubukid at mangingisda sa ayuda at suporta sa harap ng El Niño.....	55
[English Translation] Farmers and fisherfolk demand El Niño aid and support from DA and NFA.....	57
Pagkamatay ng 2 manggagawa sa Herma Shipyard Incorporated, pananagutan ng kapitalista.....	58
[English Translation] Herma Shipyard Incorporated accountable for death of 2 workers.....	60
Pambobomba ng AFP sa Abra at Ilocos Sur, binatikos.....	62
[English Translation] Youth and rights groups condemn AFP for Abra, Ilocos Sur aerial bombing.....	64
Red-tagging sa mga progresibong organisasyon at lider-maralita sa Cavite, kinundena.....	65
[English Translation] Bayan-Cavite condemns police for red-tagging progressive organizations and urban poor leaders in Cavite.....	67
US at Israel, pinananagot sa teroristang airstrike sa embahada ng Iran sa Syria.....	68

[English Translation] US and Israel held responsible for terrorist airstrike on Iranian embassy in Syria.....	70
Magsasaka sa Negros Occidental, pinatay ng 62nd IB.....	71
[English Translation] 62nd IB kills farmer in Negros Occidental.....	73
Mga kaanak at kaibigan ng mga desaparecidos, nagtipun-tipon.....	74
[English Translation] Relatives and friends of victims of enforced disappearances hold gathering.....	76
Ligtas na kundisyon sa paggawa, iginiit.....	78
[English Translation] Workers demand safe working conditions.....	79
Oplan-pinta at oplan-sabit para sa BHB, inilunsad ng NDF-Cavite.....	81
[English Translation] NDF-Cavite launches graffiti and posterizing for the NPA.....	82
Pagkamatay ng mangingisda sa Navotas City, isinisisi sa nakaambang demolisyon.....	84
[English Translation] Impending demolition responsible for death of a fisherman in Navotas City.....	86
Mga mapang-upat na aktibidad ng US sa karagatan ng Pilipinas, binatikos ng mga mangingisda.....	88

[English Translation] Fisherfolks condemn U.S. saber rattling in Philippine waters.....	90
Kriminal na kapabayaan ni Marcos sa harap ng El Niño, tinuligsa ng mga NDFP-Palawan.....	92
[English Translation] NDFP-Palawan condemns Marcos for criminal negligence amid El Niño.	95
Militarisasyon ng China at US sa West Philippine Sea, binatikos.....	98
[English Translation] National-democratic organizations condemn China and US militarization of the West Philippine Sea.....	100
Protesta laban sa walang pakundangang pambobomba sa Ilocos-Abra, isinagawa.....	102
[English Translation] Progressive groups protest against indiscriminate bombing in Ilocos-Abra.....	104
Dinukot na beteranong organisador- manggagawa ng Mindanao, ipinalilitaw.....	106
[English Translation] Democratic groups demand surfacing of kidnapped veteran Mindanao labor organizer.....	107
Hustisya para sa magsasakang pinatay sa Masbate, ipinanawagan.....	107
[English Translation] Peasants demand justice for farmer killed in Masbate.....	109

Trilateral summit ng US, Japan at Pilipinas, nakabalangkas sa panunulsol ng imperyalistang gera.....	110
[English Translation] US, Japan and Philippines hold trilateral summit for imperialist war provocations.....	113
Libu-libong tropang Amerikano, naglipana sa karagatan, kahanginan at kalupaan ng Pilipinas ngayong Abril.....	115
[English Translation] Thousands of American troops, swarm the sea, air and land of the Philippines this April.....	118
Mabilis na pagbabalik sa dating iskedyul ng mga klase, iginiit sa gitna ng matinding init..	120
[English Translation] Teachers demand immediate return to old school calendar amid intense heat.....	122
Mga tsuper at opereytor, magsasagawa ng serye ng welga ngayong Abril laban sa dedlayn ng jeepney phaseout.....	124
[English Translation] Drivers and operators set to hold series of strikes this April against the jeepney phaseout deadline.....	126
Balikatan sa Mavulis Island, militarisasyon sa Cagayan, pagsasadlak ng US sa mga Pilipino sa gera.....	127

[English Translation] US drags Filipinos into war with Balikatan in Mavulis Island, militarization in Cagayan.....	130
Dating estudyanteng mandirigma, sadyang pinaslang ng AFP sa Bukidnon.....	132
[English Translation] AFP extrajudicially kills former student fighter in Bukidnon.....	134
Pagdalo ni Marcos sa Trilateral Summit, sinalubong ng protesta sa US.....	135
[English Translation] Protests greet Marcos' attendance at the Trilateral Summit in the US .....	136
Red Friday Protest para sa sahod, inilunsad ng mga manggagawa.....	138
[English Translation] Workers launch Red Friday Protest for wages.....	139
Iran, nagpakawala ng mga misayl laban sa Zionistang Israel.....	140
[English Translation] Iran launches missiles against Zionist Israel.....	142
Magsasakang pinaslang ng mga galamay ni Marcos sa Masbate, ika-28 biktima na.....	144
[English Translation] Marcos' agents extrajudicially kill 28th farmer victim in Masbate.....	145
Mga magsasaka ng Hacienda Tinang, naiguit ang karapatan sa lupa sa DAR.....	147

[English Translation] Farmers of Hacienda Tinang assert land rights in DAR.....	148
Welgang transportasyon, idineklarang tagumpay ang unang araw.....	149
[English Translation] Transport strike's first day declared a victory.....	151
Lupang Tartaria, sinalakay muli ng mga maton ng mga Aguinaldo at Ayala.....	152
[English Translation] Aguinaldo and Ayala thugs attack Tartaria land again.....	155
24-oras protestang ayuno, inilunsad ng mga detenidong pulitikal sa Negros.....	158
[English Translation] Negros political detainees launch 24-hour protest fast.....	160
Iligal na demolisyon sa komunidad ng 700 pamilya sa Quezon City.....	161
[English Translation] Government forces illegally demolish community with 700 families in Quezon City.....	163
Kaso laban sa Piston 6, ibinasura ng korte matapos ang 4 na taon.....	165
[English Translation] Court dismisses case against Piston 6 after 4 years.....	166
Parangal kay Ka Rekka, idinaos ng mga aktibista, kaibigan at kapamilya sa UP Diliman .....	168

[English Translation] Activists, friends and family pay tribute to Ka Rekka in UP Diliman .....	170
People's Earth Day: Porum at protesta kontra reklamasyon.....	172
[English Translation] People's Earth Day: Forum and protest against reclamation.....	174
Tree planting, inilunsad para alalahanin si Chad Booc, manawagan ng hustisya sa New Bataan 5 .....	177
[English Translation] Central Visayas organizations go tree planting to remember Chad Booc, call for justice for New Bataan 5	179
Asembleya ng mga manggagawa para sa dagdag-sahod, inilunsad sa Quezon City.....	180
[English Translation] Multisectoral groups launch assembly of workers for wage increase in Quezon City.....	182
BrahMos missile weapon systems mula India, hawak na ni Marcos.....	184
[English Translation] Marcos gains BrahMos missile weapon systems from India.....	185
Hustisya, muling ipinanawagan isang taon matapos ang pagdukot at pagpatay sa kabataang organisador sa Bohol.....	187

[English Translation] Group reiterate call for justice for the abduction and killing of young Bohol organizer a year later.....	188
Pagkubkob ng 96th IB sa isang kampo ng BHB-Masbate, binigo.....	189
[English Translation] NPA-Mastabe counters 96th IB attack on camp.....	191
Pagkumpiska ng mga kagamitan ng midya ng mga tauhan ng Ayala-Aguinaldo sa Lupang Tartaria, binatikos.....	193
[English Translation] Media organizations condemn Ayala-Aguinaldo personnel for confiscation of media equipment in Lupang Tartaria.....	195
Pamamaraan ng pagkatuto, academic calendar, isinalang sa konsultasyon ng mga guro at estudyante sa UP-College of Science.....	198
[English Translation] UP-College of Science faculty and students hold consultations on learning modes, academic calendar.....	201
Unang araw ng Balikatan 2024, sinalubong ng protesta ng mga grupong pambansa-demokratiko.....	204
[English Translation] National-democratic groups greet first day of Balikatan 2024 with protests.....	205
Israel, binuhusan ng US ng \$17 bilyong pondo para ipagpatuloy ng henosidyo sa Gaza.....	207

[English Translation] US pours \$17 billion in funds for Israel to continue the genocide in Gaza.....	208
Itinatakwil ng mamamayang Ilokano ang Balikatan Exercises 2024—NDF-Ilocos.....	210
[English Translation] Ilocanos reject the Balikatan Exercises 2024—NDF-Ilocos.....	212
Mga drayber at opereytor ng dyip, kinalampag ang Korte Suprema.....	214
[English Translation] Jeep drivers and operators troop to the Supreme Court.....	216
Mga estudyante, kasapi ng komunidad ng UP Diliman, nagbarikada kontra “clearing operations” .....	218
[English Translation] UP Diliman students and community barricade against “clearing operations”.....	219
Mga kabataan, kumilos para sa edukasyon, kabuhayan, at kasarinlan.....	221
[English Translation] Youth hold protest actions for education, livelihood, and sovereignty.....	223
Mga kabataan, nakiisa sa barikada sa Lupang Tartaria.....	224
[English Translation] Youths join barricade in Lupang Tartaria.....	226
Palabas ng PNP-Valenzuela City na “pagsuko” ng 2 kasapi ng Anakbayan, binatikos.....	228

[English Translation] Group condemns PNP-Valenzuela City's fake "surrender" of 2 Anakbayan members.....	230
Mga anti-sosyal na aktibidad ng 20th IB sa mga "cleared" na barangay sa Las Navas, Samar, ibinunyag.....	232
[English Translation] Residents expose 20th IB anti-social activities in "cleared" barangays in Las Navas, Samar.....	234
Mga grupo sa Southern Mindanao, nagprotesta para ilitaw ang dinukot na organisador ng manggagawa.....	236
[English Translation] Southern Mindanao groups hold protest to call for the surfacing of abducted labor organizer.....	237
Pagpapaputok ng mortar ng 20th IB sa gitna ng kabahayan sa Las Navas, kinundena.....	238
[English Translation] Residents condemn 20th IB for mortar firing into homes in Las Navas	239
Pagtataas ng presyo ng tabako tungong ₱128 kada kilo, muling ipinanawagan.....	241
[English Translation] KMP reiterates call to increase tobacco farmgate price to ₱128 per kilo.....	244
1,500 katao, nakiisa sa pagdiriwang ng People's Cordillera Day sa Kalinga.....	246

Deadlock sa negosasyon ng CBA sa PhilFoods, kinundena ng unyon.....	248
2 lider-manggagawa sa Davao, ginipit ng 10th ID.....	249
Mga manggagawa, nagtungo sa embahada ng US para iprotesta ang Balikatan.....	250
2 tagapagtanggol ng karapatang-tao sa Quezon, sinampaahan ng kasong “terrorism financing” .....	252
3-araw na tigil-pasada at pambansang pagkilos, ikakasa kontra jeepney phaseout.....	254
Bagong missile system ng US, dinala sa Pilipinas.....	256
Kaso laban sa 12 aktibista ng Southern Tagalog na lumahok sa protesta kontra SONA, ibinasura .....	258
Libu-libong estudyanteng Amerikano, tuluy- tuloy na nagpuprotesta laban sa henosidyo ng US at Israel sa Palestine.....	260
Marcos, kinutya ng Gabriela sa pahayag nito ukol sa OSAEC.....	262
Pambansang Araw ng Pagkilos ng mga guro para sa dagdag-sweldo, isinagawa.....	264
Presensya ni Imee Marcos sa University of San Carlos, binatikos ng mga estudyante.....	266
Unyon sa Maynila, nagpiket para sa nakabubuhay na sahod.....	268

2 menor-de-edad sa Negros Occidental, inaresto ng 79th IB at pinalalabas na mga Pulang mandirigma.....	270
Dagdag-sweldo, muling iginiit ng mga grupo ng kawani ng gubyerno.....	272
ILPS-US, lumahok sa kampuhan ng mga estudyante sa US.....	273
Mga manggagawang bukid sa tubuhan ng Batangas, nagprotesta sa DOLE.....	274
Piket, graffiti, isinagawa sa Ireland para sa anibersaryo ng NDFP.....	276

## **Mga bata at sanggol sa Gaza, nagsimula nang matatay sa matinding gutom na dulot ng henosidyo ng US-Israel**

Abril 1, 2024

Matapos ang ilang buwang babala, nagsimula nang matatay sa gutom ang mga bata sa Gaza dulot ng walang patid na pambobomba, pang-aatake at pagtanggi ng Israel na papasukin ang mga ayudang pagkain dito. Noong Marso 21, naitala ng Gaza Health Ministry ang tuluyang pagkamatay ng 27 bata sanhi ng malnutrisyon at dehydration. Ayon sa United Nations, malamang na mas mataas ang aktwal na bilang dahil marami sa mga batang malnourished ay di na nakaaabot sa natitirang mga ospital. Tiyak din ang ahensya na tataas pa ang bilang ng mga mamamatay sa Gaza hanggang di ititigil ang brutal na pang-

aatake at pagkulong ng Israel sa mga Palestino. Pinamatindi ang gutom sa northern Gaza na okupado ngayon ng mga pwersang Israeli.

Isa sa mga namatay si Yazan Al-Kafarna, ang 10-taong gulang na batang may cerebral palsy. Namatay siya sa isang ospital noong Marso 4 dahil sa kasalatan ng pagkain at kawalan ng kinakailangang gamot para sa kanyang kundisyon. Noong unang linggo ng Marso, ibinalita ng Emirati Hospital sa Rafah na 16 premature na sanggol sa loob ng limang linggo dulot ng malnutrisyon. Ilan pa sa mga batang namatay ay mga sanggol na kapapanganak lamang or ilang araw pa lamang ang edad. Ito ay dahil sa matinding malnutrisyon at dehydration ng kanilang mga ina. Halos lahat ng mga pasyenteng ipinapasok sa mga ospital ay malnuris.

Mabagal na kamatayan ang idinudulot ng gutom, at pinakabrutal ito sa mga sanggol, maliliit na bata at matatanda. Hindi nakagagawa ng gatas ang mga ina na lubha ring malnuris, at halos walang gatas na pumapasok sa Gaza dahil sa embargo ng mga pwersang Israel sa ayuda. May mga sanggol na pinapasipsip na lamang ng dates, bunga ng isang tipo ng puno ng palm, sa halip na gatas. May mga bata namang pinakakain ng damo ng kanilang mga magulang para mabuhay.

Laganap din ang pagtatae dahil sa kasalatan ng malinis na tubig, na nagreresulta sa matinding dehydration sa mga sanggol at bata. Ito ay dahil ang imparastruktura ng tubig sa Gaza ang isa sa mga unang winasak ng mga pwersa ng Israel.

Ayon sa World Health Organization, 90% ng mga batang 5-pababa sa Gaza ay may isa o dalawang nakahahawang sakit, at 70% sa kanila ay dumanas ng pagtatae nang minsan sa loob ng dalawang linggo. Isa sa bawat dalawang sanggol ay malnuris, at pinakamalamang na malnuris rin ang mga sanggol na isisilang pa lamang sa darating na mga buwan.

Mahigit 13,000 bata na ang namatay sa Gaza mula Oktubre 2023. Ito na ang pinamataas na bilang ng mga batang namatay sa lahat ng mga armadong sigalot sa mundo sa nakaraang apat na taon.

#### **[English Translation]**

#### **Children and babies start dying by starvation in Gaza due to US-Israel genocide**

April 1, 2024

After several months of warning, children in Gaza are starting to die by starvation due to Israel's relentless bombing, attacks and food aid embargo. On March 21, the Gaza Health Ministry recorded the deaths of 27 children due to malnutrition and dehydration. The United Nations says the actual number is probably higher because many of the malnourished children do not reach the remaining hospitals. The agency is also certain that the number of people who will die through starvation in Gaza will increase if Israel do not stop its brutal attacks and detention on Palestinians. Hunger is most intense in northern Gaza which is now occupied by Israeli forces.

One of those who died was Yazan Al-Kafarna, a 10-year-old boy with cerebral palsy. He died in a hospital on March 4 due to malnutrition and lack of necessary medication for his condition. In the first week of March, the Emirati Hospital in Rafah reported the deaths of 16 premature babies in the past five weeks due to malnutrition. Some of the children who died were babies who were newly born or were only a few days old. This is due to severe malnutrition and dehydration of their mothers. Almost all patients admitted to hospitals are malnourished.

Starvation causes slow death, and it is most brutal to infants, young children and the elderly.

Severely malnourished mothers are unable to produce milk, and almost no milk enters Gaza due to the Israeli forces' embargo on aid. Some babies suck only dates, instead of milk. Some children are fed grass by their parents to survive.

Diarrhea is also widespread due to the scarcity of clean water, resulting in severe dehydration among infants and children. This is because the water system in Gaza was one of first infrastructures destroyed by Israeli forces.

According to the World Health Organization, 90% of children 5 and below in Gaza have one or two infectious diseases, and 70% of them suffer from diarrhea at least once in two weeks. One out of every two babies is malnourished, and babies who will be born in the coming months are also most likely to be malnourished.

More than 13,000 children have died in Gaza since October 2023. This is the highest number of children killed in all armed conflicts in the world in the last four years.

## **Balikatan 2024, peligro at salot sa kababaihang Pilipino**

Abril 2, 2024

Sa isang pahayag noong Marso 31, nanawagan ang Gabriela sa lahat ng kababaihang makabayan na magkaisa at ipagtanggol ang Inang Bayan mula sa interbensyong militar ng US na tiyak na kakaladkad sa bansa sa imperyalistang digma at sagupaan.

Ang panawagang ito ay kaugnay sa nakatakdang pagdaraos ng US ng wargame na Balikatan 2024 mula Abril hanggang Mayo sa Batanes at Palawan.

“Sa kasaysayan, ang pagdami ng mga tropang Amerikano at kanilang mga kaalyado sa mga komunidad na nakapalibot sa baseng militar o “EDCA site” ay banta sa kaligtasan, kagalingan at karapatan ng mga Pilipino, laluna ng mga bata at kababaihan,” pahayag ni Clarice Palce, pangkalahatang kalihim ng organisasyon.

Ayon sa grupo, ang paglaganap ng mga aktibidad militar at presensya ng dayuhang tropa ay nagbibigay-daan sa “prostitusyong militar,” isang porma ng prostitusyong ekslusibong nagseserbisyo sa mga pwersang militar, bilang bahagi ng “rest and recreation” ng mga dayuhang tropa. Saanman sa mundo na may malaking base

at presensyang militar ang US, umiiral at lumalago ang mga lugar at pook-aliwan kung saan mayor na aktibidad ang pagbubugaw ng kababaihan at kabataan.

Sa Pilipinas, naging sentro ng ganitong klaseng prostitusyon ang malalaking base militar ng US sa Clark sa Pampanga at Subic sa Olongapo, Zambales. Noong 2012, napabalita ang “pag-arkila” ng mga sundalong Amerikano ng mga babaeng “akyat-barko” (mga babaeng ibinubugaw na inihahatid sa mga nakadaong na mga barko) habang nakadaong ang malalaking warship sa General Santos City.

Nagpahayag din ng pagtutol ang Gabriela sa gaganaping pagsubok ng isang “air defense system” na gawang-Israel sa gaganaping wargame. Kinundena nito ang rehimeng Marcos sa pananahimik nito sa henosidyo ng US-Israel sa Gaza. “(T) inatanggap pa nito ngayon sa ating bansa ang parehong klaseng mga bomba na pumapatay ngayon sa libu-libong kababaihan at kabataan sa Palestine.”

Ipinanawagan din ng grupo ang kagyat na pagpapalayas sa lahat ng mga tropang Amerikano mula sa Pilipinas at pagbabasura ng maka-US sa mga kasunduan tulad ng Visiting Forces Agreement at EDCA.

#### **[English Translation]**

#### **Balikatan 2024, a danger and scourge to Filipino women**

April 2, 2024

In a statement on March 31, Gabriela called on all patriotic women to unite and defend the Motherland from US military intervention that will surely drag the country into imperialist war and conflict.

This call relates to the scheduled Balikatan 2024 wargame that the US is set to launch from April to May in Batanes and Palawan.

"History has shown us that the escalation of thousands of American troops and their allies in the communities surrounding the military base or "EDCA site" poses a grave threat to the safety, welfare and rights of Filipinos, especially children and women," said Clarice Palce, general secretary of the organization.

The group says the proliferation of military activities and the presence of foreign troops allows "militarized prostitution," a form of prostitution that exclusively services military forces, as part of the "rest and recreation" of foreign troops. Places and entertainment areas where prostitution of women and youth are major activities exist and proliferate wherever the US has a large base and military presence in the world.

In the Philippines, large US military bases in Clark in Pampanga and Subic in Olongapo, Zambales have become the center of this type of prostitution. In 2012, American soldiers were reportedly "hiring" "ship-boarding" women (prostituted women delivered to docked ships)

while large warships were docked in General Santos City.

Gabriela also expressed opposition to the planned test of an Israeli-made “air defense system” during the wargame. It condemned the Marcos regime for its silence on the US-Israeli genocide in Gaza. “(I)t is now welcoming the same type of bombs that have killed thousands of Palestinian women and children into our land.”

The group also called for the immediate expulsion of all American troops from the Philippines and the scrapping of pro-US agreements such as the Visiting Forces Agreement and EDCA.

### **Pagtatayo ng maritime council, tanda ng kapalpakan ng rehimeng Marcos na ipagtanggol ang WPS**

Abril 2, 2024

Kinutya ng grupong Pamalakaya ang pagtatayo ni Ferdinand Marcos ng National Maritime Council alinsunod sa Executive Order No. 57 na pinirmahan noong Marso 25. Ang bagong tayong konseho ay para diumano palakasin ang pagtatanggol sa karagatan ng Pilipinas.

Ayon sa Pamalakaya, walang saysay ang bagong konseho at inuulit lamang nito ang trabaho ng nakatayo nang ahensya tulad ng National Task Force-West Philippine Sea. Gayundin, wala itong kabuluhan sa mga mangingisdang patuloy na bumabagsak ang kita at nawalan ng kabuhayan dahil sa presensya ng mga barkong pangisda at

pandigma ng China, at iba pang bansa sa karagatan ng Pilipinas.

Liban sa China, pinanatili ng US ang permanenteng presensya ng mga barkong pandigma nito at mga kaalyado nito sa West Philippine Sea at South China Sea sa tabing ng “joint patrols” at “malayang paglalayag.” Malaya itong nakapaglulunsad ng mga agresibong maniobrang militar sa karagatan ng Pilipinas sa tabing ng wargames na inilulusot bilang “pagtulong” sa pagtatanggol ng seguridad ng bansa.

Sinasalamin ng pagbubuo ng isa na namang inutil na ahensya ang paulit-ulit na kapalpakan ng estado na protektahan ang WPS mula sa mga dayuhan, ayon sa Pamalakaya. Anito, patunay ang kautusan na walang konkretong plano ang estado para ibalik ang buong kontrol ng Pilipinas sa soberanong karagatan, kasama ang lahat ng rekursong nito.

Inilabas ang executive order matapos ang sunud-sunod na pagbisita ng matataas na upisyal ng US sa bansa, kabilang si Anthony Blinken, ang kalihim ng US Department of State. Binuo ang bagong konseho ilang linggo bago isagawa ang Balikatan 2024 wargame sa Batanes at Palawan. Ipinagmamalaki ng US at Pilipinas ang mapanulsol na wargame bilang “pinakamalaki” sa kasaysayan ng nito.

**[English Translation]**

## **Establishment of maritime council proves Marcos regime's utter failure to defend the WPS**

April 2, 2024

Pamalakaya ridiculed Ferdinand Marcos' establishment of the National Maritime Council in accordance with Executive Order No. 57 which was signed on March 25. The new council is supposed to strengthen the country's defense of the Philippine sea.

According to Pamalakaya, the new council is inutile and only repeats the work of existing agencies such as the National Task Force-West Philippine Sea. It is also useless to the fishermen who continue to lose income and livelihoods due to the presence of fishing and warships of China, and other countries in Philippine waters.

Apart from China, the US has maintained the permanent presence of its warships and its allies in the West Philippine Sea and South China Sea masked as "joint patrols" and "free navigation operations." It has freely launched aggressive military maneuvers in Philippine waters in the guise of wargames that are passed off as "assisting" the defense of the country's security.

The creation of yet another useless agency reflects the state's repeated failure to protect the WPS from foreigners, according to Pamalakaya. It says the order proves that the state has no concrete

plan for the Philippines to reclaim full control of its sovereign waters, including all its resources.

The executive order was issued after a series of visits by high-ranking US officials to the country, including Anthony Blinken, the secretary of the US Department of State. The new council was formed a few weeks before the Balikatan 2024 wargame that is going to be held in Batanes and Palawan. The US and the Philippines tout the provocative wargame as the “biggest” in its history.

## **Pakitang-taong food drops ng US, pumatay sa 17 katao**

Abril 2, 2024

Lima katao, kung saan dalawa ang bata, ang namatay noong Marso 8 nang bumagsak sa kanila ang isa sa mga crate na naglalaman ng pagkain sa pakitang-taong food drops o paghuhulog ng mga paketeng pagkain gamit ang mga eroplano, na ginagawa ng US at iba pa nitong kaalyadong bansa. Ayon sa mga ulat, di bumukas ang parachute na nagpapabagal ng pagbabsak ng naturang crate kaya tumama ito sa isang grupo ng mga nakatipong tao. Samantala, 12 katao ang nalunod sa North Gaza sa kanilang pagmamadaling makauna sa mga food crate na inihulog ng US sa dagat.

Sinimulan ng US ang mga food drop noong huling linggo ng Pebrero at ipinagpapatuloy sa Marso sa kabilang inani nitong malawakang pagbatikos. Ayon sa mga kritiko nito, hindi lamang ito mapanganib, lalo nitong binubusabos ang

mamamayang Palestino na desperado sa anumang klaseng pagkain para sa kanilang mga pamilya.

Mariing kinundena ng mga organisasyong Palestino at internasyunal na makataong mga organisasyon ang food drops, na isinasagawa ng US kasabay ng pag-ulang ng mga bombang gawang-US sa maraming bahagi ng Gaza. Anila, ginagamit ng gubyerno ni Joseph Biden ang mga food drop para magapanda ng imahe nito sa loob at labas ng US, laluna't nakatakda itong tumakbo sa papalapit ang eleksyon sa US.

Mayorya ng mamamayan sa US ay di sumasang-ayon sa mga desisyon ng kanilang gubyerno para pondohan at armasan ang henosidyo sa Gaza. Daan-daang libo nang Amerikano ang paulit-ulit na humugos sa mga lansangan para kundenahin ang kanilang gubyerno at manindigan para sa Palestine. Ganito rin ang paninindigan ng mga mamamayan sa mga bansang kasabwat ng US at Israel sa pananalakay sa Gaza. Sa buong mundo, itinuturing na "pariah" ang US dahil sa tatlong beses na nitong paghadlang sa mga resolusyon ng United Nations para sa isang tigil putukan sa Gaza.

### Malawakang kasalatan

Noong Marso 28, inutusan ng International Court of Justice (ICJ) ang Israel na "gawin ang lahat ng kinakailangan at epektibong paraan para matiyak nang walang pagkabalam...ang walang sagka at maramihang pagbibigay ng batayang mga serbisyo at makataong ayuda," kabilang ang pagkain, tubig, panggatong at suplay medikal. Ang

kautusan ay pagbatikos sa panghaharang ng Israel, sa samutsari at gawa-gawang dahilan, ng mga trak na nagdadala ng pagkain at gamot sa iba't ibang lugar sa Gaza. Pinasinungalingan rin nito ang sinasabi ng Israel na pinahihintulutan na nito ang pagpasok ng naturang mga trak at paninisi sa United Nations kung bakit di nakararating ang ayuda sa mas maraming Palestino.

Ginagamit ng tambalang US-Israeli ang malawakang kasalatan (famine) at gutom (starvation) bilang sandata sa henosidyo para dahan-dahang patayin ang mga Palestino. Nitong Marso, nagsisimula na ang maramihang pagkamatay ng mga sanggol, maliliit na bata at matatanda dulot ng gutom. Mayorya, kundiman lahat ng mga Palestino ay wala nang makain. Swerte na lamang ng pamilyang nakakakain nang isang beses sa isang araw.

#### **[English Translation]**

#### **U.S. hypocritical food drops kill 17 people**

April 2, 2024

Five people, including two children, died on March 8 when one of the crates containing food fell on them during the splashy food drops, which are carried out by the US and its allied countries. Reports say the crate's parachute that should have slowed down its fall failed to open and hit a group of gathered people. Meanwhile in North Gaza, 12 people drowned when they raced to the food crates that the US dropped into the sea.

The US began food drops in the last week of February and continued in March despite drawing widespread criticism. According to its critics, this is not only dangerous, it also worsens the destitution of the Palestinian people who are desperate for any kind of food for their families.

Palestinian organizations and international humanitarian organizations strongly condemned the food drops, which the US implements at the same time that US-made bombs are raining down on many parts of Gaza. They said, Joseph Biden's government uses the food drops to boost its image in and out of the US, especially as he is planning to run in the upcoming US elections.

Majority of US citizens do not agree with their government's decision to fund and arm the genocide in Gaza. Hundreds of thousands of Americans have repeatedly flooded the streets to condemn their government and stand up for Palestine. This is also the stance of citizens in countries that collude with the US and Israel in the attack on Gaza. Around the world, the US is considered a pariah because it has blocked United Nations resolutions for a cease-fire in Gaza three times.

### Widespread famine

On March 28, the International Court of Justice (ICJ) ordered Israel to "take all necessary and effective means to ensure without interruption... the unimpeded and massive provision of basic services and humanitarian aid," including food, water, fuel and medical supplies. The order

condemns Israel for blocking, on arbitrary and fabricated grounds, trucks carrying food and medicine to various places in Gaza. It also belies Israel's claim that it allows the entry of such trucks and blames the United Nations for aid not reaching more Palestinians.

The US-Israeli connivance uses mass famine and starvation as a weapon of genocide to slowly kill the Palestinians. This March, the mass deaths of babies, young children and the elderly due to starvation have already begun. Most, if not all, Palestinians have nothing to eat. A family that gets to eat once a day is considered fortunate.

## **“Gera kontra-droga” ng nakababatang Duterte sa Davao, maaaring makapagpabilis sa imbestigasyon ng ICC**

Abril 3, 2024

Maaaring makatulong sa imbestigasyon ng International Criminal Court (ICC) ang muling pagdedeklara ng “gera kontra-droga” ni Sebastian Duterte, kasalukuyang meyor ng Davao City at anak ni Rodrigo Duterte.

“Dahil muling nagpapatuloy ang mga pagpatay na maituturing na extrajudicial, maari pa itong magpabilis sa isinasagawang imbestigasyon ng ICC laban sa dating pangulong Rodrigo Duterte,” pahayag ni Atty. Neri Colmenares, punong abugado ng mga pamilya ng mga biktima ng “gera kontra-droga” na nagsampa ng kaso laban sa nakatatandang Duterte sa ICC.

Lumitaw ang posibilidad matapos napabalitang pito ang napatay sa mga operasyon ng pulis, tatlong araw matapos ideklara ng batang Duterte ang kanyang “gera kontra-droga.” Kasabay ng deklarasyon ang pagbabanta ni Duterte na papatayin niya ang mga sangkot sa droga kung hindi sila agad na aalis sa syudad.

Ayon kay Atty. Colmenares, bagamat hindi na maaaring isama sa ICC ang mga ekstra-hudisyal na pagpaslang sa muling pinabwelong “gera kontra-droga” ng nakababatang Duterte, maari itong isangguni sa ICC ng mga biktima para itulak ang korte na pabilisin ang paglilitis sa kaso dahil nagpapatuloy ang mga pamamaslang.

Ayon pa sa abugado, ang pagdedeklara ng nakababatang Duterte ng “panibagong” gera ay patunay na “palpak” ang kunwa’y “gera kontra-droga” ng kanyang ama. “Matapos ang anim na taon ni Rodrigo Duterte bilang presidente at 22 taon bilang meyor ng Davao City, mayroon pa ring drugs sa Davao? Mahiya naman si Mayor Baste kung ganun.”

#### **[English Translation]**

#### **The younger Duterte’s “war against drugs” in Davao may speed up the ICC investigation**

April 3, 2024

The re-declaration of the “war on drugs” by Sebastian Duterte, current mayor of Davao City and son of Rodrigo Duterte, may help the International Criminal Court (ICC) investigation.

"Since the killings that can be considered extrajudicial continue, this may even speed up the ongoing ICC investigation against former president Rodrigo Duterte," said Atty. Neri Colmenares, chief lawyer of the families of victims of the "war on drugs" who filed a case against the elder Duterte at the ICC.

The possibility arose after it was reported that seven people were killed in police operations, three days after the young Duterte declared his "war on drugs." Along with the declaration, Duterte threatened to kill those involved in drugs if they do not leave the city immediately.

According to Atty. Colmenares, although extra-judicial killings in the renewed "war on drugs" of the younger Duterte can no longer be included in the ICC, the victims can refer these to the ICC to push the court to speed up the trial of the case because murders are ongoing.

The lawyer says the younger Duterte's declaration of a "new" war is proof that his father's supposed "anti-drug war" is an "utter failure". "After Rodrigo Duterte's six years as president and 22 years as mayor of Davao City, there are still drugs in Davao? Mayor Baste should be embarrassed of that."

## **7 voluntir ng makataong organisasyon, pinatay ng US-Israel sa Gaza**

Abril 3, 2024

Pitong boluntir ng mapagkawanggawang organisasyong World Central Kitchen (WCK) ang napatay sa airstrike ng mga pwersang Israeli sa sinasakyan nilang kotse noong Abril 1. Kabilang sa mga napatay ang isang British, isang Australian, isang mula sa Poland, isang may hawak na US at Canada dual citizenship, at isang Palestino. Unang isinawalat ng Hamas ang krimen at kinundena ang Israel sa pagpatay sa dayuhang mga sibilyan.

Binira ng Zionistang Israel ang kotse kahit pa may koordinasyon ang paglalakbay nito sa mga pwersa nito sa lugar. Malinaw rin ang WCK logo sa kasabay nitong dalawa pang armoured na sasakyan, ayon sa WCK.

“Sa kabilang pakikipagkoordinasyon (namin) ng kilos sa IDF, binira ang komboy habang palabas ito sa Deir al-Balah warehouse sa Central Gaza, kung saan nagdiskarga ang tim ng mahigit 100 toneladang pagkaing ayuda na dumating sa Gaza sa pamamagitan ng dagat,” ayon sa pahayag ng WCK. Mahigpit na kinundena ng organisasyon ang pagpatay na anila'y hindi lamang atake sa WCK kung atake sa lahat ng mga organisaiong makatao na pumapasok sa nakagigimbal na sitwasyon kung saan ginagamit ang pagkain bilang armas sa digma.

“Hindi ito kapata-patawad,” ayon sa WCK. Agad na sinuspinde ng grupo ang mga operasyon nito sa Gaza. Nangangahulugan ito ng lalo pang paglalim ng nagaganap nang matinding kasalatan ng pagkain sa Gaza. Sa tala ng Human Rights Watch, nasa 170 nang mga aid worker ang pinatay

sa Gaza. "Dapat itigil ang pagtarget sa kanila," pahayag nito.

Sa harap ng malawakang pagkundena sa maramihang pagpatay, napilitan ang pasistang pinuno ng Zionistang estado na si Benjamin Netanyahu na amining napatay ang pito dulot sa isang airstrike ng mga pwersang Israeli pero ito daw ay "di sinasadya." Ito ang kauna-unahang pagkakataong umamin si Netanyahu na may tinamaang "inosenteng mamamayan" ang Israel, dulot pangunahin sa katotohanang mayorya sa mga napatay ay hindi Palestino, at mula sa mga bansang tahasang sumuporta at patuloy na sumusuporta sa henosidyo nito laban sa Palestine. Ilang oras bago ang mensahe ni Netanyahu, walang gayong pag-amin ang militar ng Israel at nagpahayag lamang na "paimbestigahan" nito ang pangyayari.

Agad na nanawagan ang mga upisyal ng United Kingdom sa rehimeng Netanyahu na ipaliwanag nang buo ang naganap na airstrike. Patuloy rin itong humihingi ng paliwanag kaugnay sa pag-airstrike ng Israel sa mga gusali ng Medical Aid for Palestine noong Enero, kung saan may apat na boluntir na British na doctor. Nagpahayag din ng matinding pagkadismaya ang gubyerno ng Australia at Poland.

Halos 33,000 Palestino na ang pinatay at 75,494 ang nasugatan sa gerang henosidyo ng US at Israel sa Gaza mula Oktubre 7, 2023. Dagdag dito ang tinatayang 7,000 ang di pa natatagpuan, at ipinagpapalagay na namatay at nakalibing sa ilalim ng binombang mga gusali at bahay.

Sabwatang US-Israel para patayin sa gutom ang mga Palestino

Samantala, isang panibagong “flour massacre” ang isinagawa ng mga pwersang Israeli noong Marso 30 sa Gaza City. Pinaulanan ng bala ng mga sundalong Israeli ang naghihintay na mga Palestino sa pagdating ng mga trak na nagdadala ng ayuda na mula sa Kuwait. Nagresulta ito sa masaker at maraming sugatan.

Naganap ang unang “flour massacre” noong Pebrero 29 sa Sheikh Ajleen, Gaza City, kung saan 112 Palestino ang napatay at 750 ang nasagutan matapos paulanan ng bala ng mga pwersang Israeli ang daan-daang Palestinong naghihintay ng ayudang harina.

Ayon sa Hamas at ng mga grupo ng Resistance (Paglaban) sa Gaza, inawtorisa ng US ang sadyang pamamaril ng mga pwersang Israeli sa unang “flour massacre.”

“Ang gera para patayin sa gutom ang mga Palestino na ipinataw ng mananakop sa mga residente sa Gaza Strip, laluna sa hilagang bahagi nito, ay may buong koordinasyon sa pagitan ng administrasyong Amerikano at ng gubyerno ng mga mananakop,” pahayag ng isang upisyal ng Hamas noong Marso. Ang pagmasaker sa Al-Rashid St habang isinagawa ang pamamahagi ng ayuda ay may “green light” (permiso) mula sa US, para ipitin ang Resistance na gumawa ng mga konsesyon sa pakikipagnegosasyon nito para sa palitan ng mga detenido (prisoner swap) at pagtatapos ng okupasyon ng Israel sa Gaza, anito.

**[English Translation]**

## **US-Israel kills 7 humanitarian organization volunteers in Gaza**

April 3, 2024

An Israeli forces airstrike killed seven volunteers of the volunteer organization World Central Kitchen (WCK) while travel their car on April 1. Among those killed were a British, an Australian, one from Poland, a US and Canadian dual citizenship holder, and a Palestinian. Hamas first disclosed the crime and condemned Israel for killing foreign civilians.

The car was destroyed by Zionist Israel despite its travel coordination with forces in the area. The WCK logo is also clearly visible on its two other armored vehicles, according to WCK.

"Despite (our) coordinating action with the IDF, the convoy was destroyed as it exited the Deir al-Balah warehouse in Central Gaza, where the team unloaded more than 100 tons of food aid that arrived in Gaza by sea," according to the WCK statement. The organization strongly condemned the killing which they said was not only an attack on the WCK but an attack on all humanitarian organizations entering the shocking situation where food is weaponized.

"This is inexcusable," according to WCK. The group immediately suspended its operations in Gaza. This means far worse acute food shortage in Gaza. According to Human Rights Watch, 170 aid

workers have been killed in Gaza. “Targeting them must stop,” it said.

Amid widespread condemnation of the mass killings, the fascist leader of the Zionist state, Benjamin Netanyahu, was forced to admit that Israeli forces airstrike killed seven people but that it was “unintentional.” This is the first time Netanyahu has admitted that Israel has hit “innocent citizens”, mainly because the majority of those killed were not Palestinians, but from countries that have openly supported and continue to support its genocide against Palestine. Hours before Netanyahu’s message, the Israeli military made no such admission and only said it would “investigate” the incident.

United Kingdom officials immediately called on the Netanyahu regime to fully explain the airstrike. It also continues to demand an explanation in relation to Israel’s airstrike in January against buildings of Medical Aid for Palestine, where four volunteer British doctors were. The governments of Australia and Poland also expressed deep dismay.

Nearly 33,000 Palestinians have been killed and 75,494 injured in the US-Israeli war of genocide in Gaza since October 7, 2023. In addition to this, an estimated 7,000 have yet to be found, and are presumed dead and buried under bombed buildings and houses.

US-Israel collusion to starve the Palestinians to death

Meanwhile, Israeli forces carried out another “flour massacre” on March 30 in Gaza City. Israeli soldiers opened fire on Palestinians waiting for the arrival of aid trucks from Kuwait. This resulted in a massacre and many were injured.

The first “flour massacre” took place on February 29 in Sheikh Ajleen, Gaza City, where 112 Palestinians were killed and 750 wounded after Israeli forces opened fire on hundreds of Palestinians waiting for flour aid.

According to Hamas and the Resistance groups in Gaza, the US authorized Israeli forces’ deliberate shooting in the first “flour massacre.”

“The war to starve the Palestinians to death that the occupier has imposed on the residents of the Gaza Strip, especially in its northern part, is in full coordination between the American administration and the occupier government,” a Hamas official said in March. The massacre in Al-Rashid St during the distribution of aid had a “green light” (permission) from the US, to force the Resistance to make concessions in its negotiations for a prisoner swap and an end to Israel’s occupation of Gaza, he said.

## **KM-Cebu, ipinagdiwang ang anibersaryo ng BHB**

Abril 3, 2024

Nagpaskil ng mga poster at panawagan ang Kabataang Makabayan (KM)-Cebu at KM-Balangay Cheene Dacalos sa kampus ng

University of the Philippines (UP)-Cebu sa Cebu City noong nakaraang linggo. Bahagi ito ng pagdiriwang ng mga kasapi ng KM sa ika-55 anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan noong Marso 29.

Nakasulat sa mga ipinaskil na panawagan ang pagiging makatarungan ng armadong pakikibakang inilulunsad ng BHB sa malawak na kanayunan. Kabilang sa mga panawagang ito ang “Walay NPA kun walay kagutom, kalisod, [ug] pagpangdaogdaog. Naay NPA aron tapuson kini. Makatarungan maghimagsik! Mabuhay ang NPA!” (Walang BHB kung walang kagutuman, kahirapan at pagsasamantala. Mayroong BHB para wakasan ang mga ito. Makatarungan maghimagsik! Mabuhay ang NPA!)

Itinanghal din sa mga panawagan ang buhay at sakripisyong inialay ni Cheene Dacalos, matrir ng BHB, na napaslang sa labanan noong Setyembre 14, 2021 sa Sityo Balik-baikl, Barangay Tabu, Ilog, Negros Occidental kasama ang tatlong iba pang Pulang mandirigma. Si Dacalos o Ka Nikki, ay mula sa uring petibusges at estudyante ng UP Cebu bago sumapi sa hukbong bayan.

Kamakailan din ay naging tampok ang pagkamartir ni Hannah Cesista, kabilang sa mga martir ng Bilar, Bohol. Si Cesista, tulad ni Dacalos, ay nagmula sa UP Cebu bago naging mandirigma ng BHB sa Bohol.

Ang aktibidad ng KM-Cebu sa nagdaang linggo ay bahagi ng iba’t ibang mga aktibidad ng mga balangay ng KM sa buong bansa para gunitain ang

anibersaryo ng BHB. Isinagawa ng mga balangay ng KM ang mga oplan dikit, oplan sapit, pamomolyeto, pulong pagtitipon at iba pa.

### [English Translation]

## KM-Cebu celebrates NPA anniversary

April 3, 2024

The Kabataang Makabayan (KM)-Cebu and the KM-Cheene Dacalos chapter put up posters and calls at the University of the Philippines (UP)-Cebu campus in Cebu City last week. This was part of the celebration of KM members on the 55th anniversary of the New People's Army on March 29.

Prominent in the written calls is the justness of the armed struggle being launched by the NPA in the vast countryside. These calls include "There is no NPA where there is no hunger, poverty, [and] oppression. There is the NPA to end them all. Revolution is just! Long live the NPA!"

The calls also presented the life and sacrifice of Cheene Dacalos, NPA leader, who was killed in the battle on September 14, 2021 in Sityo Balik-bailk, Barangay Tabu, Ilog, Negros Occidental along with three other Red fighters. Dacalos or Ka Nikki, is of the petty bourgeoisie and was a student of UP Cebu before joining the people's army.

Recently, the martyrdom of Hannah Cesista, among the martyrs of Bilar, Bohol, was featured. Cesista, like Dacalos, came from UP Cebu before becoming an NPA fighter in Bohol.

The KM-Cebu activity last week was part of the various activities of KM chapters across the country to mark the anniversary of the NPA. KM chapters conducted poster operations, streamer-hanging operations, pamphlet distribution, meetings and others.

## **Rebolusyonaryong pwersa at masa sa Ilocos-Cordillera, nagdiwang sa ika-55 anibersaryo ng BHB**

Abril 3, 2024

Puno ng rebolusyonaryong entusyasmo at kagalakang nagdiwang ang mga rebolusyonaryong pwersa at masa sa araw ng ika-55 anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan sa iba't ibang bahagi ng Ilocos at Cordillera, kabilang sa mga kasyudaran ng rehiyon.

Isinagawa ang mga pagdiriwang sa iba't ibang pagtitipon kagaya ng mga pag-aaral sa AKP at IKP sa huling linggo ng Marso. Sinaluduhan ang mga Pulang kumander at mandirigma ng BHB at nagpugay sa kadakilaan ng mga rebolusyonaryong martir.

Sa pagdiriwang, binasa at tinalakay ang pahayag ng Komite Sentral ng Partido para sa ika-55 anibersaryo ng BHB. Binaybay ang makasaysayang pagkakatataag ng NPA kung saan pinatampok ang mga tagumpay nito—mula sa sa isang maliit na iskwad at ilang mga armas, na pinagttagumpayan nitong palakihin, pasaklawin at paduguin ang kaaway sa loob ng walong reaksyonaryong rehimens. Sa Ilocos at Cordillera,

nabigo ang diktadura ng rehimeng Marcos Sr sa pangako nitong “pigtasin ang bubot” ang noo'y umuusbong na rebolusyonaryong armadong kilusan sa rehiyon sa pagpataw nito ng batas militar. Sa halip, sa panahong ito ay nabuo ang unang platan ng BHB sa Ilocos mula sa pakikibaka laban sa mataas na upa sa lupa at usura ng mga panginoong maylupa. Samantala, nabuo sa Cordillera ang mga kumpanya't batalyon ng NPA mula sa pakikibaka ng pambansang minoryang Igorot laban sa pasismo at pagyurak sa kanilang karapatan para sa sariling-pagpapasya. Kabilang sa kanilang mga paglaban sa mapanirang proyektong Chico Dam at Cellophil ng rehimeng US-Marcos Sr.

Sa pagdiriwang ay hinikayat ang mga kasama na mag-aran, humango ng mga aral sa mga karanasan at sariwain ang mga alaala ng mga martir ng Pulang hukbo upang magsilbing pampatibay sa sarili at kanilang mga kolektiba.

Naging okasyon ang mga pagdiriwang upang ipaalala sa mga kasama ang tagubilin ng sentro ng Partido sa mga kritikal at kagyat na tungkulin sa pagpapalakas ng Partido at Pulang Hukbo at pagsusulong ng demokratikong rebolusyon ng bayan, na puspusan at mapagpasyang ipatupad ang kilusang pagwawasto at lahatang-panig na isulong ang rebolusyon. Pinatampok ang pagpapangbabaw sa konserbatismong militar at mahigpit na pagtangan sa prinsipyong taktika ng gerilyang pakikidigma sa pagsusulong ng armadong pakikibaka, upang umigpaw mula sa mga kabiguan at pag-atras.

Para sa mga rebolusyonaryong pwersa sa kasyudaran, ipinaalala ang mahigpit na pagtangan sa dalawang mayor na tungkulin ng rebolusyonaryong kilusang masa na pamunuan ang pakikibakang anti-pyudal, anti-imperialista, at anti-US-Marcos Jr na diktadurya at palakasin ang BHB. Binanggit na walang itatangi sa nasabing dalawang mayor na tungkulin at sabay na ipinatutupad ang mga ito. Ubos-kayang itaguyod ang pagsusulong ng rebolusyonaryong kilusang masa at tugunan ang pagpapalakas ng BHB dahil ito ang tanging sandata ng mamamayan para ipagtanggol ang mga nakamit nilang tagumpay sa kanilang istorikal na anti-pyudal at anti-imperialistang pakikibaka.

Hinimok sa mga pagtitipon ang nakababatang mga cadre na ibuhos ang panahon sa Pulang hukbo at gamitin ang mga oportunidad upang matuto, magsanay at maging mahuhusay na mandirigmang bayan sa pulitika at militar. Sa mga kasamang nakatatanda naman, hindi pa huli ang lahat at marami pang pwedeng gampanan, maging ang pagtangan mismo ng armas at kahit ang pagiging Pulang kumander. Hinikayat din ang mga kasamang senyor, na liban pa sa patuloy na pagkilos hanggang sa “pagretire,” na igugol ang panahon sa pagtuturo sa mga batang cadre ng mayamang mga karanasan sa mga gawain ng rebolusyon.

Binigyang sigla ang mga pagdiriwang ng mga pangkulturang pagtatanghal kagaya ng pagtula, tula-galaw at sama-samang pagkanta ng mga rebolusyonaryong awitin at mga salo-salo.

Ang nasabing mga pagdiriwang sa Ilocos-Cordillera ay sampal sa mukha ng Northern Luzon Command ng AFP na nagdedeklarang durog na ang mga larangang gerilya at rebolusyonaryong kilusan ng rehiyon. Nagmukhang tanga ang mga pwersa ng AFP at PNP na todo-alerto na nagposte at nagmanman pa kahit sa mga syudad at sentrong urban, na sa tungki ng kanilang ilong ay nagtataas ng kamao at umalingawngaw ang mga panata ng mga rebolusyonaryong puersa na isusulong ang digmang bayan sa ika-55 anibersaryo ng BHB.

**[English Translation]**

**Revolutionary forces and masses in Ilocos-Cordillera celebrate the 55th anniversary of the NPA**

April 3, 2024

Full of revolutionary enthusiasm and joy, the revolutionary forces and the masses celebrated the 55th anniversary of the New People's Army in different parts of Ilocos and Cordillera, including the urban areas of the region.

Celebrations were held in various gatherings such as in AKP and IKP studies in the last week of March. The Red NPA commanders and fighters saluted and paid tribute to the greatness of the revolutionary martyrs.

During the celebration, the statement of the Central Committee of the Party for the 55th anniversary of the NPA was read and discussed. The historical establishment of the NPA was

traced back and its achievements highlighted — from being a small squad with a few weapons, it succeeded in growing, expanding, and bleeding the enemy through eight reactionary regimes. In the Ilocos and Cordillera, the dictatorship of the Marcos Sr. regime's imposition of martial law failed in its promise to "nip in the bud" the then emerging revolutionary armed movement in the region. Instead, this period saw the formation of the first platoon of the NPA in Ilocos borne from the struggle against high land rents and usury by landlords. Meanwhile, NPA companies and battalions were formed in the Cordillera from the struggle of the Igorot national minority against fascism and the violation of their right to self-determination. Their struggles included the destructive Chico Dam and Cellophil projects of the US-Marcos Sr. regime.

During the celebration, the comrades were encouraged to study, draw lessons from experiences and remember the martyrs of the Red army to serve as sources of strength for themselves and their collectives.

The celebrations became an occasion to remind comrades of the instructions of the Party leadership on the critical and urgent tasks of strengthening the Party and the Red Army and promoting the people's democratic revolution, to vigorously and decisively implement the rectification movement and to all-sidedly advance the revolution. The need to overcome military conservatism and strict adherence to the principles and tactics of guerrilla warfare in

promoting armed struggle, in order to recover from failures and retreats, were highlighted.

The revolutionary forces in the urban areas were reminded of the strict commitment to the two major duties of the revolutionary mass movement to lead the anti-feudal, anti-imperialist, and anti-US-Marcos dictatorship struggle and to strengthen the NPA. It was mentioned that neither of the two major duties should be favored over the other and that they should be implemented simultaneously. Let us exhaust all efforts to promote the advancement of the revolutionary mass movement and address the strengthening of the NPA because this is the only weapon of the people to defend what they have achieved in their historical anti-feudal and anti-imperialist struggle.

The gatherings urged the younger cadres to spend time in the Red army and use the opportunities to learn, train and become good political and military people's fighters. For the older comrades, it's not too late and there's still much they can do, even taking up arms and even becoming a Red commander. The senior comrades were also encouraged, in addition to continuing to be active until "retirement," to spend time teaching the young cadres their rich experiences in revolutionary work.

The celebrations were enlivened by cultural performances such as poetry readings, dances and collective singing of revolutionary songs and parties.

The celebrations in the Ilocos-Cordillera are a slap in the face of the AFP's Northern Luzon Command which declared that the guerilla and revolutionary movements of the region have been crushed. On full alert while posting and surveilling even in the cities and urban centers, AFP and PNP forces looked stupid when under their noses the revolutionary forces were raising their fists and echoing their vows to advance the people's war on the 55th anniversary of the NPA.

## **“Forced leave” sa kumppanyang Luen Thai sa Pampanga, pahirap sa mga manggagawa**

Abril 4, 2024

Iniinda ng mga manggagawa ng Luen Thai Philippines sa Clark Freeport Zone, Pampanga ang pakana ng kumpanya na “forced leave” sa pagdadahilang walang produksyon ang pagawaan. Sa pahayag ng Workers’ Movement for Change-Central Luzon, umaabot sa isa hanggang dalawang buwan nang nakatengga at walang trabaho ang mga manggagawa sa kumpanya dahil sa ganitong iskema.

“Dalawang buwan na kaming forced leave, hanggang kailan niyo kami pahirapan?”, himutok ng mga manggagawa. Marami sa kanila ang nagnanais na bayaran na lamang ng kumpanya ng separation pay, kaysa pinaghahintay sila kung kailan pagtatrabahuhin muli. Ang ibang mga manggagwa, natulak na lamang na

magresayn sa trabaho para makapaghanap ng ibang mapapasukan.

Dagdag ng grupo, “ang mga nagaganap na forced leave...ay ginagawang diskarte lamang ng kapitalista para mapalaki ang kita.” Tulad sa ibang panig pa ng bansa, pinalalabas lamang ng mga kumpanya na nalulugi sila o walang natatanggap na order para sa produksyon, ngunit ang totoo ay sinasagad ang produksyon bago ilagay sa “forced leave” ang mga manggagawa. Ang labis-labis na nalikhang produkto bago nito ay iniimbak at ang ibinebenta sa panahong tigil ang produksyon, anang grupo.

“(K)aya kahit nakatigil ang produksyon, tuluy-tuloy na kumikita ang kumpanya dahil madami pa itong pwedeng ibenta,” ayon sa grupo. Sa kabilang banda, walang sahod ang mga manggagawa dahil wala silang trabaho dulot ng forced leave.

Ang Luen Thai Philippines o L&T International Group Philippines Inc. ay subsidyaryo ng Luenthai group, isang pandaigdigang kumpanya ng consumer goods supply chain at fashion. Sa bansa, mayroon itong mg pasilidad at pagawaan sa mga export procesing zone (EPZ) sa Pampanga, Tarlac, Bataan at Cebu. Nakikisosyo ito sa mga kumpanyang Ralph Lauren, Dillard's, Adidas, Uniqlo, Victoria's Secret, Coach, Michael Kors at iba pa.

**[English Translation]**

## **“Forced leave” at Luen Thai in Pampanga, a burden to workers**

April 4, 2024

Workers of Luen Thai Philippines in Clark Freeport Zone, Pampanga are subjected to the company’s “forced leave” scheme on the pretext of having no production. In a statement, the Workers’ Movement for Change-Central Luzon said the company’s workers in the company have been idle and jobless for one to two months due to this scheme.

“We have been on forced leave for two months, how long are you going to make us suffer?” the workers urged. Many of them want the company to give separation pay, instead of forcing them to wait for work to open. Other workers were forced to resign from work to find another job.

The group added, “these occurring forced leaves ...are just a capitalist scheme to increase profits.” Just like in other parts of the country, companies falsely claim that they are losing money or that they are not receiving orders for production, but the truth is that production go into overdrive before workers are put on “forced leave.” The excess products are then stored and sold during the production stop, according to the group.

“Thus, despite the production stop, the company is constantly making money because it still has a lot to sell,” according to the group. On the other

hand, the workers are without wages because they are out of work due to the forced leave.

Luen Thai Philippines or L&T International Group Philippines Inc. is a subsidiary of Luenthai group, a global consumer goods supply chain and fashion company. In the country, it has facilities and factories in export processing zones (EPZ) in Pampanga, Tarlac, Bataan and Cebu. It partners with companies such as Ralph Lauren, Dillard's, Adidas, Uniqlo, Victoria's Secret, Coach, Michael Kors and others.

## **AFP, naglustyay ng pondo ng bayan sa paghuhulog ng mga polyeto gamit ang helikopter sa Aurora**

Abril 4, 2024

Naghulog ng 1,000 polyeto ang 7th ID at Philippine Air Force sa Barangay Galintuja, Maria Aurora, Aurora at sa Barangay Lub-lub, Alfonso Castañeda, Nueva Vizcaya noong Marso 28 kasabay ng inilunsad nitong “aerial reconnaissance” gamit ang Black Hawk na helikopter ng militar. Katulad ito ng inutil na taktika ng iba pang mga yunit ng AFP sa nagdaan para hikayatin na sumuko ang mga Pulang mandirigma. Karaniwan silang naghuhulog ng polyeto sa mga kagubatan.

Gumagastos nang hindi bababa sa ₱220,000 kada oras ang isang Black Hawk para sa gasolina, at dagdag na hanggang ₱110,000 para sa kagamitan para sa refuelling kada yunit. Kung tutuusin, ₱300

kada polyeto ang ginastos ng AFP para sa pamamahagi nito.

Sa ulat ng militar, nilaman ng polyeto ang kanilang panawagan sa hukbong bayan na sumuko at pumailalim sa bogus na programa nitong Enhanced Comprehensive Local Integration Program (E-CLIP).

Inihulog nila ang polyeto sa Barangay Galintuja kasunod ng engkwentro ng isang yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Central Luzon sa pinagsanib na pwersa ng 84th IB at 91st IB noong Marso 22. Nauna nang inilinaw ng hukbong bayan na pawang kasinungalingan ang ipinakakalat ng militar na mayroong kaswalti sa hanay ng BHB.

“Habang tila sirang-plakang paulit-ulit na inihahayag ng AFP na pupulbusin nila ang BHB sa katapusan ng Marso, paulit-ulit din silang napapahiya sa bawat engkwentro. Wala ni isang nasugatan sa hanay ng hukbong bayan sa naganap na engkwentro sa Barangay Galintuja, Aurora noong Marso 22,” pahayag ng BHB-Central Luzon.

Iniulat ng mga Pulang mandirigma na hindi bababa sa tatlo ang kaswalti sa hanay ng umatakeng mga sundalo. Ang yunit ng BHB sa naturang bayan ay nagsasagawa ng konsultasyon sa masang magsasaka kaugnay ng palpak na proyektong pang-agrikultura at pangsuporta sa magsasaka ng lokal na gubyerno.

**[English Translation]**

## **AFP squanders public funds in using helicopters for leaflet-dropping in Aurora**

April 4, 2024

The 7th ID and the Philippine Air Force dropped 1,000 leaflets in Barangay Galintuja, Maria Aurora, Aurora and in Barangay Lub-lub, Alfonso Castañeda, Nueva Vizcaya on March 28 as it launched an “aerial reconnaissance” using a Black Hawk military helicopter. This is similar to the futile tactics of other AFP units in the past to persuade Red fighters to surrender. Leaflets are usually dropped in forests.

Flying a Black Hawk for one hour costs ₱220,000 for fuel and an additional ₱110,000 in refueling equipment per unit. All In all, the AFP spent ₱300 for each pamphlet it distributed.

The military report says the pamphlet contained their call to the people’s army to surrender and join its bogus Enhanced Comprehensive Local Integration Program (E-CLIP).

They threw over the leaflets in Barangay Galintuja following an encounter between a unit of the New People’s Army (NPA)-Central Luzon with the combined forces of the 84th IB and 91st IB on March 22. The people’s army earlier clarified that claims of NPA suffering casualties are all military lies.

"While repeatedly announcing it will crush the NPA at the end of March, the AFP is repeatedly humiliated in every encounter. Not one of the people's army was even injured in the encounter that took place in Barangay Galintuja, Aurora on March 22," said NPA-Central Luzon.

Red fighters said the attacking soldiers suffered at least three casualties. The NPA unit in the said town was conducting a consultation with the peasant masses in relation to failing agricultural production and lack of farmer support of the local government.

## **Balikatan 2024: Peligrosong pagpapakitang-gilas na nagsisilbi lamang sa layunin ng US—GWP**

Abril 4, 2024

Nagbabala kahapon si Rep. Arlene Brosas, kinatawan ng Gabriela Women's Party, laban sa paglulunsad ng Balikatan 2024 at pagsusubok dito ng missile defense system na katulad sa Israel.

"Peligroso at di kinakailangang pagpapakitang-gilas na nagsisilbi lamang sa layunin ng US na magpwesto ng mas marami pang gamit at tropang militar sa West Philippine Sea at iba pang bahagi ng bansa," aniya. Pagpapahintulot ito sa US na gawing palaruan para sa digma ang bansa. "Hindi ganito ang pagtatanggol sa soberanya," aniya.

Nakatakdang idaos ang Balikatan 2024 sa Batanes malapit sa Taiwan, at sa Palawan kung saan iligal na nagtayo ng mga istrukturang militar ang China.

Ani Brosas, ang pagtatambak ng US ng paparaming tropa sa ngalan ng Balikatan 2024 ay magbibigay-katwiran para dagdagan din ng China ang mga pasilidad at presensya nito sa iligal nitong inaangking mga territoryo.

“Ang siklo ng pagpapalakas ng presensyang militar ng dalawang panig... ay maghahatiid sa mga Pilipino papalapit sa bingit ng digma,” aniya.

Sa pagsubok ng bagong-biling air missile defense system mula sa Israel, tahasang kinukunsinti ng rehimeng Marcos ang madugong henosidyo ng Israel sa Gaza, dagdag niya. Ang kampayang henosidyong ito ay pinopondohan at inaarmasan ng US mismo.

Nagbabala rin ang GWP laban sa pagtaas ng sekswal na karahasan at prostitusyon sa mga komunidad kung saan titigil ang di bababa sa 11,000 tropang militar ng US. Sa nakaraan, naging biktima ng karaharang sekswal, panggagahasa at maging kamatayan, ang mga babaeng Pilipino at myembro ng LGBTQIA sa kamay ng mga Amerikano sa mga lugar na ito.

Nagbabala rin ang mambabatas sa nakaambang dislokasyon ng mga magsasaka at manginisda, laluna sa mga erya kung saan isinasagawa ang mga live-fire exercise.

#### **[English Translation]**

#### **Balikatan 2024: Dangerous show off that only serves US objectives — GWP**

April 4, 2024

Rep. Arlene Brosas, representative of the Gabriela Women's Party, warned yesterday against the Balikatan 2024 and planned testing of a missile defense system similar to Israel's.

"A dangerous and unnecessary show of force that serves only the US objective to deploy more of its military equipment and troops in the West Philippine Sea and other parts of the country." This will allow the US to turn the country into a playground for war. "This is not how sovereignty is defended," she said.

Balikatan 2024 is scheduled to be held in Batanes near Taiwan, and in Palawan where China has illegally built military structures.

Brosas says the US deployment of more troops in the name of Balikatan 2024 will justify China also increasing its facilities and presence in its illegally claimed territories.

"The cycle of strengthening the military presence of the two sides... will bring the Filipinos closer to the brink of war," he said.

By testing the newly purchased air missile defense system from Israel, the Marcos regime is openly condoning Israel's bloody genocide in Gaza, she added. This genocidal campaign is funded and armed by the US itself.

The GWP also warned against an increase in sexual violence and prostitution in communities where at least 11,000 US military troops will be stationed. In the past, Filipino women and members of the LGBTQIA have been victims of

sexual violence, rape and even death in the hands of Americans in these areas.

The lawmaker also warned of the impending dislocation of farmers and fishermen, especially in areas where live-fire exercises are conducted.

## **DA at NFA, siningil ng mga magbubukid at manggingisda sa ayuda at suporta sa harap ng El Niño**

Abril 4, 2024

Nagpiket ang mga grupo ng magbubukid at manggingisda sa upisina ng National Food Authority (NFA) at Department of Agriculture (DA) sa Quezon City kahapon, April 3. Binatikos nila ang dalawang ahensya ng rehimeng Marcos sa kapabayaan at kainutilan nito na ayudahan ang mga magbubukid at manggingisda na labis na apektado ng mga salanta ng El Niño.

Sa pinakahuling tala ng ahensya, 34,264 ektarya nang palayan ang nasira ng tagtuyot. Nasa kabuuang ₱2.76 bilyon ang halaga ng pinsala dulot nito. Lubhang apektado na ang 10 sa 16 na rehiyon sa bansa ng penomenong pangklima.

Sa pangunguna ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas, Amihan Peasant Women, at Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamalakaya (Pamalakaya), nanawagan ang mga magsasaka sa DA-NFA na ipamahagi sa kagyat ang naluluma nang mga imbak ng bigas sa mga warehouse ng NFA sa mga magsasaka at manggingisdang apektado ng tagtuyot.

"Ilabas na ang natitirang stock ng NFA rice sa mga warehouse at ipamahagi na bilang relief sa mga nagugutom na magsasaka at mangingisdang biktima ng tagtuyot," pahayag ni Cathy Estavillo, pangkalahatang kalihim ng Amihan at tagapagsalita ng Bantay Bigas. Makatutulong umano ang bigas para man lamang may makain ang nalulugi nang mga magbubukid.

Liban dito, binatikos ng KMP ang kaiunutilan ng gubyerno na magbigay ng kumpensasyon at tulong sa mga magsasaka. "Kailan pa magbibigay ng tulong ang gubyerno, kapag tapos na ang El Niño? Kung papasok ang La Niña at magkakaroon naman ng mga pagbaha, buong taon nang walang kikitain at tiyak na gutom ang mga magsasaka," pahayag ni Ka Danilo Ramos, tagapangulo ng KMP.

Anang grupo, lantad na lantad ang pagkainutil ng gubyernong Marcos Jr at Task Force El Niño sa epekto ng El Niño na noong 2023 pa nagsimula. "Wala na ngang ayuda sa mga biktima ng magsasaka at mangingisngisda, mga katawatawang mungkahi gaya ng hindi pagsuot ng underwear sa bahay, hindi pag-flush ng mga toilet at kung anu-anu pa," pahayag nila.

Anang mga grupo, magpapatuloy sila sa pagpapanawagan ng suporta at ayuda para sa mga magsasaka at mangingisda sa harap ng salanta ng El Niño. "Hinihikayat namin ang mga lokal na magsasaka at asosasyon ng mga mangingisda na kolektibong igiit ang ayuda sa mga ahensyang pang-agrikultura sa munisipyo,

lokal na gubyerno at lokal na mga upisina ng DA at NFA.”

**[English Translation]**

**Farmers and fisherfolk demand El Niño aid and support from DA and NFA**

April 4, 2024

Groups of farmers and fisherfolk staged a picket before the offices of the National Food Authority (NFA) and the Department of Agriculture (DA) in Quezon City yesterday, April 3. They denounced the two agencies of the Marcos regime for their negligence and incompetence in providing support for farmers and fisherfolk facing a disaster amid the El Niño.

The agency's latest records indicate the drought has already damaged 34,264 hectares of rice fields. The total cost of the damage is ₱2.76 billion. The climate phenomenon has already severely affected 10 of 16 regions in the country.

Led by Kilusang Magbubukid ng Pilipinas, Amihan Peasant Women, and the Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamalakaya (Pamalakaya), farmers called on the DA-NFA to immediately distribute the old rice stocks in NFA warehouses to the farmers and fishermen affected by drought.

“Unload the remaining stock of NFA rice from the warehouses and distribute it as relief to the hungry farmers and fishermen who are victims of the drought,” said Cathy Estavillo, general secretary of Amihan and spokesperson of Bantay

Bigas. She said that rice can help provide food to farmers suffering losses.

Apart from this, the KMP denounced the government's incompetence over its failure to provide compensation and assistance to farmers. "When will the government give aid, when El Niño is over? When La Niña comes bringing floods, farmers will definitely be without income, and would have starved for the whole year" said Ka Danilo Ramos, chairman of KMP.

The group says the incompetence of the Marcos Jr. government and Task Force El Niño to the effect of El Niño that started in 2023 is obvious. "Farmers and fishermen who have suffered from El Niño have received no help, and then get ridiculous suggestions such as not wearing underwear at home, not flushing toilets and so on," they said.

The groups say they will continue to demand for support and aid for farmers and fishermen amid the disaster of El Niño. "We encourage local farmers and fishermen associations to collectively demand aid from municipal agricultural agencies, local governments and local DA and NFA offices."

## **Pagkamatay ng 2 manggagawa sa Herma Shipyard Incorporated, pananagutan ng kapitalista**

Abril 4, 2024

Kinundena ng Nagkakaisang Manggagawa ng Freeport Area of Bataan (NMFAB) ang kapitalista

ng Herma Shipyard Incorporated sa Freeport Area of Bataan, Mariveles, Bataan sa kaso ng magkasunod na pagkamatay ng dalawang manggagawa nito sa loob ng pagawaan noong nakaraang buwan. Giit ng grupo, dapat magkaroon ng masusing imbestigasyon dahil ang magkasunod na kaso ay “palatandaan na may nilalabag ang maneydsment sa mga patakaran na nagtitiyak na ligtas at maayos ang kundisyon ng paggawa sa loob ng kumpanya.”

Ayon sa mga manggagawa, isa sa mga biktima ay mabilis na namatay dahil sa pagsabog ng makina na noo'y pinatatakbo niya. Makalipas ang ilang araw, isa na namang manggagawa ang napabalitang namatay dahil sa pagkakakuryente.

Bilang bahagi ng panawagan para sa hustisya, iginiit ng NFMAB sa Department of Labor and Employment-Region III ang kagyat na imbestigasyon sa mga insidente at mapanagot ang Herma. “Nararapat ding matiyak na mabigyan ng sapat na kompensasyon ang mga naulilang pamilya ng dalawang manggagawa na nasawi sa loob ng pabrika,” ayon pa sa grupo.

Ibinahagi ng NMFAB na dati na silang nakakatanggap ng iba't ibang klase ng reklamo mula sa mga manggagawa ng Herma dahil sa hindi ligtas na mga kundisyon sa paggawa. Kabilang sa mga kasong ito ang kakapusang ng personal protective equipment (PPE) para sa ligtas na pagawaan. Liban pa dito, pasakit din sa mga manggagawa ng Herma ang mababang-pasahod at kontraktwalisasyon.

"Karapatan ng bawat isang manggagawa...na maging ligtas sa loob ng mga pagawaan. Ngunit, sa kagustuhan ng mga kapitalista sa FAB na palakihin ang tubo at kita nito, nasasakripisy... ang benepisyo at kaligtasan ng manggagawa sa loob ng mga pagawaan," ayon sa NMFAB.

Sa harap nito, higit na kinakailangan na magkaisa ang mga manggagawa, itayo ang mga unyon at sama-samang kumilos para igiit ang kanilang mga karapatan sa sahod, benepisyo at maayos na kondisyon sa paggawa, ayon sa NFMAB.

"Pakatandaan natin na ang mga pagawaan ay dapat na magsilbi bilang mga ligtas na espasyo para sa lahat. Huwag nating hayaang bastusin at pahirapan tayo ng mga kapitalista," pagdidiin ng grupo.

Ang Herma Shipyard Incorporated ay isa sa walong kumpanya na pinagmamay-arian ni Herminio S. Esguerra na gumagawa at nagkukumpuni ng mga barko. Nagagamit din ang mga barko ng Herma para magdala ng langis at iba pang produkto sa iba't ibang panig ng bansa at daigdig.

#### **[English Translation]**

#### **Herma Shipyard Incorporated accountable for death of 2 workers**

April 4, 2024

The United Workers of the Freeport Area of Bataan (NMFAB) condemned the owner of Herma Shipyard Incorporated in the Freeport Area of Bataan, Mariveles, Bataan over the case of the

consecutive deaths of two of its workers inside the factory last month. The group said a thorough investigation is needed because the cases “indicate that the management is violating rules that ensure safe and proper working conditions within the company.”

Workers say one of the victims died instantly from the explosion of the machine he was operating at the time. Reports a few days later indicate another worker died due to electrocution.

Calling for justice, the NMFAB demanded that the Department of Labor and Employment-Region III immediately investigate the incidents and hold Herma accountable. “Adequate compensation must also be given to the bereaved families of the two workers who died inside the factory,” according to the group.

NMFAB said they have been receiving various types of complaints from Herma workers due to unsafe working conditions. Among these are reports that workers are not provided personal protective equipment (PPE) during work. In addition, Herma workers also suffer from low wages and contractualization.

“Every single worker has the right...to be safe in factories. But the FAB capitalist’s drive to increase profits and revenues sacrifice the welfare and safety of the workers inside the factories,” according to NMFAB.

In the face of this, there is greater need for workers to unite, unionize and act together to

assert their rights to wages, benefits and proper working conditions, according to NFMAB. “Let’s remember that factories should serve as safe spaces for everyone. Let’s not let the capitalists abuse and exploit us,” the group stressed.

Herma Shipyard Incorporated is one of eight companies owned by Herminio S. Esguerra that builds and repairs ships. Herma ships are also used to transport oil and other products to different parts of the country and the world.

## **Pambobomba ng AFP sa Abra at Ilocos Sur, binatikos**

Abril 4, 2024

Kinundena ng mga grupo ng kabataan at tagapagtanggol ng karapatang-tao sa rehiyon ng Ilocos ang isinagawang aerial bombing ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa mga komunidad sa hangganan ng Maria, Ilocos Sur at Pilar, Abra noong Abril 2 ng tanghali. Giit nila, dapat itong itigil ng AFP dahil sa posibleng malaking pinsala nito sa kabuhayan ng mga residente sa lugar at hatid nitong panganib sa buhay ng mga sibilyan.

Labag ang pambobomba sa internasyunal na makataong batas at sa Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law, partikular sa pag-iiba sa mga kombatant at sibilyan at ang batayang prinsipyo sa pangangalaga sa buhay ng mga sibilyan.

Ang paggamit ng malalakas na bomba ay “likas na indiscriminate” o walang pinipili,

nagsasapanganib sa buhay at kabuhayan ng mga sibilyan at nagdudulot na malawak na pagkawasaki sa kapaligiran. Sa katunayan, lagpas sa ground zero ang epekto ng pambobomba ng AFP mula sa ere, taliwas sa sinasabi ng 501st IBde na pambobomba ay nakatuon lamang sa isang yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) -Abra.

Hindi pa tiyak kung totoo ang sinasabi ng militar na may naganap na engkwento sa pagitan ng mga yunit nito at ng BHB. Hindi iilan ang pagkakataong nagpapakana ang militar ng mga pekeng engkwento para bigyan-dahilan ang paghahasik nito ng teror at ligalig sa mga komunidad sa kabundukan.

“Dagdag pasakit lamang ang mga pinsalang dulot (ng pambobomba)) sa mamamayan sa mas tunitinding krisis na hindi naman tinutugunan ng estado,” ayon sa Anakbayan-Ilocos. Sa ulat ng lokal na mga ahensya sa Cordillera, hindi bababa sa 118 pamilya o humigit-kumulang 650 katao ang lumikas dahil sa mga pambobomba at pagpapatigil sa kanilang kabuhayan.

Samantala, ang paggamit ng mabibigat na bomba sa kontra-gerilyang operasyon ay paglabag sa kinikilala sa buong daigdig na batas at kalakaran sa digma na nagbabawal sa paggamit ng armas at pamamaraang nagdudulot ng labis na pinsala at kamatayan sa mga kombatant. Ang mga ito ay akto ng digma na maituturing na kriminal.

Sa paggamit ng AFP ng lubhang malalakas na bomba laban sa mga kampong gerilya na hindi naman portipikado, sinusunod nito ang iskemang

“no quarter” o pagdulot ng maksimum na bilang ng pagpatay. Ang patakarang ito ay matagal nang itinuturing na paglabag sa internasyunal na makataong batas.

**[English Translation]**

**Youth and rights groups condemn AFP for Abra, Ilocos Sur aerial bombing**

April 4, 2024

Youth groups and human rights defenders in the Ilocos region condemned the Armed Forces of the Philippines (AFP) for dropping bombs in the border communities of Maria, Ilocos Sur and Pilar, Abra on April 2 at noon. They demand the AFP to cease the bombing which disrupts the residents' livelihood in the area and endangers the lives of civilians.

The bombing is against international humanitarian law and the Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law, particularly as it does not discriminate between combatants and civilians and violates the basic principle of protecting the lives of civilians.

The use of powerful bombs is “inherently indiscriminate”, endangers the lives and livelihoods of civilians and causes extensive destruction to the environment. In fact, the impact of the AFP aerial bombing extends beyond ground zero, contrary to 501st IBde claims that the bombing was only focused on one unit of the New People's Army (NPA)-Abra.

The military's claim that an encounter took place between its units and the NPA is still being ascertained. In the past, the military has repeatedly used fake encounters to justify sowing terror and unrest in mountain communities.

"The bombing only adds to the suffering of people amid worsening crisis which the state has ignored," according to Anakbayan-Ilocos.

Cordillera local agencies report that at least 118 families or approximately 650 people have evacuated due to the bombings and the cessation of their livelihoods.

Meanwhile, the use of heavy bombs in counter-guerrilla operations is a violation of internationally recognized laws and conduct of war that prohibit the use of weapons and methods that cause excessive injury and death to combatants. These acts of war can be considered criminal.

In excessive use of heavy bombs against unfortified guerrilla camps, the AFP follows a "no quarter" policy to causing the maximum number of kills. This policy has long been considered a violation of international humanitarian law.

## **Red-tagging sa mga progresibong organisasyon at lider-maralita sa Cavite, kinundena**

Abril 4, 2024

Kinundena ng Bagong Alyansang Makabayan-Cavite ang pangrered-tag ng Bacoor Component City Police Station (Bacoor CCPS) sa kanilang

isinagawang PNP Lecture and Community Outreach Program noong Marso 31 sa komunidad ng mga maralita sa Sityo Silangan, Barangay Talaba 7, Bacoor, Cavite.

Ayon sa grupo, ni-red tag ng mga pwersa ng Community Affairs Development and Public Information Office (CAD-PIO) ng kapulisan ng Bacoor ang mga progresibong organisasyon at mga lokal na lider-maralita ng Sityo Silangan. Matapos ang programa, namahagi pa ang mga kapulisan ng mga polyetong “kontra-terorismo” na naglalaman ng mga larawan at pangalan ng mga ligal na organisasyon.

“Pinipilit iugnay ang mga aktibidad, protesta at mga lehitimong karaangan ng mga maralita sa terorismo.” pahayag ng grupo. Ang Sityo Silangan ay isa sa mga komunidad sa bayan ng Bacoor na may nakaambang demolisyon at pagpapalayas sa mga maralita. Simula 2019 ay nakaranas ng sunud-sunod na panggigipit, panununog, kabilang operasyong “kontra-droga” at harassment ang mga residente ng Sityo Silangan.

Sa pangunguna ng JSHGM 88888 Inc. at ng ahenteng si Amy Gawaran ay kinakamkam ang mahigit 97-ektaryang lupa ng Sityo Silagan. Balak ng mang-aagaw ng lupa na palayasin ang mga residente sa sityo at palawakin dito ang parking lot ng katabing IT park at technology hub na pinatatakbo ng CBC Asia Technozone. Hindi bababa sa 200 pamilya ang mapapalayas at mawawalan ng tirahan kapag natuloy ang demolisyon.

Sa ulat ng grupo, nakaamba pa rin ang planong pagpapalayas sa mga residente. Noong Marso 15, pinadalhan ng demand letter ang Bagong Silangan (lokal na samahang masa sa Talaba 7 at Niog 1) kung saan binibigyan na lamang sila nang hanggang Marso 31 bago sapilitang paalisin sa kanilang komunidad.

**[English Translation]**

**Bayan-Cavite condemns police for red-tagging progressive organizations and urban poor leaders in Cavite**

April 4, 2024

Bagong Alyansang Makabayan-Cavite condemned the Bacoor Component City Police Station (Bacoor CCPS) for red-tagging during their PNP Lecture and Community Outreach Program on March 31 in the urban poor community in Sityo Silangan, Barangay Talaba 7, Bacoor, Cavite.

The group says the Community Affairs Development and Public Information Office (CAD-PIO) of the Bacoor police red-tagged progressive organizations and local urban poor leaders of Sityo Silangan. After the program, the police even distributed “anti-terrorism” pamphlets containing pictures and names of legal organizations.

“Forcing to associate the activities, protests and legitimate grievances of the poor with terrorism,” the group states. Sityo Silangan is one of the communities in Bacoor town where urban poor residents face constant threats of demolition and eviction. Since 2019, they have experienced

relentless intimidation, arson, “anti-drug” operations and harassment.

Led by JSHGM 88888 Inc. and agent Amy Gawaran are grabbing over 97-hectares of Sityo Silagan land. The land grabber plans to evict the residents from the site and expand the parking lot of the adjacent IT park and technology hub operated by CBC Asia Technozone. At least 200 families will be evicted and rendered homeless if the demolition goes ahead.

The group’s report says the plan to evict the residents still looms. On March 15, a demand letter was sent to Bagong Silangan (the people’s local mass organization in Talaba 7 and Niog 1) giving them only until March 31 before being forced out of their community.

### **US at Israel, pinananagot sa teroristang airstrike sa embahada ng Iran sa Syria**

Abril 4, 2024

Mariing kinundena ng iba’t ibang bansa ang teroristang airstrike ng Zionistang Israel sa embahada ng ng Iran sa Syria noong Abril 1. Kabilang sa mga napatay sa airstrike ang dalawang heneral ng hukbo ng Iran, limang tagapayong militar at iba pa. Ang atake ay bahagi ng pagpapalawak ng US at Israel sa armadong signalot sa Middle East, at pagbira sa mga bansang sumusuporta sa paglaban ng mga Palestino sa Gaza.

Tinawag ng Iran ang pang-aatake bilang “lantarang paglabag sa United Nations (UN) Charter, sa internasyunal na mga batas, at sa batayang prinsipyong “inviolability” mga gusaling diplomatiko at konsulado. Kinundena ang pang-aatake ng mayorya ng mga bansa sa emergency na pagpupulong ng UN Security Council noong Abril 2. Tulad ng inaasahan, walang ipinahayag na anumang kundenasyon ang US, UK at France.

Sa harap ng trahedyang nangako ng presidente ng Iran na si Ebrahim Raisi na hindi nito palalampasin ang teroristang atake at sinabing may karapatan ang Iran na gumawa ng “mapagpasyang hakbang” laban sa Israel. Gayundin, patuloy na susuportahan ng Iran ang Hamas at mga armadong grupong lumalaban sa henosidyo ng Israel sa Gaza, aniya.

Ipinakikita ng teroristang atake ang kahinaan ng Zionistang rehimeng gapiin ang mga armadong pwersang Palestino lalupa’t nasa “stalemate” (pagkakapatás) ngayon ang katayuan sa Gaza, ayon kay Vahid Jalalzadeh, pinuno ng National Security and Foreign Policy Committee ng parlamento ng Iran. “Matapos ang anim na buwan, hindi natatalo ng rehimeng mga grupong Palestino na lumalaban, sa kabilang sinasabi nitong mayroon itong ikalimang pinakamalaking hukbo sa buong mundo.”

Isang “importanteng mensahe” ang ipinaabot ng Iran sa gubyernong US bilang “tagasuporta ng Zionistang entidad” at sinabing dapat rin itong managot sa krimen. Itinatanggi ng US na mayroon itong kinalaman sa airstrike at sa halip ay

sinabihan pa ang Iran na “iwasan na paigtingin ang sitwasyon.”

Ang pagtupok sa embahadang Iranian ay pinakahuli lamang sa teroristang pang-aatake ng Israel sa Syria. Bago nito, ilang beses nang binomba ng Zionistang rehimang internasyunal na paliparan at mga residensyal na lugar ng bansa. Tulad ng Iran, isa ang Syria sa mga bansang naninindigan para sa Palestine.

**[English Translation]**

**US and Israel held responsible for terrorist airstrike on Iranian embassy in Syria**

April 4, 2024

Various countries strongly condemned the terrorist airstrike by Zionist Israel on the Iranian embassy in Syria on April 1. Among those killed in the airstrike were two Iranian army generals, five military advisors and others. The attack is part of the US and Israel's escalation of the armed conflict in the Middle East, and striking against countries supporting the Palestinian resistance in Gaza.

Iran called the attack a “flagrant violation of the United Nations (UN) Charter, international laws, and the basic principle of inviolability” of diplomatic and consular buildings. The attack was condemned by a majority of countries in an emergency meeting of the UN Security Council on April 2. As expected, the US, UK and France did not express any condemnation.

In the face of the tragedy, Iran's president Ebrahim Raisi vowed it would not let the terrorist attack pass and said Iran had the right to take "decisive measures" against Israel. Also, Iran will continue to support Hamas and armed groups fighting the Israeli genocide in Gaza, he said.

The terrorist attack shows the weakness of the Zionist regime to defeat the Palestinian armed forces on the ground and the status in Gaza is now in a "stalemate", according to Vahid Jalalzadeh, head of the National Security and Foreign Policy Committee of the Iranian parliament. "After six months, the regime has not defeated the Palestinian resistance groups, despite it claiming to have the fifth largest army in the world."

Iran delivered an "important message" to the US government as a "supporter of the Zionist entity" and said it should also be held accountable for the crime. The US denies it had anything to do with the airstrike and instead told Iran to "avoid escalating the situation."

The flattening of the Iranian embassy is just the latest in a series of Israeli terror attacks in Syria. Prior to this, the Zionist regime had bombed the international airport and residential areas of the country several times. Like Iran, Syria is one of the countries that stands up for Palestine.

## **Magsasaka sa Negros Occidental, pinatay ng 62nd IB**

Abril 5, 2024

Pinatay ng mga sundalo ng 62nd IB at mga pulis ang sibilyang magsasaka na si Marlon Catacio sa Sityo Ngalan, Barangay Quintin Remo, Moises Padilla, Negros Occidental, alas 5:35 ng umaga noong Abril 4. Tulad sa ibang kaso, pinalalabas ng mga sundalo na napatay siya sa isang engkwentro ng militar at Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Central Negros. Kaagad itong pinasinungalingan ng Pulang hukbo.

Sa isang panayam sa radyo, isinalaysay ng ina ng biktima na si Rosita Catacio na walang engkwentrong nangyari sa lugar. Sa halip, pinuntahan sa bahay at kinuha ang kanyang anak ng mga pulis mula sa 2nd Negros Occidental Provincial Mobile Force Company-Philippine National Police (NOCPMFC-PNP) at mga sundalo ng 62nd IB. Kasunod ito ay nakarinig na sila ng mga putok ng baril.

“Hindi kasapi ng BHB si Catacio,” pahayag ni Ka JB Regalado, tagapagsalita ng BHB-Central Negros. Aniya, ang biktima ay isang magsasaka at mag-uuling sa kanilang komunidad. Karumaldumal ang ginawang pagpaslang kay Catacio sa harap ng pagsisikap niyang mabuhay at makaagapay laluna ngayong panahon ng pananalanta ng El Niño.

Sa Negros Occidental, umabot na sa ₱97.78 milyon ang halaga ng pinsala sa agrikultura dulot ng tagtuyot. Labis na apektado ng napakainit na panahon ang 135 barangay sa 19 na bayan kabilang ang bayan ng Moises Padilla.

Dahil sa palabas na engkwentro, napwersang magbakwit ang 55 pamilya sa kalapit na mga komunidad na lubhang nakaapekto sa kanilang kabuhayan.

“(I)sa lamang si Catacio sa napakaraming biktima ng pamamaslang sa mga inosenteng magsasaka sa Central Negros,” ayon kay Ka JB. Ipinapakita lamang umano ng ganitong taktika ng militar ang desperasyon ng rehimeng Marcos na palabasin ang “pagdurog” sa hukbong bayan sa isla kasunod ng deklarasyong State of Stable Internal Peace and Security (SIPS) sa isla.

#### **[English Translation]**

### **62nd IB kills farmer in Negros Occidental**

April 5, 2024

Soldiers of the 62nd IB and police killed civilian farmer Marlon Catacio in Sitio Ngalan, Barangay Quintin Remo, Moises Padilla, Negros Occidental, at 5:35 a.m. on April 4. As in other cases, soldiers falsely claim he was killed in an encounter between the military and the New People’s Army (NPA)-Central Negros. This claim was immediately refuted by the Red army.

In a radio interview, the victim’s mother, Rosita Catacio, stated that there was no encounter in the area. Instead, policemen from the 2nd Negros Occidental Provincial Mobile Force Company- Philippine National Police (NOCPMFC-PNP) and soldiers of the 62nd IB came into their home and took her son. They heard gunshots later.

“Catacio is not an NPA member,” said Ka JB Regalado, spokesperson of the NPA-Central Negros. The victim was a farmer and a charcoal producer in their community, he said. His killing is a heinous crime in the face of his efforts to survive and adapt, especially during El Niño.

In Negros Occidental, the amount of damage to agriculture caused by the drought has reached ₱97.78 million. Around 135 barangays in 19 towns, including Moises Padilla, have been greatly affected by the extremely hot weather.

Due to the fake encounter, 55 families were forced to evacuate to nearby communities which adversely affected their livelihood.

“Catacio is one of the many victims of killings of innocent farmers in Central Negros,” according to Ka JB. He said that this military tactic only shows the desperation of the Marcos regime to show that he has “crushed” the people’s army after declaring a State of Stable Internal Peace and Security (SIPS) in the island.

## **Mga kaanak at kaibigan ng mga desaparecidos, nagtipun-tipon**

Abril 5, 2024

Nagsama-sama ang mga kaanak at kaibigan ng mga desaparecido o biktima ng sapilitang pagkawala noong Abril 2 sa Bantayog ng mga Bayani, Quezon City. Pinagtibay nila ang pagkakaisa sa patuloy na paghahanap sa kanilang mga nawawalang kaanak at panawagan para sa

hustisya sa harap ng dumaraming kaso ng pagdukot sa ilalim ng rehimeng Marcos. Pinangunahan ang pagtitipon ng grupong Desaparecidos at Free Jonas Burgos Movement.

Sa programa, nagbigay ng mensahe ang mga kaanak ng mga desaparecidos na sina Jonas Burgos, Gene Roz Jamil “Bazoo” de Jesus, Armando Portajada at Rizalina Ilagan. Ibinahagi nila ang kani-kanilang karanasan at ang kolektibong paghihinagpis sa paghahanap sa mga nawawalang mga biktima. “Sa kalagayang dumarami ang bilang ng desaparecidos sa ilalim ng kasalukuyang rehimen, ang pagtitipong ito ay naglalayong pagtibayin ang ating pagkakaisa,” pahayag ng Desaparecidos.

Noong huling linggo lamang ng Marso, naitala ang pinakahuling mga biktima ng pagdukot at sapilitang pagkawala. Dinukot ang mga aktibistang pangkalikasan na sina Francisco “Eco” Dangla III at Joxelle “Jak” Tiong noong Marso 24, alas-8 ng gabi, ng mga pwersa ng estado sa Barangay Polo, San Carlos City, Pangasinan. Sa tuluy-tuloy na paggigiit at paghahanap, inilitaw sila noong Marso 27.

Sila ang ika-22 at ika-23 kaso ng biktima ng pagdukot sa ilalim ng rehimeng Marcos. Sa upisyal na tala ng Karapatan, 12 sa mga ito ang di pa inilitaw hanggang sa kasalukuyan. Ang mga ito ay sina: Elgene Mungcal, Ma. Elena Pampoza, Ariel Badiang, Renel delos Santos, Denald Laloy Mialen, Lyn Grace Martullinas, Dexter Capuyan, Gene Roz Jamil de Jesus, Bea Lopez, Lee Sudario, Norman Ortiz at Mariano Jolongbayan. Noong

Pebrero, iniulat naman ng Anakbayan-Southern Mindanao ang pagdukot ng aktibista at manunulat na si Nelson Bautista Jr.

Sa katapusang programa, nagsindi sila ng mga sulo at lampara bilang simbolo ng kanilang walang kapaguran at walang maliw na paghahanap sa katotohanan at hustisya. Nangako silang ipagpapatuloy ang mga pagkilos at aktibidad para sa kanilang mga kaanak hanggang makamit ang hustisya.

Gugunitain ng grupo ang ika-17 taon ng pagkawala ni Jonas Burgos sa Abril 28. Ang pagdukot kay Burgos, isang organisador at aktibista, nong 2007 sa Quezon City ay isa sa mga tampok na kaso ng paglabag sa karapatang-tao sa ilalim ng pasistang rehimeng Arroyo. Kasabay din sa araw na ito ang pag-alaala ng mga grupo sa isang taong pagkawala nina Dexter Capuyan at Gene Roz Jamil de Jesus, mga tagapagtanggol ng karapatan ng katutubo sa Cordillera, noong gabi ng Abril 28, 2023 sa Taytay, Rizal.

### **[English Translation]**

### **Relatives and friends of victims of enforced disappearances hold gathering**

April 5, 2024

Relatives and friends of the disappeared or victims of enforced disappearance gathered last April 2 at Bantayog ng mga Bayani, Quezon City. They reaffirmed their unity to continue the search for their missing relatives and call for justice amid

increasing cases of abductions under the Marcos regime. Desaparecidos and Free Jonas Burgos Movement led the gathering.

In the program, the relatives of desaparecidos Jonas Burgos, Gene Roz Jamil "Bazoo" de Jesus, Armando Portajada and Rizalina Ilagan offered their messages. They shared their experiences and their collective anguish in searching for missing victims. "With the number of desaparecidos increasing under the current regime, this gathering aims to strengthen our unity," the Desaparecidos statement said.

The latest victims of abduction and enforced disappearance were reported on the last week of March. Environmental activists Francisco "Eco" Dangla III and Joxelle "Jak" Tiong were abducted on March 24, at 8 p.m., by state forces in Barangay Polo, San Carlos City, Pangasinan. After persistent demands and searching, they were surfaced on March 27.

They are the 22nd and 23rd cases of abduction victims under the Marcos regime. In the official record of Karapatan, 12 of abductees have not been surfaced to date. They are: Elgene Mungcal, Ma. Elena Pampoza, Ariel Badiang, Renel delos Santos, Denald Laloy Mialen, Lyn Grace Martullinas, Dexter Capuyan, Gene Roz Jamil de Jesus, Bea Lopez, Lee Sudario, Norman Ortiz and Mariano Jolongbayan. Last February, Anakbayan-Southern Mindanao reported the abduction of activist and writer Nelson Bautista Jr.

At the end of the program, they lit torches and lanterns as a symbol of their tireless and relentless search for truth and justice. They vowed to persevere in actions and activities for their relatives until justice is served.

The group will commemorate the 17th anniversary of the disappearance of Jonas Burgos on April 28. The abduction of Burgos, an organizer and activist, in 2007 in Quezon City was one of the most prominent cases of human rights violations under the fascist Arroyo regime. This day also coincides with the commemoration of the one-year disappearance of Dexter Capuyan and Gene Roz Jamil de Jesus, defenders of indigenous peoples' rights in the Cordillera, on the night of April 28, 2023 in Taytay, Rizal.

## **Ligtas na kundisyon sa paggawa, iginiit**

Abril 6, 2024

Hindi bababa sa apat na manggagawa sa konstruksyon ang namatay sa lugar na pinagtatrabahuan nitong unang linggo ng Abril. Kasabay ng pagpapaabot ng pakikiramay sa mga pamilya ng naturang manggagawa, pinananagot ng Kilusang Mayo Uno ang mga kumpanyang nag-employo sa kanila sa di pagsunod ng mga ito sa mga pamantayan para sa ligtas na paggawa.

Kabilang sa iniulat ng KMU ang kasó ni Allen Glen Malab na namatay matapos matabunan ng lupa sa Antipolo noong Abril 1. Gumuho ang tone-toneladang lupa sa construction site ng ginagawa

nilang bahay. Liban kay Malab, apat pang manggagawa ang nasugatan.

Noong Abril 2, isang manggagawa sa konstruksyon ang natuhog ng bakal matapos madulas sa construction site. Walang anumang kagamitang pangkaligtasan o safety equipment ang mga manggagawa sa site na ito. Kinabukasan, dalawang manggagawa sa Herma Shipyard Incorporated ang namatay sa pagsabog ng makina sa pabrika sa Mariveles, Bataan.

Ayon sa huling datos ng Philippine Statistics Authority, nagtala ang sektor ng konstruksyon ng 3,870 kaso ng mga aksidente sa trabahan ang mga kumpanya sa konstruksyon na may 20-pataas na manggagawa noong 2019. Hindi bababa sa 58 manggagawa ang namatay sa mga aksidenteng ito, habang lima ang tuluyang nabalda\*.

Sa kabuuhan ng taong iyon, naiulat ang 40,892 manggagawa ang nasaktan (injury) sa lahat ng sektor ng paggawa. Pinakamataas ang insidente ng mga aksidente sa sektor ng pagmamanupaktura (17,454), kasunod sa administrative and support services (4,538) at pangatlo sa konstruksyon.

\*permanently incapacitated

**[English Translation]**  
**Workers demand safe working conditions**

April 6, 2024

At least four construction workers died on the job in the first week of April. Kilusang Mayo Uno said that their employers should be made accountable for their non-compliance with the standards for work safety, while extending condolences to the workers' families.

Among those reported by KMU is the case of Allen Glen Malab who died after being buried in soil in Antipolo on April 1. Tons of soil collapsed at the site of the house they were constructing. In addition to Malab, four other workers were injured.

On April 2, a construction worker was impaled by steel after slipping on the construction site. Workers on this site do not have any safety equipment. The next day, two workers at Herma Shipyard Incorporated died when an engine exploded at the factory in Mariveles, Bataan.

According to the latest data from the Philippine Statistics Authority, the construction sector recorded 3,870 cases of workplace accidents in construction companies employing 20 workers or more in 2019. At least 58 workers died in these accidents, while five were permanently incapacitated.

Throughout that year, 40,892 worker injuries were reported across all labor sectors. The incidence of accidents is highest in the manufacturing sector (17,454), followed by administrative and support services (4,538) and third in construction.

## Oplan-pinta at oplan-sabit para sa BHB, inilunsad ng NDF-Cavite

Abril 7, 2024

Bilang pagdiriwang ng ika-55 anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan (BHB), isinasagawa ng mga rebolusyonaryong pwersa mula sa National Democratic Front (NDF)-Cavite at Kabataang Makabayan (KM)-Cavite noong Abril 6 ang pagpipinta ng mga panawagan at pagsasabit ng mga poster sa kahabaan ng Emilio Aguinaldo Highway sa mga bayan ng Dasmariñas at Imus.

Tampok sa mga ipininta ang panawagan sa mga manggagawa, maralita at kabataan na sumapi sa BHB at isulong ang digmang bayan. Pinatampok rin sa isinagawang operasyon ang mga katagang “Ka Joma Lives” upang bigyan ng mataas na pagkilala ang dakilang buhay at pakikibaka ni Kasamang Jose Maria “Ka Joma” Sison, tagapangulong tagapagtatag ng Partido Komunista ng Pilipinas, at gumampan ng susing papel sa pagtatayo ng BHB.

“Hindi dito natatapos ang ating mga opensiba sa propaganda. Isa itong bahagi sa paparaming bugso ng rebolusyonaryong propaganda sa masa sa mga susunod na panahon,” banggit ng NDF-Cavite.

Ayon sa grupo, ang aktibidad na ito ay bahagi din ng paghahanda para sa nalalapit na ika-51 anibersaryo ng pagkakatataag ng National Democratic Front of the Philippines sa Abril 24. Ang NDFP ang kumakatawan at nagbubuklod sa

lahat ng mga api at pinagsasamantalang sektor ng Pilipinas. Mayroon itong 18 alyadong organisasyon sa kasalukuyan.

“Napapanahon ang paglulunsad ng ganitong mga forma ng propaganda sa masa. Lalo ngayong labis ang paghihirap ng mamamayan bunsod ng tunitinding pagsasamantala ng rehimeng US-Marcos at imperyalistang US, marapat lamang na hikayatin na sumampa sa BHB at armasan ang aping-mamamayan. Nang sa gayon, itututok nila ito sa lahat ng mapansamantala at mapang-api. Lahat para sa paglaban sa teroristang pakana ng rehimeng US-Marcos at pandarambong ng Imperyalistang US,” ayon pa sa ng NDF-Cavite.

Matatandaan na noong Marso, isinagawa rin ng mga rebolusyonaryong pwersa sa Rizal, sa pangunguna ng NDF-Rizal, ang serye ng oplan pinta at oplan sabit, at pamamahagi ng polyeto bilang pagdiriwang sa anibersaryo ng hukbong bayan. Ang dalawang prubinsya ay parehong nakadikít sa pambansang kabisera ng reaskyunaryong gubyerno ng Pilipinas.

**[English Translation]**

## **NDF-Cavite launches graffiti and posterizing for the NPA**

April 7, 2024

In celebration of the 55th anniversary of the New People's Army (NPA), revolutionary forces from the National Democratic Front (NDF)-Cavite and Kabataang Makabayan (KM)-Cavite carried out on April 6 the street art and posterizing along the

Emilio Aguinaldo Highway in the towns of Dasmariñas and Imus.

Among the calls are for workers, the poor and the youth to join the NPA and advance the people's war. The words "Ka Joma Lives" were also featured in the operation to give high recognition to the heroic life and struggle of Comrade Jose Maria "Ka Joma" Sison, founding chairman of the Communist Party of the Philippines, and who played a key role in building the NPA.

"Our propaganda offensives do not end here. This is part of the increasing wave of revolutionary propaganda to the masses in the coming times," NDF-Cavite said.

The group says this activity is also part of the preparations for the upcoming 51st anniversary of the founding of the National Democratic Front of the Philippines on April 24. The NDFP represents and unites all the oppressed and exploited sectors of the Philippines. It has 18 allied organizations at present.

"To launch these forms of propaganda is relevant to the masses. Especially now that the people suffer so much from the intensifying exploitation by the US-Marcos regime and the US imperialist, it is only appropriate to encourage them to join the NPA and arm the oppressed people. Thus, they will focus it on all exploiters and oppressors. All for the fight against the US-Marcos regime's terrorist plot and US Imperialist plunder," according to the NDF-Cavite.

It can be recalled that in March, the NFP-Rizal led revolutionary forces in Rizal also carried out a series of graffiti and posterizing, and distribution of pamphlets in celebration of the anniversary of the people's army. The two provinces are both adjacent to the national capital region.

## **Pagkamatay ng mangingisda sa Navotas City, isinisisi sa nakaambang demolisyon**

Abril 7, 2024

Itinuturo ng Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamalakaya ng Pilipinas (Pamalakaya) na posibleng may pananagutan sa pagkamatay noong Abril 2 ng 55-taong gulang na mangingisdang si Rodrigo Maano sa Navotas City ang nakaambang demolisyon sa kanilang komunidad dulot ng proyektong reklamasyon. Ayon sa mga ulat, inatake sa puso si Maano habang nagmamadaling inaani ang inaalagaang tahong na nakatakdang idemolis para bigyan-daan ang proyektong reklamasyon.

Ayon kay Lydia Sison, partner ni Maano, bago pa ang kalunus-lunos na insidente ay dumaranas na ng labis na stress at fatigue o pagkapagod si Maano. Napilitan siyang mag-ani ng mga tahong kahit bata pa o hindi pa handang anihin ang mga ito. Nagdesisyon siyang gawin ito kaysa makitang idemolis at masayang ang kanyang mga pinaghirapan.

“Ang pagmamadali sa demolisyon, kakambal ng banta ng pagkawala ng kabuhayan, ay lumikha ng

kawalang katiyakan at labis na pighati sa mga komunidad ng manginisda sa Navotas," ayon kay Ka Fernando Hicap, pambansang tagapangulo ng Pamalakaya.

Sinimulang itulak ng lokal na gubyerno ang demolisyon sa 200 tahungan at iba pang istrukturang pangisda sa naturang baybayin noong Setyembre 2022 at pinaiigting ngayong 2024. Hindi na rin tumanggap ang lokal na gubyerno ng aplikasyon ng bagong permit para sa operasyon ng mga ito.

Nais itulak ang demolisyon para bigyang daan ang Navotas Bay Reclamation Project. Ang 650-ektaryang reklamasyon ay itinutulak ng lokal na gubyerno at kasosyo nitong Argonbay Construction Company, subsidiaryo ng San Miguel Corporation na pag-aari ni Ramon Ang.

Sa datos ng Pamalakaya, mula nang simulan ang mga reklamasyon sa baybayin ng Navotas noong nakaraang taon, bumagsak nang 80% ang arawang kita ng mga manginisda.

"Ang pagkamatay ni Maano ay nagbibigay diin sa pangangailangan magsagawa ng imbestigasyon sa nangyari sa kanya at sa mas malawak na implikasyon ng demolisyon at mga reklamasyon sa kalagayan ng mga residente at manginisda ng baybayin," pagdidiin ni Hicap. Aniya, mayroong pananagutan ang Department of Agriculture-Bureau of Fisheries and Aquatic Resources sa pagkamatay ni Maano at kanilang pagwasak sa kabuhayan ng mga residente.

“Dapat itigil na ang demolisyon at bigyan ng karampatan kabayaran ang nawasak ang kabuhayan. Dapat itigil kaagad ang lahat ng mapanirang mga reklamasyon,” ayon pa kay Hicap. Hinamon ng Pamalakaya ang mga kapwa manggingisda at residente ng Navotas City na magkaisa at itulak ang lokal na gubyerno na umaksyon at bigyang hustisya ang pagkamatay ni Maano.

Ang 650-ektaryang reklamasyong ito ay isa lamang sa 22 proyektong reklamasyon na aprubado sa Manila Bay. Sa datos ng Philippine Reclamation Authority (PRA) noong 2023, mayroong 187 kasalukuyang umiiral at aprubadong mga proyektong reklamasyon sa buong bansa.

#### **[English Translation]**

#### **Impending demolition responsible for death of a fisherman in Navotas City**

April 7, 2024

The Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamalakaya ng Pilipinas (Pamalakaya) asserts that the death on April 2 of 55-year-old fisherman Rodrigo Maano in Navotas City can be attributed to the imminent demolition of their community. Reports say Maano suffered a heart attack while in a rush harvesting the mussels from the farm that was set to be demolished to make way for the reclamation project.

According to Maano’s partner Lydia Sison, the victim was already suffering from excessive stress

and fatigue before the tragic incident. He was forced to harvest mussels even when they were young or not yet ready for harvesting. He decided to do this rather than see his hard work go to waste.

“The demolition rush, coupled with the looming loss of livelihood, created uncertainty and great distress in the fishing communities of Navotas,” according to Ka Fernando Hicap, national chairman of Pamalakaya.

The local government started pushing for the demolition of 200 fishing sites and other fishing structures along the coast in September 2022 and intensified its efforts in 2024. The local government has also stopped accepting applications for a permit for their operation.

The demolition is being carried out to make way for the Navotas Bay Reclamation Project. The 650-hectare project is being pushed by the local government and its partner Argonbay Construction Company, a subsidiary of San Miguel Corporation owned by Ramon Ang.

Pamalakaya data shows an 80% fall in the daily income of fishermen since the reclamation of the Navotas coast began last year.

“Maano’s death underscores the need to investigate what happened to him and the wider implications of the demolition and reclamations on the condition of coastal residents and fisherfolk,” Hicap stressed. He said, the Department of Agriculture-Bureau of Fisheries and Aquatic

Resources is responsible for the death of Maano and their destruction of the livelihood of the residents.

"Demolition must stop and those whose livelihoods have been destroyed must be given just compensation. All destructive reclamations must stop immediately," Hicap said. Pamalakaya challenged fellow fisherfolks and Navotas City residents to unite and push the local government to take action and bring justice to Maano's death.

This 650-hectare reclamation is only one of 22 reclamation projects approved in Manila Bay. According to data from the Philippine Reclamation Authority (PRA) in 2023, there are 187 existing and approved reclamation projects nationwide.

## **Mga mapang-upat na aktibidad ng US sa karagatan ng Pilipinas, binatikos ng mga mangingisda**

Abril 8, 2024

Binatikos ng Pamalakaya ang isinagawa ng US na mga maniobrang pangkombat sa tinawag nitong multilateral maritime cooperative activity (MMCA) sa territoryong dagat ng Pilipinas noong Abril 7. Liban sa Pilipinas at US, nilahukan ang mapang-upat na aktibidad ng mga barkong pandigma ng Australia at Japan. Bago nito, dalawa nang katulad na aktibidad ang isinagawa ng US, kasama ang mga pwersang nabal ng Pilipinas, sa bahagi ng West Philippine Sea sa Mindoro at Palawan.

Sinaklaw ng mga aktibidad ang tradisyunal na mga pangisdaan ng mangingisdang Pilipino.

“Ang mangingisdang Pilipino na naman ang sasalo sa ganting-hakbang ng China laban sa mga probokatibong naval drill (ng US) kasama ang ibang bansa,” ayon kay Fernando Hicap, pambansang pangulo ng grupo.

Aniya, hindi napigilan ng presensya ng mga dayuhan tropa ang panggigipit ng China sa mga mangingisda sa nakaraan. Sa halip, lalupa nitong inengganyo ang dagdag na mga pwersang Chinese.

Kinwestyon ng Pamalakaya ang interes ng rehimeng Marcos sa mga aktibidad ng US na nang-uupat ng gera, gayong mas kailangan nitong itulak ang China na umalis sa territoryong dagat ng Pilipinas.

Kinundena rin ng Gabriela ang pagsasagawa ng US at mga kaalyado nito ng mapanulsol na aktibidad sa Pilipinas, at tinawag itong panghihimasok sa internal na sigalot ng Pilipinas sa China. Tulad sa Pamalakaya, nakikita ng Gabriela na pinapaigting lamang ng aktibidad ang tensyon sa South China Sea.

“Hindi lamang banta sa ating territoryal na integridad ang presensya ng dayuhang mga pwersang militar sa West Philippine Sea, isinasapanganib din nito ang kaligtasan at kabuhayan ng lokal na mga komunidad at manggisda,” anito.

Tiyak ang pag-arangkada ng tensyon ngayong Abril dulot na patong-patong na mga wargame na iniskedyul ng US sa Pilipinas. Sa Abril 18, sisimulan nito ang Cope Thunder. Sa Abril 22, sisimulan naman ang Balikatan sa Palawan at Batanes.

Bago ang MMCA, tatlong “maritime cooperative activity” na ang inilunsad ng US sa Palawan at Mindoro, kasama ang mga pwersang nabal ng AFP. Pinakahuli nito ang inilunsad noong Pebrero 9, kung saan magsabay na naglayag ang BRP Gregorio del Pilar at USS Gabrielle Giffords. Parehong may lulang mga helikopter ang dalawang barko na ginamit rin sa mga maniobrang militar.

#### **[English Translation]**

#### **Fisherfolks condemn U.S. saber rattling in Philippine waters**

April 8, 2024

Pamatikaya condemned the US combat maneuvers in what it called the multilateral maritime cooperative activity (MMCA) in Philippine territorial waters on April 7. Apart from the Philippines and the US, the warships of Australia and Japan participated in the provocative activity. Prior to this, the US together with the Philippine naval forces, conducted two similar activities in the West Philippine Sea in Mindoro and Palawan.

The activities covered the traditional fishing areas of Filipino fishermen.

"It is the Filipino fisherfolk all over again who will bear the brunt of China's retaliation against these provocative naval drills with other countries," said Pamalakaya national chair Fernando Hicap.

He said the presence of foreign troops did not stop China's harassment against fisherfolks in the past. Instead, it baited China to position additional Chinese forces in the area.

Pamalakaya questioned the Marcos regime's interest in the US's warmongering activities, when its more urgent task is to push China to leave Philippine maritime territory.

Gabriela also condemned the US and its allies' conduct of provocative activities in the Philippines, and called it intervention in the Philippines' internal conflict with China. As with Pamalakaya, Gabriela sees the activity will only worsen tensions in the South China Sea.

"The presence of foreign military forces in the West Philippine Sea not only threatens our territorial integrity but also jeopardizes the safety and livelihoods of local communities and fishermen," it said.

Tension is sure to accelerate this April due to the overlapping wargames scheduled by the US in the Philippines. On April 8, it will start Cope Thunder. On April 22, Balikatan will begin in Palawan and Batanes.

Before the MMCA, the US has already launched three "maritime cooperative activities" in Palawan and Mindoro, with the AFP's naval forces. Its

latest was that on February 9, where BRP Gregorio del Pilar and USS Gabrielle Giffords sailed together. Both ships have helicopters on board which were also used in military maneuvers.

## **Kriminal na kapabayaan ni Marcos sa harap ng El Niño, tinuligsa ng mga NDFP-Palawan**

Abril 9, 2024

“Malaki ang pananagutan ng reaksyunaryong gubyerno sa dinaranas ngayong tagtuyot, at iba pang kalamidad at sakuna ng mamamayan ng Palawan.” Ito ang pahayag ng rebolusyonaryong kilusan sa Palawan. Tinukoy nito ang pakikipagsabwatan sa pang-aapi at pagsasamantala ng mga monopolyong dayuhan, malalaking kumprador-panginoong maylupa ang salarin sa labis na kahirapan ng masang Palaweño.

Kasalukuyang hinahagupit ng tagtuyot na dulot ng El Niño ang prubinsya. Noong Pebrero, umabot na sa ₱48 milyon ang halaga ng nasalantang pananim sa 816.38 ektaryang lupang agrikultural dito. Lagpas kalahati o nagkakahalaga ng ₱27 milyon ng napinsalang pananim ay sa bayan ng Brooke’s Point, habang pumapangalawa ang bayan ng Narra na may mahigit ₱10 milyon, ayon sa ulat ng mga kasama.

Apektado rin ang iba pang bayan tulad ng Coron, Quezon at Roxas na karaniwang may pinsalang nagkakahalaga ng ₱2-5 milyong bawat isa.

"Nakakabahala dahil tiyak na lalaki pa ito dahil tinatayang hanggang Hunyo pa ngayong taon matatapos ang El Niño," pahayag nila.

Ayon sa Office of the Provincial Agriculturist (OPA), 1,200 magsasaka ang apektado ng tagtuyot mula sa mga bayan ng Aborlan, Narra, Sofronio Española, Quezon, San Vicente, Taytay at Bataraza. Konserbatibo ang bilang na ito at hindi pa kasabay sa ulat ang mga magsasaka sa Brooke's Point kung saan pinakamatindi ang napinsala.

Sa pinakahuling ulat ng NDRRMC nitong Marso, ₱1.75 bilyong halaga na ang pinsala sa agrikultura ng tagtuyot sa buong bansa. Apektado ang 29,409 magsasaka at mangingisda, kung saan 2,613 nito ay mula sa MIMAROPA na may lawak ng nasalantang pananim na mahigit 3,000 ektarya.

Sa Barangay New Agutaya sa bayan ng San Vicente, nakita ng mga magsasaka ang epekto sa kanila ng pagbabago ng klima. Anila, pumaparte na lamang ng walang sako ang dating pumaparte ng 20 sako. Sa isang pag-aaral, ibinahagi rin ng mga maliliit na mangingisda sa mga pulo ng Calamianes (Busuanga, Coron at Culion), na ramdam nila ang epekto ng pagbabago ng klima sa papaliit na nahuhuli nilang isda. Kung dati rati'y nakakahuli sila ng 20-50 kilo papunta pa lang sa laot, ngayon balikan na ang takbo nila ay limang kilong isda na lang ang naiuuwi nila. Sa pag-init ng klima, ang tendensya ng mga isda ay pumunta sa mas malalim at malamig na bahagi ng dagat, kaya ayon sa mga mangingisda malayo na

rin ang kanilang pinamamalakaya. Bukod sa malayo, di pa rin sapat ang huli nila.

“Sa gitna ng lawak at tindi ng pinsala ng tagtuyot, patak lamang ang ayuda at serbisyon mula sa rehimeng US-Marcos,” ayon sa mga Palawenyo. “Nanatiling nagdurusa ang masang magsasaka at mangingisda sa tagtuyot at sa kapabayaan ng reaksyunaryong gubyerno sa kanila.”

Kakarampot na ₱5,000 sa ilalim ng Rice Farmers Financial Assistance (RFFA) program sa 71,795 na magsasaka sa MIMAROPA ang ibinigay nitong ayuda. Ang National Irrigation Administration (NIA) naman ay naghahabol sa paglalagay ng 570 augmentation pump sa limang rehiyon kasabay ang MIMAROPA na labis na tinamaan ng tagtuyot. Ngayon din lang isinagawa ang pagkongkreto ng 847.82 kilometro ng irrigation canal para umano pakinabangan ng 40,621 magsasaka sa buong bansa. Ang DSWD at Department of Labor and Employment (DOLE) ay nagkakasya naman sa pamimigay ng food packs at cash-for-work para sa mga apektado ng tagtuyot.

Sa harap nito, hinamon ng NDF-Palawan ang lokal na gubyerno na aksyunan ang dinadanas na hirap ng mamamaya. Ayon kay Leona Paragua, tagapagsalita ng NDF-Palawan, tila naghihintay pa ng deklarasyon ng state of calamity ang lokal na mga upisyal bago umaksyon.

Nanawagan si Paragua sa mamamayan na higit na magbigkis at magkaisa at ilunsad ang iba’t ibang tipo ng pagkilos para ilantad, singilin at kastiguhin ang estado sa kriminal na kapabayaan nito sa

kapakanan at kagalingan ng taumbayan sa gitna ng ganitong mga sakuna.

“Dapat nilang igiit ang sapat at karampatang tulong at ayuda sa gitna ng pagkapinsala ng kanilang mga kabuhayan,” aniya. “(D)apat nilang ibunsod ang kanilang kolektibong pagsisikap para harapin sa sarili nilang paraan ang pasakit ng tagtuyot. Sinabi niyang dapat pangunahan ng mga alyadong organisasyon ng NDFP sa Palawan ang mga pulong at pagpapatupad ng hakbangin para mabawasan ang pinsalang dulot ng tagtuyot.”

(Mula sa Ang Pulang Larangan, Rebolusyonaryong Pahayagang Masa sa Palawan, Enero-Marso 2024)

**[English Translation]**

**NDFP-Palawan condemns Marcos for criminal negligence amid El Niño**

April 9, 2024

“The reactionary government owes a great accountability to the people of Palawan for their suffering from drought, and other calamities and disasters,” the revolutionary movement in Palawan declared. The regime is complicit in the oppression and exploitation by foreign monopolies, big comprador-landlords as the culprit in the extreme poverty of the Palaweño masses, it said.

Drought caused by El Niño is currently ravaging the province. In February, the cost of damaged crops in 816.38 hectares of agricultural land here reached ₱48 million. More than half or ₱27 million

worth of damaged crops is in the town of Brooke's Point, while the town of Narra comes in second with over ₱10 million, as reported by comrades in the area.

Coron, Quezon and Roxas were also among the towns affected, with damages estimated at ₱2-5 million each. "This is alarming for it will definitely expand more because El Niño is estimated to prevail until June this year," they said.

The Office of the Provincial Agriculturist (OPA) say the drought affects 1,200 farmers from the towns of Aborlan, Narra, Sofronio España, Quezon, San Vicente, Taytay and Bataraza. This number is conservative as the report does not yet include the farmers in Brooke's Point where the damage is worst.

The latest report of the NDRRMC this March says the drought brought ₱1.75 billion worth of damages to agriculture nationwide. It affected 29,409 farmers and fisherfolk, of which 2,613 were from MIMAROPA with an area of damaged crops of more than 3,000 hectares.

In Barangay New Agutaya, San Vicente, farmers have experienced the effects of the climate change. They said those who used to get a share of 20 sacks now go without a bag. In a study, small fisherfolk in the islands of Calamianes (Busuanga, Coron and Culion) also felt the effect of climate change on the dwindling fish they catch. They used to catch 20-50 kilos just on their way out to sea, now they only bring home five kilos of fish after going forth and back. With the

climate warming, fish tend to go to the deeper and colder part of the sea, so fishermen say they fish further out to sea. They travel far and still not catch enough.

"Amidst the extent and intensity of the damage drought brings, the aid and services from the US-Marcos regime are near nothing," according to Palawaños. "The masses of farmers and fisherfolk continue to suffer both from the drought and the reactionary government's neglect."

A measly ₱5,000 in aid was given to 71,795 farmers in MIMAROPA under the Rice Farmers Financial Assistance (RFFA) program. The National Irrigation Administration (NIA) is belatedly rushing to install 570 augmentation pumps in five regions at the same time as MIMAROPA, which has been severely affected by the drought. It is also just now implementing the cementing of 847.82 kilometers of irrigation canal purportedly for the benefit of 40,621 farmers across the country. The DSWD and the Department of Labor and Employment (DOLE) distribute scanty food packs and cash-for-work for drought victims.

In the face of this, the NDF-Palawan challenged the local government to act on the suffering of the poor. According to Leona Paragua, spokesperson of NDF-Palawan, it seems that local officials are still waiting for the declaration of the state of calamity before taking action.

Paragua called on the people to further unite and launch different types of actions to expose, charge

and condemn the state for its criminal negligence of the welfare and well-being of the people amid such disasters.

"They should demand adequate and competent aid and assistance amid the destruction of their livelihoods," she said. "They should harness their collective efforts to deal with the suffering of the drought in their own way." She said the allied organizations of the NDFP in Palawan should lead the meetings and implementation of the initiative to reduce the damage caused by the drought."

(From Ang Pulang Langaran, Revolutionary Mass Newspaper in Palawan, January-March 2024)

## **Militarisasyon ng China at US sa West Philippine Sea, binatikos**

Abril 9, 2024

Nagtungo sa konsulado ng China sa Makati City ngayong araw, Abril 9, ang mga pambansa-demokratikong organisasyon para kundenahin ang tuluy-tuloy na panggigipit ng China sa mga manggingisda at barkong Pilipino at pang-aagaw nito ng territoryo sa West Philippine Sea. Ipinanawagan ng mga grupo sa China, gayundin sa US, na tigilan na ang pagmilitarisa sa WPS. Itinaon ng mga grupo ang pagkilos sa ginugunita ngayon na Araw ng Kagitingan.

"Ang pam-bubully ng China at nagpapatuloy na agresyon nito laban sa kanyang mga karatig-bansa ang dahilan kung bakit tumitindi ang pagkakahiwalay nito," pahayag ng Bagong

Alyansang Makabayan. Kunwa'y nakikipagkaibigan ito pero nakikita ang tunay na layunin nitong pagharian ang South China Sea, kahit labag ito sa mga internasyunal na mga alintuntunin at bangga na sa territoryal na integridad ng mga karatig nitong bansa, ayon sa grupo.

"Nananawagan kami sa China na lisanin ang West Philippine Sea, buwagin ang mga iligal na istruktura nito at kilalanin ang 2016 arbitral ruling, at itigil ang panggigipit sa mga mangingisdang Pilipino at supply mission," anito. "Nananawagan din kami ng demilitarisasyon ng West Philippine Sea."

Anito, ang lehitimong pagtutol laban sa agresyon China ay hindi dapat tumungo pagpapalakas ng presensya ng dayuhang militar at "muling pagkolonya" sa Pilipinas, tulad ng pagtatayo ng mga pasilidad militar sa iba't ibang bahagi ng bansa.

Tungo rito, binatikos ng Bayan ang rehimeng Marcos sa pakikipagsabwan nito sa US at iba pang mga dayuhang tropa para gamitin "staging ground" para sa sarili nitong interes sa Asia.

"Ipinakaladkad ni Marcos ang Pilipinas sa tunitinding tunggalian na tiyak na magbubunga ng higit na pagdurusa sa mamamayan."

Habang kinukundena nito ang China, hinikayat ng Bayan ang mga Pilipino na palayasin ang lahat ng mga dayuhang tropang militar at pwersa, laluna yaong nagtutulak ng henosidyo sa Palestine.

Noong Abril 7, nagsagawa ang US ng mga maniobrang pangkombat sa karagatan ng Pilipinas, kasama ang Japan, Australia at Pilipinas sa tinawag nitong “multilateral maritime cooperation activity.” Kinabukasan, sinimulan nito ang Cope Thunder, isang wargame para magpakitang-lakas sa himpapawid. Sa Abril 22, nakatakda naman nitong simulan ang Balikatan sa West Philippine Sea, South China Sea at karagatan malapit sa Taiwan Strait.

**[English Translation]**

**National-democratic organizations  
condemn China and US militarization  
of the West Philippine Sea**

April 9, 2024

National-democratic organizations protested in front of the Chinese consulate in Makati City today, April 9, to condemn China's continuous harassment of Filipino fisherfolk and ships and its encroachment in the West Philippine Sea. They called for China, as well as the US, to end militarization of the WPS. The groups launched the protest to coincide with the Araw ng Kagitingan.

“China’s bullying and continuous aggression against its neighboring countries is the reason why its isolation is intensifying,” said the Bagong Alyansang Makabayan. It pretends to be friends but shows its true intent of ruling the South China Sea, despite this being against international rules and conflicts with the territorial integrity of its

neighboring countries,” Bagong Alyansang Makabayan said in a statement.

“We call on China to vacate the West Philippine Sea, dismantle its illegal structures and recognize the 2016 arbitral ruling, and stop harassing Filipino fishermen and supply missions,” it said. “We also call for the demilitarization of the West Philippine Sea.”

It said the legitimate objection against China’s aggression should not lead to boosting foreign military presence and “re-colonization” in the Philippines, such as the construction of military facilities in different parts of the country.

Towards this, Bayan criticized the Marcos regime for its collusion with the US and other foreign troops to use the Philippines as “staging ground” for its own interests in Asia. “Marcos has dragged the Philippines into an escalating conflict that will surely bring more suffering to the people.”

While it condemned China, Bayan encouraged the Filipinos to evict all foreign military troops and forces, especially those who are perpetrating genocide in Palestine.

On April 7, the US conducted combat maneuvers in Philippine waters, along with Japan, Australia and the Philippines in what it called a “multilateral maritime cooperation activity.” The next day, it started Cope Thunder, a wargame to show off air power. On April 22, it is scheduled to start Balikatan in the West Philippine Sea, South China Sea and the sea near the Taiwan Strait.

## **Protesta laban sa walang pakundangang pambobomba sa Ilocos-Abra, isinagawa**

Abril 10, 2024

Nagprotesta sa harap ng Camp Aguinaldo ang mga progresibong grupo noong Abril 5 para kundenahin ang pinakahuling pambobomba ng AFP sa mga sibilyang komunidad at kagubatan. Pinakahuli sa mga kasong ito pambobomba ng 5th ID malapit sa Pilar, Abra at Sta. Maria, Ilocos Sur noong Abril 2. Ayon sa press release ng AFP, nagkaroon diumano ng armadong engkwentro sa pagitan ng yunit ng militar at ng Bagong Hukbong Bayan sa lugar. Wala itong kumpirmasyon hanggang sa kasalukuyan.

Nagdulot ng ligalig at dislokasyon ang pambobomba sa mga sibilyang komunidad. Napilitang magbakwit ang 700 residente ng naturang mga barangay. Natigil rin ang mga klase sa lokal na mga paaralan.

Kinundena ng Kaammoyo ti Kappia, isang lokal na organisasyong nagtatanggol sa karapatang-tao, ang walang pakundangang pambobomba.

“Isinasapeligro nito ang sibilyang populasyon sa naturang mga lugar,” ayon sa organisasyon. “Hindi lamang nagdudulot ang di makataong mga akto na ito ng dagdag pasakit sa mahihirap na magsasaka na apektado na ng pataas na presyo ng mga gamit sa pagsasaka, at ng matindig tagtuyot na dala ng El Niño, nagdadala rin ito ng malawak na takot, troma at panic.”

Pinananagot ng mga nagprotesta ang rehimeng Marcos at ang AFP sa pambobomba at nanawagan ng imbestigasyon sa nilabag nitong mga karapatan sa lugar.

“Nakagagalit na ang gubyerno ni Bongbong Marcos ay may pera para sa gera, may pera para sa bomba pero wala para sa mga magsasaka,” ayon kay Mong Palatino, pangkalahatang kalihim ng Bagong Alyansang Makabayan.

Di bababa sa ₱250,000 ang ginagastos ng AFP kada bombang 500-libras, katumbas sa dalawang siklo ng pagtanim ng palay sa isang ektaryang lupain. Makakakain na rin ang isang pamilyang may lima katao sa loob ng 1.3 taon sa halagang ito.

Naniniwala naman ang Kalikasan PNE na lagpas sa sinasabi ng AFP na nakasagupa ng mga pwersa nito ang BHB, sadyang tinarget ang lugar dahil sa nakatakda at umiiral nang mga operasyon ng mga minahan dito.

“Alinsunod sa aming pananaliksik, may malalim na ugnayan ang airstrikes at ang pagtatanggol ng mga pwersa ng estado sa mayor na mga interes ng pagmimina sa Abra,” ayon sa grupo. Sa kasalukuyan, may pitong exploration permit, dalawang mining application at isang umiiral nang Mineral Production Sharing Agreement (MPSA) na sumasaklaw sa kabuuang 129,396.8188 ektarya sa magkanugnog na bayan.

Sa tala ng grupo, pang-14 na ang pambobombang ito nitong nakaraang buwan. Katulad sa iba,

target nito ang mga komunidad na tutol sa mga proyektong mapanira sa kalikasan. Sa 14 na kaso nadokumentong kaso, umaabot sa 100,000 indibidwal ang apektado at 10 maseselang susing lugar ng biodiversity ang tinamaan sa iba't ibang rehiyon ng bansa.

#### [English Translation]

### **Progressive groups protest against indiscriminate bombing in Ilocos-Abra**

April 10, 2024

Progressive groups protested before Camp Aguinaldo on April 5 to condemn the latest AFP bombing of civilian communities and forests. The most recent of these cases was the bombing by the 5th ID near Pilar, Abra and Sta. Maria, Ilocos Sur on April 2. An AFP press release claims there was an alleged armed encounter between a military unit and the New People's Army in the area. The latter has no confirmation till date.

The bombing brought terror and dislocation in civilian communities. Around 700 residents of these barangays were forced to evacuate. Classes at local schools were also suspended.

Kaammoyo ti Kappia, a local human rights organization, condemned the indiscriminate bombing.

"This endangers the civilian population in these areas," according to the organization. "This is not a humane act as it not only puts a bigger burden on poor farmers in the area who are already

affected by increasing prices of farm inputs, and the intense drought brought by El Niño, but also brings widespread fear, trauma, and panic.”

The protesters hold the Marcos regime and the AFP responsible for the bombing and called for an investigation into the rights violations in the area.

“It is infuriating that the Bongbong Marcos government has money for war, money for bombs but nothing for farmers,” according to Mong Palatino, secretary general of the Bagong Alyansang Makabayan.

The AFP spends at least ₱250,000 per 500-pound bomb, equivalent to two crop cycles of rice in a 1-hectare land. This amount can feed a family of five for at least 1.3 years.

Kalikasan PNE, on the other hand, believes that underlying the AFP’s claim of a firefight with the NPA, the area was deliberately targeted because of planned and existing mining operations.

“Our ongoing research suggests a deeper connection between the airstrikes and the protection of major mining interests in Abra by state forces,” according to the group. Currently, there are seven exploration permits, two mining applications and an existing Mineral Production Sharing Agreement (MPSA) covering a total of 129,396.8188 hectares in the adjacent towns.

The group recorded the Abra-Ilcoos case as the 14th bombing in the past months. Like others, it targets communities which are resisting environmentally harmful projects. In the 14

documented cases, up to 100,000 individuals have been affected and 10 ecologically fragile key biodiversity areas were hit across various regions of the country.

## **Dinukot na beteranong organisador-manggagawa ng Mindanao, ipinalilitaw**

Abril 11, 2024

Mariing kinundena ng Kilusang Mayo Uno at mga demokratikong organisador ang rehimeng US-Marcos at mga pasistang galamay nito sa pag-aresto at sikretoong detensyon sa batikang organisador manggagawa sa Southern Mindanao na si William Lariosa.

Dinukot ng mga ahente ng estado si Lariosa, 63, noong Abril 10 sa Barangay Butong, Quezon, Bukidnon. Hanggang ngayon, hindi alam ng kanyang mga kamag-anak at kaibigan kung saan siya dinala.

Matagal nang pinag-iinitan ng militar si Lariosa at kanyang pamilya. Marami na siyang natanggap na banta at panggigipit kung kaya nagsangtwaryo siya sa Bukidnon.

“(Dapat) na kagyat na ilitaw si William Lariosa!” panawagan ng KMU. Nanawagan din ito sa kapwa manggagawa na patindihin ang paglaban para sa mga karapatan sa paggawa, at sama-samang panagutin ang rehimeng US-Marcos sa paglabag nito sa mga batayang karapatan ng mamamayan.

**[English Translation]**

## **Democratic groups demand surfacing of kidnapped veteran Mindanao labor organizer**

April 11, 2024

Kilusang Mayo Uno and democratic organizers have strongly condemned the US-Marcos regime and its fascist tentacles for the arrest and secret detention of William Lariosa, a veteran labor organizer in Southern Mindanao.

State agents abducted Lariosa, 63, on April 10 in Barangay Butong, Quezon, Bukidnon. Until now, his relatives and friends do not know where he was taken.

Lariosa and his family have been under fire from the military for a long time. He took refuge in Bukidnon after receiving multiple threats and harassment.

“William Lariosa must be surfaced immediately!” KMU demands. It also called on fellow workers to intensify the fight for labor rights, and collectively hold the US-Marcos regime accountable for its violation of the basic rights of the people.

## **Hustisya para sa magsasakang pinatay sa Masbate, ipinanawagan**

Abril 11, 2024

Nananawagan ang Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) ng hustisya sa pagpatay sa magsasakang si Elorde Almario, 43, residente ng

San Carlos, Milagros, Masbate noong Abril 2. Si Almario ang ika-27 na magsasakang pinatay ng mga armadong pwersa ng estado sa isla sa ilalim ng rehimeng Marcos.

Sa ulat ng Karapatan, dinukot ng apat na myembro ng CAGFU si Almario mula sa kanyang sakahan bandang alas-2 ng hapon sa araw na iyon. Makalipas ng ilang oras ng paghahanap ng pamilya, natagpuan ang bangkay ni Almario di kalayuan sa kanilang bahay. Sa ulat ng pamilya, may mga tama ng baril ang bangkay at bakas ang tortyur na dinanas ng biktima.

“Nakikilala na ang Masbate bilang ‘killing fields’ ng Bicol, sa harap ng 27 biktima ng ekstrahudisyal na pamamaslang sa loob ng wala pang dalawang taon sa ilalim ng paghahari ni Marcos Jr.” ayon sa grupo.

Noon namang Abril 4, dinukot ng parehong grupo ng mga CAGFU si Nonong Monteseban, dating kapitan ng San Carlos. Matapos bugbugin, pinakawalan siya ng mga pasista dahil hindi umano siya ang hinahanap nila.

Ang malalang paglabag na ito ay nagaganap sa gitna ng pinatinding militarisasyon sa naturang barangay. Isa ang San Carlos sa pinangalanan ng militar na “hotspot ng kontra-insurhensyang” kampanya, kung saan itinuturing nitong mga myembro o tagasuporta ng Bagong Hukbong Bayan ang lahat ng mga residente sa komunidad. Katulad sa mga naunang mga sibilyan na pinatay ng militar, tinortyur muna ang biktima bago

paslangin para likhain ang pinakamatinding terror sa komunidad.

**[English Translation]**

**Peasants demand justice for farmer killed in Masbate**

April 11, 2024

The Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) is calling for justice for the killing of farmer Elorde Almario, 43, a resident of San Carlos, Milagros, Masbate on April 2. Almario is the 27th farmer killed by state armed forces in the island under the Marcos regime.

The Karapatan report says four CAFGU members abducted Almario from his farm around 2 pm that day. After several hours of searching, the family found Almario's body not far from their house. The family reported that the body has gunshot wounds and traces of torture.

"With 27 victims of counterinsurgency related extrajudicial killings in less than two years of Marcos Jr.'s rule, Masbate is fast becoming known as the 'killing fields' of Bicol," according to the group.

On April 4, the same CAFGU group abducted Nonong Monteseban, former [barangay] captain of San Carlos. After being beaten, he was released by the fascists because of a mistaken identity.

These serious violation is taking place in the midst of intensified militarization in the said barangay. San Carlos is among those the military has tagged

a “hotspot of the counterinsurgency” campaign, which considers all residents in the community to be members or supporters of the New People’s Army. Just like the previous civilians killed by the military, the victims were tortured before being killed to sow intense terror in the community.

## **Trilateral summit ng US, Japan at Pilipinas, nakabalangkas sa panunulsol ng imperialistang gera**

Abril 11, 2024

Nagprotesta sa harap ng embahada ng US ang mga pambansa-demokratikong grupo ngayong araw, Abril 11, para batikusin ang “trilateral summit” ng Pilipinas, Japan at US na ginaganap sa US. Lumipad patungo sa US si Ferdinand Marcos kahapon para makipagpulong kina Joseph Biden, presidente ng US, at Fumio Kishida, punong ministro ng Japan sa White House. Nakabalangkas ang pulong na ito sa layunin ng US na palawakin ang presensya nito sa first-island chain, kung saan sinasabing kabilang ang Pilipinas at Japan sa tabing ng “seguridad” at “kalayaan sa South China Sea” para sa “kapayapaan sa karagatan.” Pinangunahan ang pagkilos ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan).

“Ang trilateral summit sa pagitan ng US, Pilipinas at Japan ay paraan ng Washington para lalupang hati-hatiin ang rehiyon ng Asia Pacific,” ayon sa Bayan. Ginagawa ito sa pamamagitan ng pagpapainit ng umiiral na tensyon sa kritikal na antas, kung saan dudulo sa kapinsalaan ng mga

buhay ng mamamayan sa rehiyon, at pagwaldas ng pondo ng bayan...ang gera sa ekonomya at militar nito.”

“Kinukundena ng mga kilusang para sa kasarinlan, kapayapaan at pambansang paglaya sa Pilipinas, Japan at sa US ang tulak na ito ng US para pataasin ang kita mula sa gera at pandarambong sa ekonomya,” ayon sa grupo. “Hindi kami luluhod sa mabangis na pagtutulak ng imperyalismong US ng hegemonya nito sa Asia, kasabay ng panunulsol ng gera sa China.”

Binatikos nito ang panunulsol ng US sa umiiral na mga signalot ng Taiwan at Pilipinas sa China para bigyan-katwiran ang pagpapalawak ng sariling presensya sa rehiyon. Kasabay nito, tinuligsa ng grupo ang mabilis na pagpapalakas ng militar ng Japan.

“Isinusugal ng rehimeng Marcos Jr sa Trilateral Summit sa Washington DC ang bansa sa ibayong kapahamakan dahil lamang sa kapritso ng among imperyalistang US na walang hangad kundi ang lubusang ipataw sa rehiyon ang hegemonya nito,” pahayag ng Bayan. Dala nila ang istrimer nagsasaad ng: No to US war games and US war provocations! Do not drag the Philippines in US-made wars!

Ayon sa League of Filipino Students, malinaw ang layunin ng trilateral summit na pagpapaigting ng hegemonya ng US sa buong daigdig. “Gagamitin lamang ng US ang trilateral summit upang lalong hatiin ang mundo at imilitarisa ang Pilipinas na kanyang hinahanda bilang isang entablado para sa

inter-imperialistang digmaan sa pagitan nito at ng China,” anito.

Para sa Katribu, nangangahuligan ang trilateral summit ng pagpapalawak ng base militar ng US sa mga loob ng mga lupang ninuno at territoryo. “Ang pagpapalawak na ito ay banta sa cultural heritage at pamumuhay (ng mga katutubo) at magpapaigting sa pinsala sa kalikasan sa kanilang mga lupa,” ayon sa grupo.

Sang-ayon dito ang grupong Kalikasan, na kalahok sa protesta laban sa makinaryang pandigma ng US. Anito, ang mga war game at mga aktibidad nito sa Pilipinas ay nagdudulot ng polusyon na nakasisira sa kalikasan. Mahaba rin ang rekord ng US ng paggamit at pag-iiwan ng nakalalasong mga kemikal sa kalupaang ginagamit nila sa kanilang mga base at operasyon. Tinawag din nitong “ipokrito” ang US sa pagsasambit ng kapayapaan habang sangkot sa gerang henosidyo ng mga Palestino sa Gaza.

Kinundena ng mga raliyista ang pagpapakatuta ni Marcos sa US, na naglalagay sa mamamayang Pilipino sa panganib. Simboliko nilang pinunit ang mukha nina Biden, Kishida at Marcos, gayudin ang watawat ng US, sa protesta.

Noong Abril 9, simbolikong tinapak-tapakan at pinunit naman ng mga raliyista ang mukha ni Xi Jinping sa tapat ng Chinese Embassy, bilang simbolo ng pagtutol ng mamamayan sa ginagawa nitong panghihimasok sa West Philippine Sea at panggigipit sa mga mangingisdang Pilipino. Panawagan nila ang pag-alis ng lahat ng mga

dayuhang tropa sa territoryong pandagat ng Pilipinas.

**[English Translation]**

**US, Japan and Philippines hold trilateral summit for imperialist war provocations**

April 11, 2024

National-democratic groups protested in front of the US embassy today, April 11, to denounce the “trilateral summit” of the Philippines, Japan and the US being held in the US. Ferdinand Marcos flew to the US yesterday to meet with Joseph Biden, the US president, and Fumio Kishida, the prime minister of Japan for a meeting at the White House. This meeting is held in within the US framework of expanding its presence in the first-island chain, which includes the Philippines and Japan, under the veil of “security” and “freedom in the South China Sea” to promote “maritime peace.” Bagong Alyansang Makabayan (Bayan) led the action.

“The Trilateral Summit between the [US], Philippines and Japan is Washington’s platform to further polarize the Asia Pacific region,” according to Bayan. “It does so by pushing existing tensions to a critical level whereby US-led imperialist economic and military warfare will devastate the lives of working people in the region and squander the people’s money...”

Movements for sovereignty, peace and national liberation from the Philippines, Japan and the

United States condemn this latest imperialist drive to bolster profits from war and economic plunder, according to the group. “We do not bow down to US imperialism’s vicious reassertion of hegemony in Asia as it foments war with China.”

It denounced the US for inflaming existing conflicts involving Taiwan and the Philippines in relation to China as justification for expanding its presence in the region. It also opposed the recent rapid military build-up of Japan.

“The Marcos Jr. regime at the Trilateral Summit in Washington DC gambles the country to further disaster just because of the whim of its US imperialist master whose only aim is to completely impose its hegemony on the region,” Bayan said. They marched holding a banner that said: No to US war games and US war provocations! Do not drag the Philippines into US-made wars!

The League of Filipino Students says the purpose of the trilateral summit is clearly to strengthen US hegemony globally. “The US will only use the trilateral summit to further divide the world and militarize the Philippines which it is preparing as a theater for an inter-imperialist war with China,” it said.

For Katribu, the trilateral summit means the expansion of the US military base into their ancestral lands and territories. “This expansion is a threat to the cultural heritage and way of life (of the indigenous people) and will intensify environmental damage to their lands,” according to the group.

Agreeing with this is the group Kalikasan, which is participating in the protest against the US war machinery. It says the war games and its activities in the Philippines cause pollution that damages the environment. The US also has a long record of using and leaving toxic chemicals on land they use for their bases and operations. It also called the US a “hypocrite” for calling for peace while engaging in the genocidal war against Palestinians in Gaza.

The rallyists condemned Marcos’ voluntary subservience to the US, which puts the Filipino people at risk. In the protest, they symbolically tore the faces of Biden, Kishida and Marcos, as well as the US flag.

Last April 9, the rallyists also symbolically trampled on and tore the face of Xi Jinping in front of the Chinese Embassy, as a symbol of the people’s opposition to its encroachment in the West Philippine Sea and harassment of Filipino fisherfolk. They called for the withdrawal of all foreign troops from Philippine maritime territory.

### **Libu-libong tropang Amerikano, naglipana sa karagatan, kahanginan at kalupaan ng Pilipinas ngayong Abril**

Abril 12, 2024

Literal na nakatambak ngayon ang mga tropang Amerikano sa iba’t ibang bahagi ng bansa. Kasabwat ang papet na AFP at rehimeng Marcos, ang Pilipinas ay ginawa nilang isang dambuhalang

palaruan para sa inihahanda ng US na echersisyong gera na nakatuon laban sa China.

Liban sa mga maniobrang anti-submarino sa Palawan, Cope Thunder at nakaambang Balikatan 2024, patong-patong na iba pang probokatibong maniobra at war games ang isinagawa ng US sa karagatan, kahanganan at kalupaan ng Pilipinas. Hindi lamang sariling pwersa ang dala ng US, karay-karay din nito ang iba pang dayuhang tropa (Australian, Korean, Japanese at maging mga pwersang European) sa mga palarong pandigma.

Isinapubliko ng AFP noong Abril 9 ang nagaganap na Marine Exercise 2024 o MAREX 2024, ang diumano'y "kauna-unahang" marine exercises ng US sa Central Mindanao. Nagsimula ang war game noong April 8, kasabay ng Cope Thunder, at magtatapos sa Abril 19 sa Camp Iran Un sa Brgy. Togaig, Barira at Brgy. Pura, Datu Blah Sinsuat na pawang nasa Maguindanao del Norte.

Kasabay nito, sinimulan din ang Salaknib Exercises sa Fort Magsaysay, Nueva Ecija na nilahukan 4,000 sundalo mula sa 5th ID at 7th ID ng AFP at at mga tropang Amerikano mula sa 3rd Infantry Brigade Combat Team, 25th ID. Ang Cope Thunder, sa kabilang banda, ay isinasagawa sa Northern Luzon Intensive Military Training Area, Basa Air Base at Brigadier General Benito N Ebuen Air Base.

Noong Abril 9, inanunsyo ng US Indo Pacific Command sa pamamagitan ng social media accounts nito na nagsagawa ang mga pwersang

Amerikano ng live-fire exercises sa Philippine Sea gamit ang USS Ralph Johnson-DDG 114.

Sa parehong araw, nagsagawa ang USS Theodore Roosevelt ng routine flight operations, para ipamukha sa China ang “kahandaan” ng mga pwersa ng US Pacific Fleet sa ilalim ng US 7th Fleet at ang “suporta” nito sa Pilipinas.

Isa pang live-fire exercises ang isinagawa ng USS HIGGINS (DDG 76) at USNS Charles Drew para “panatilihin” ang “kapayapaan at stabilitad” ilang araw bago nito.

Noong Abril 9 rin, ibinahagi ng Indo-Pacific Comand na nagsagawa ng “flight operations” ang mga pwersang nabal nito na lulan sa USS America (LHA 6), bilang pagpapakitang-gilas ng kapabilidad ng mga “asset” ng US sa karagatan.

Lahat ng mga aktibidad na ito ay isinagawa sa loob ng karagatan ng Pilipinas. Di bababa sa 7,000 tropa ang lulan ng mga barkong ito na binansagang mga “lumulutang na base militar.”

Sa loob ng Pilipinas, nagsagawa ng operasyon sibil-militar ang US sa Butas na Bato Elementary School sa Dingalan, Aurora noong Abril 6 at sa Alannay Elementary School sa Cagayan. Malaon nang bahagi ng Balikatan ang gayong mga aktibidad, kung saan tinatangka ng mga pwersang Amerikano na magpabango ng imahe gamit ang mga bata at residente.

May mga tropang Amerikano rin sa Camp Aguinaldo sa Quezon City noong Abril 1-5 para sa “kauna-unahan” rin na “Information Warfighter

Exercise” kung saan “nagbahaginan” ang dalawang bansa ng taktikal at maseselang impormasyong panseguridad.

Ang mga nabanggit na palarong pandigma ay ilan lamang sa mga aktibidad na isinapubliko ng US.

**[English Translation]**

**Thousands of American troops, swarm the sea, air and land of the Philippines this April**

April 12, 2024

Different parts of the country are literally crawling with American troops. In connivance with the puppet AFP and the Marcos regime, they have turned the Philippines into a gigantic playground for the US war preparations against China.

In addition to the anti-submarine maneuvers in Palawan, Cope Thunder and the looming Balikatan 2024, the US has conducted various and simultaneous provocative maneuvers and war games in Philippine sea, air and land. In addition to its forces, the US also brought along other foreign troops (Australian, Korean, Japanese and even European forces) in these war games.

The AFP announced on April 9 the ongoing Marine Exercise 2024 or MAREX 2024, the supposed “first” US marine exercises in Central Mindanao. The war game started on April 8, at the same time as Cope Thunder, and will end on April 19 at Camp Iran Un in Brgy. Togaig, Barira and Brgy.

Pura, Datu Blah Sinsuat, all in Maguindanao del Norte.

At the same time, the Salaknib Exercises were also commenced in Fort Magsaysay, Nueva Ecija with the participation of 4,000 soldiers from the 5th ID and 7th ID of the AFP and American troops from the 3rd Infantry Brigade Combat Team, 25th ID. Cope Thunder, on the other hand, is being conducted at the Northern Luzon Intensive Military Training Area, Basa Air Base and Brigadier General Benito N Ebuen Air Base.

On April 9, the US Indo Pacific Command announced through its social media accounts that American forces conducted live-fire exercises in the Philippine Sea using the USS Ralph Johnson- DDG 114.

On the same day, the USS Theodore Roosevelt conducted routine flight operations, to flaunt to China the “readiness” of the US Pacific Fleet forces under the US 7th Fleet and its “support” in the Philippines.

Another live-fire exercise was conducted by USS HIGGINS (DDG 76) and USNS Charles Drew to “maintain” “peace and stability” a few days earlier.

Also on April 9, the Indo-Pacific Command shared that its naval forces carried out “flight operations” aboard the USS America (LHA 6), to exhibit the capabilities of US “assets” at sea.

All these activities were conducted within Philippine waters. These ships, dubbed “floating military bases,” carry at least 7,000 troops.

Inside the Philippines, the US conducted civil-military operations at Butas na Bato Elementary School in Dingalan, Aurora on April 6 and at Alannay Elementary School in Cagayan. These activities have long been a part of Balikatan, where American forces attempt to glamorize their image using children and residents.

There were also American troops at Camp Aguinaldo in Quezon City last April 1-5 for the “first-ever” “Information Warfighter Exercise” where the two countries “shared” tactical and sensitive security information.

The aforementioned war games are just some of the activities that the US has publicized.

## **Mabilis na pagbabalik sa dating iskedyul ng mga klase, iginiit sa gitna ng matinding init**

Abril 12, 2024

Nitong nakaraang mga linggo, sunud-sunod ang pagdeklara ng mga syudad at bayan ng suspensyon ng mga klase dahil sa tindi ng init na pinalala pa ng El Nino. Kakaibang hirap ang dinaranas ng mga estudyante at guro lalupa’t kalakhan ng mga klasrum ay siksikan at walang maayos na bentilasyon. Sa tala ng Department of Education ngayong araw, Abril 12, umabot na sa 7,080 mula sa kabuuang 47,678 eskwelahan sa

buong bansa ang nagsuspendi ng klase. Karamihan dito ay nasa Central Luzon (1,903), Central Visayas (870) at Western Visayas (862). Sa NCR, 311 ang nagsuspendi ng klase.

Sa harap nito, iginiit ng mga guro ang kagyat na simulan, hindi sa susunod pang mga taon, ang pagbabalik ng iskedyul ng mga klase sa dating school calendar na nagsisimula sa Hunyo.

Pinabulaaan nila ang pahayag ni Sara Duterte, kalihim ng Department of Education, na hindi ito kakayanin at kakailanganin pa ng ilang taon bago tuluyang maibalik ang pagsisimula ng klase sa Hunyo at pagtatapos ng school year sa Marso para maiwasan ang klase sa tag-init.

Ayon sa mga guro, hindi dapat ituring na solusyon ang suspensyon ng klase at pagbalang sa “online” o pagmomodyul sa matinding init na dinaranas ng bansa ngayon. Anila, ang mga alternatibong sistemang ito ang sanhi ng kasalukuyang krisis sa pagkatuto.

“Posibleng-possible na ibalik ang school calendar sa katayuan nito bago magpandemya,” pahayag ng Alliance of Concerned Teachers (ACT) Philippines noong Abril 10.

Anito, kung bubuksan ang SY 2024-2025, sa Hulyo 29 ngayong taon, maari itong tapusin Abril 18 para makumpleto ang 175 araw ng klase. Para sa SY 2025-2026 naman, pwedeng simulan ang mga klase sa Hunyo 23, 2025 at tapusin sa Marso 31, 2026 para makumpleto ang 188 araw ng pasukan. At sa SY 2026-2027 naman, pwede nang simulan

ang klase sa Hunyo 8, 2026, na balik na sa dating kalendar ng pasukan.

Ayon kay Vladimer Quetua, pinuno ng ACT, naging bahagi sila sa konsultasyon na nagresulta sa desisyong anti-unting ibalik sa dating school calendar ang mga klase sa elementarya at hayskul. Gayunpaman, dapat tasahing muli ang dating plano sa harap ng di matiis na init at di angkop na mga klasrum.

“Dagdag sa problema ang kakulangan sa klasrum, guro at iba pang personel na lalong nagpapahirap sa kundisyong kailangang tiisin ng mga guro at estudyante,” ayon pa kay Quetua.

Noon pang nakaraang taon idineklara ang pagsisimula ng El Nino na tinatayang tatagal hanggang Hunyo-Agosto ngayong taon. Tulad ng ibang inutil na ahensya ng estado, walang paghahanda ang DepEd sa tiyak na pagtindi ng init. Wala rin itong ginawang sistematiko at malawakang pagbabago para kumpunihin at dagdagan ang mga klasrum alinsunod sa lumitaw na mga problema sa pagdaraos ng mga klase sa tag-init noong nakaraang taon.

#### **[English Translation]**

#### **Teachers demand immediate return to old school calendar amid intense heat**

April 12, 2024

In recent weeks, cities and towns have one after another declared the suspension of classes due to the intense summer heat made worse by El Nino.

Students and teachers are suffering from exceptional difficulty because most of the classrooms are overcrowded and do not have proper ventilation. The Department of Education today, April 12, says 7,080 out of a total of 47,678 schools nationwide have suspended classes. Most of them are in Central Luzon (1,903), Central Visayas (870) and Western Visayas (862). In NCR, 311 schools suspended classes.

Amid all this, teachers demand to immediately start the processs of reverting the schedule of classes to the old school calendar which starts in June, and not wait for a few more years. They refuted the statement of Sara Duterte, secretary of the Department of Education, that this is not feasible and that it will take a few more years before the start of classes in June and the end of the school year in March can be completely reverted to avoid holding classes in summer.

Teachers say class suspensions and alternative learning modalities should not be its go-to solution for the intolerable summer heat the country is experiencing today. They say these alternative systems have caused the current learning crisis.

“It is definitely possible to immediately revert to the pre-pandemic school calender,” the Alliance of Concerned Teachers (ACT) Philippines stated on April 10.

It says if SY 2024-2025 opens on July 29 this year, it can end on April 18 to complete 175 school days. For SY 2025-2026, classes can start on June 23, 2025 and end on March 31, 2026 to complete

188 school days. And for SY 2026-2027, classes can start on June 8, 2026, which is congruent with the old school calendar.

According to Vladimer Quetua, ACT chairperson, they were part of the consultation that resulted in the decision to gradually revert elementary and high school classes to the old school calendar. Nevertheless, the old plan must be reassessed in the face of unbearable heat and unsuitable classrooms.

“Adding to the problem is the shortage of classrooms, teachers and other support personnel that exacerbate the conditions endured by teachers and students,” according to Quetua.

The beginning of El Nino was declared last year and is estimated to last until June-August this year. Like other incompetent state agencies, DepEd did not prepare for the definite worsening of heat. It also did not make systematic and extensive adjustments to repair and increase classrooms in accordance with the problems that arose in holding summer classes last year.

### **Mga tsuper at opereytor, magsasagawa ng serye ng welga ngayong Abril laban sa dedlayn ng jeepney phaseout**

Abril 12, 2024

Inianunsyo ng mga grupong Piston at Manibela sa isang press conference kahapon, Abril 11, na naghahanda na ang mga tsuper at opereytor ng

dyip ng mga serye ng mga welga sa mga susunod na araw at linggo. Nakatakdang magtapos ang “dedlayn” ng pwersahang konsolidasyon ng prangkisa at phaseout ng tradisyunal na mga dyip sa Abril 30.

Sa Abril 15, ikakasa ng dalawang grupo ang isang tigil-pasada na nakatakdang lalahukan ng 25,000 hanggang 30,000 sasakyen. Kasabay nito, ilulunsad nila ang isang karaban tungong Mendiola. Magkakaroon rin ng katulad na mga aktibidad sa Southern Tagalog, Central Luzon, Ilocos Region at ilang prubinsya ng Mindanao. Tinatawagan nila ang iba pang mga drayber at tsuper na makiisa at lumahok sa mga pagkilos hanggang katapusan ng Abril.

“Nananalo tayo hangga’t lumalaban,” pahayag ng Piston. “Pitong taon na tayong tinatakot ng estado na wala nang extension at pinipilit pumaloob sa modernisasyon, at kinukumpiskahan ng prangkisa. Pitong taon na tayong nagwawaging ipagtanggol ang pasada.”

Noong Martes, inanunsyo ni Ferdinand Marcos na “wala nang ekstensyon” ang jeepney phaseout dahil “kailangang-kailangan na ito” kahit pa wala siyang binanggit na dahilan.

Ilang beses nang napaatras ng mga tsuper at opereytor ang “dedlayn” ng estado sa pamamagitan ng paglulunsad ng malakihang mga pagkilos at tigil-pasada. Tiwala silang muli nilang mabibigo ang panibagong dedlayn ng rehimeng Marcos kung magsasama-sama ang mga tsuper, komyuter at iba pang demokratikong sektor.

Nagpahayag ng todong suporta ang SUKI Network at Bayan Muna sa serye ng mga protesta na inihahanda ng Piston at Manibela.

**[English Translation]**

## **Drivers and operators set to hold series of strikes this April against the jeepney phaseout deadline**

April 12, 2024

Piston and Manibela groups announced in a press conference yesterday, April 11, that jeepney drivers and operators are preparing for a series of strikes in the coming days and weeks. The “deadline” of forced franchise consolidation and phaseout of traditional jeepneys is set on April 30.

On April 15, the two groups will hold a transport strike involving 25,000 to 30,000 vehicles. At the same time, they will launch a caravan to Mendiola. Similar activities will be held in Southern Tagalog, Central Luzon, Ilocos Region and some provinces of Mindanao. They are calling on other drivers to unite and participate in actions until the end of April.

“We win as long as we fight,” declared the Piston. “For seven years, the state has been threatening us with no more extension and forcing us to enter modernization, and confiscating our franchise. For seven years, we have been able to defend our sector.”

On Tuesday, Ferdinand Marcos announced that there will be “no more extension” of the jeepney

phaseout because it is “necessary” despite not giving a reason.

Drivers and operators have repeatedly pushed back the state’s “deadline” by launching large-scale actions and transport stoppages. They are confident that they will once again thwart the Marcos regime’s new deadline if the drivers, commuters and other democratic sectors unite.

SUKI Network and Bayan Muna expressed full support for the series of protests being prepared by Piston and Manibela.

### **Balikatan sa Mavulis Island, militarisasyon sa Cagayan, pagsasadlak ng US sa mga Pilipino sa gera**

Abril 13, 2024

Binisita nina Northern Luzon Command (NOLCOM) Commander Lt Gen Fernyl Buca, DND Secretary Gilbert Teodoro at AFP Chief Gen. Romeo Brawner Jr. ang Mavulis at Basco, ang pinakahilagang mga isla ng Pilipinas noong Pebrero 6, bilang paghahanda sa gagawing Balikatan ngayong Abril.

Ang naturang mga isla, na bahagi ng Itbayat, Batanes, ay 142 kilometro lamang mula sa Cape Eluanbi, ang katimugang dulo ng Taiwan, kaya mas malapit na ito sa Taiwan kaysa mainland Luzon. Ang paglulunsad ng mga war games doon ng mga pwersang militar ng US ay klarong probokasyon at hamon sa China, at bahagi ng

pang-uudyok ng US sa Taiwan na humiwalay sa China. Taliwas ito sa “one China policy na patakaran diplomatiko na kunwa’y kinikilala pareho ng US at Pilipinas.

Noong Oktubre 2023, pinasinayaan ng AFP ang Mavulis Island detachment, bilang pagpapalakas diumano ng depensa sa Northern Luzon.

Idineklara noon ni Buca na ang pagtatayo ng detatsment ay paghahanda para sa pagbabago ng operasyon ng militar mula sa internal security patungo sa depensang eksternal. Isinagawa iyon alinsunod na rin sa paghahanda para sa pagdaraos ng Balikatan 39-2024.

Liban sa Mavulis, itinatayo na rin ng AFP ang isang Naval Forward Operating Base sa Batan Island. Magtatayo din daw dito ng isang “civilian sea port” sa isla na sinasabing gagawin ng mga sundalong Amerikano ngayong Abril. Dagdag ang mga ito sa umiiral nang kampo militar ng US sa isla ng Calayan at mga “EDCA sites” sa Lallo at Sta. Ana, Cagayan. Hindi nalalayo sa dalawang base militar na ito ang isa pang “EDCA site” sa Gamu, Isabela. Sa gayon, natadtad na ng US ng mga base at pasilidad ang hilagang bahagi ito ng Luzon na pinakamalapit sa Taiwan.

Hindi pa nakuntento, gusto rin ng US, kasabwat ang rehimeng Marcos, na gawing pambala ng kanyon ang mga Ivatan at mga residente ng Batanes sa pamamagitan ng pagtulak sa kanila na maging army reservist. Ayon sa pinakahuling ulat, 109 na reservist na ang sinanay para sumalubong sa mga bomba o bala ng China oras na ilunsad ng US ang kanyang gera.

Bago pa man nito, binalaan na ng China ang Pilipinas na itigil ang paglahok sa maniobra ng mga pwersa ng US at ihinto ang panghihimasok sa internal na usapin ng Taiwan at China. Pero sa halip na makinig si Marcos at ang AFP, hinila pa nila ang bansa at ang buong mamamayan sa posibilidad ng isang armadong komprontasyon sa pagitan ng US at China.

Labis ang pag-aalala ng mga taga-Batanes na nadadawit ang Pilipinas sa tumitinding pang-uupat ng US ng signalot sa China. Nang ilunsad ang Balikatan dito noong 2023, nag-panic buying ang mga residente ng Batanes nang malaman nilang libu-libong sundalong Amerikano ang dadating sa kanilang isla, at pag-aalalang sumiklab ang labanan.

Ang nalalapit na Balikatan ay isang malaking banta sa kabuhayan ng mga Ivatan at Cagayanon. Nagdudulot ito ng dagdag na ligalig sa kanilang mga komunidad. Sa ngayon, iniinda na nila ang mababang huli dahil sa El Nino at offshore mining. Batid nilang mas marami pa sa kanila ang mawawalan ng trabaho kung gagamitin ng mga tropang Amerikano ang mga dagat para sa amphibious exercises at pagpapakita ng pwersa gamit ang mga kanyon, tangke at barkong pandigma. Ganito ang kanilang karanasan nang gawing lunsaran ng Balikatan ang Claveria, Aparri, Calayan Island at Sta. Ana, Cagayan.

Nangangamba rin silang maipit ang mga residente at manggingisda sa Batanes at Cagayan katulad ng nangyayari sa mga manggingisda sa Palawan at iba pang lugar sa West Philippine Sea.

**Pinaghalawan: Baringkuas, rebolusyonaryong pahayagan ng mamamayan ng Cagayan, Enero-Marso 2024**

**[English Translation]**

**US drags Filipinos into war with Balikatan in Mavulis Island, militarization in Cagayan**

April 13, 2024

Northern Luzon Command (NOLCOM) Commander Lt Gen Fernyl Buca, DND Secretary Gilbert Teodoro and AFP Chief Gen. Romeo Brawner Jr. visited Mavulis and Basco, the northernmost islands of the Philippines on February 6, in preparation for Balikatan this April.

Part of Itbayat, Batanes, these islands are only 142 kilometers from Cape Eluanbi, the southern tip of Taiwan, making it closer to Taiwan than to mainland Luzon. The US military forces' launching of war games there is a clear provocation and challenge to China, and is part of the US's push for Taiwan to break away from China. This is contrary to the "one China policy" diplomatic policy that both the US and the Philippines supposedly recognize.

In October 2023, the AFP inaugurated the Mavulis Island detachment, supposedly to strengthen the defense in Northern Luzon. Buca then declared that the detachment was established to prepare for the change of military operations from internal security to external defense. This was done in

accordance with the preparation for the holding of Balikatan 39-2024.

Apart from Mavulis, the AFP is also building a Naval Forward Operating Base on Batan Island. Reports say it will also build a “civilian sea port” on the island, which American soldiers will construct this April. These facilities are in addition to the existing US military camp in Calayan island and “EDCA sites” in Lallo and Sta. Ana, Cagayan. Not far from these two military bases is another “EDCA site” in Gamu, Isabela. With these additions, US bases and facilities now riddled this northern part of Luzon, which is closest to Taiwan.

Not yet contented, the US, in cahoots with the Marcos regime, also wants to turn the Ivatans and residents of Batanes into cannon fodder by drafting them as army reservists. The latest reports say that 109 reservists have been trained to meet China’s bombs or bullets when the US launches its war.

China has previously warned the Philippines to stop participating in the US forces’ maneuvers and interfering in the internal affairs of Taiwan and China. But instead of taking heed, Marcos and the AFP further dragged the country and the entire people into the possibility of an armed confrontation between the US and China.

The people of Batanes are very concerned that the Philippines is dragged in the US’s intensifying conflict with China. When Balikatan was launched here in 2023, Batanes residents went into panic buying after learning that thousands of American

soldiers were arriving on their island, and worried that war would break out.

The upcoming Balikatan is a big threat to the livelihood of the Ivatans and Cagayanons. This causes more unease in their communities.

Presently, they are suffering low fish catch due to El Nino and offshore mining. They know that even more of them will lose their livelihood if American troops use the seas for amphibious exercises and displays of force using cannons, tanks and warships. This has been their experience when Claveria, Aparri, Calayan Island and Sta. Ana, Cagayan were transformed into Balikatan launching pads.

They also fear that the residents and fisherfolk in Batanes and Cagayan will be restricted, similar to what is happening to fisherfolk in Palawan and other areas in the West Philippine Sea.

Lifted from: Baringkuas, revolutionary newspaper of the people of Cagayan, January-March 2024

### **Dating estudyanteng mandirigma, sadyang pinaslang ng AFP sa Bukidnon**

Abril 13, 2024

Sadyang pinaslang ng 48th IB si Kaliska Dominica Peralta (Ka Rekka), isang Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan na wala sa katayuang lumaban, sa Barangay Butong, Quezon, Bukidnon noong Abril 10. Dating estudyante ng University of the Philippines-Diliman si Ka Rekka. Nagpasya

siyang magpultaym sa hukbong bayan noong 2016.

Batay sa inisyal na impormasyong na nakalap ng upisina ng Kawanihan sa Impormasyon ng Partido Komunista ng Pilipinas, walang armas si Ka Rekka nang kunin siya ng mga ahente ng militar at pulisia. Dinala siya kalaunan sa ibang bahagi ng barangay kung saan siya binaril at pinatay.

Tatlong iba pa ang inaresto ng AFP.

Pinatutunayan ng mga lokal na saksi na walang labanan, taliwas sa mga pahayag ng militar at pulisia.

“Ang media at ang publiko ay nililinlang ng huwad na impormasyon ng AFP upang pagtakpan ang kanilang krimen,” ayon kay Marco Valbuena, upisyal sa impormasyon ng PKP. “Ang pagpatay kay Ka Rekka matapos siyang mahawakan ay malinaw na labag sa batas at isang matinding paglabag sa internasyunal na makataong batas.”

Nagpaabot ang PKP ng pakikiramay sa pamilya at mga kaibigan ni Ka Rekka, isang militanteng rebolusyonaryong minamahal ng masang magsasaka at mga Lumad sa Mindanao.

“Sa kabilang lahat ng paghihirap at sakripisyo, nagpunyagi si Ka Rekka at ibinigay ang kanyang lahat. Dala niya lagi ang saya at sigla sa BHB at sa masa. Ang kanyang mga kontribusyon sa lahat ng larangan ng rebolusyonaryong gawain ay iingatan at aalalahanin ng bayan magpakailanman.”

Ka Rekka, dating estudyante ng UP, ay di armado nang ekstra-hudisyal na pinaslang sa Bukidnon

**[English Translation]**

## **AFP extrajudicially kills former student fighter in Bukidnon**

April 13, 2024

The 48th IB extrajudicially killed Kaliska Dominica Peralta (Ka Rekka), a Red fighter of the New People's Army who had no capability of fighting, in Barangay Butong, Quezon, Bukidnon on April 10. Ka Rekka was a former student of the University of the Philippines-Diliman. She decided to join the people's army in 2016.

Based on initial information gathered by the Information Bureau of the Communist Party of the Philippines, Ka Rekka was unarmed when she was captured by military and police agents. She was later taken to another part of the barangay where she was shot and killed. Three others were arrested by the AFP. Local witnesses confirm that there was no gunbattle, contrary to military and police statements.

"The media and the public are being fed false information by the AFP in order to cover up their crime. The killing of Ka Rekka after she was accosted is clearly unlawful and constitutes a gross violation of international humanitarian law."

The CPP extends its condolences to the family and friends of Ka Rekka, a revolutionary militant beloved by the masses of farmers and Lumad people in Mindanao.

“Despite all hardships and sacrifices, Ka Rekka persevered and gave her all. She was a source of joy and life to the NPA and the masses. Her contributions to all fields of revolutionary work will forever be cherished and remembered by the people.”

Ka Rekka, former UP student, was unarmed and extrajudicially killed in Bukidnon

## **Pagdalo ni Marcos sa Trilateral Summit, sinalubong ng protesta sa US**

Abril 13, 2024

Sinalubong ng serye ng protesta ang muling pagbisita ni Ferdinand Marcos Jr sa US para sa US-Japan-Philippine Trilateral Summit na ginanap noong Abril 11-12. Kinundena sa mga pagkilos si Marcos at binatikos ang papel ng US sa pagpopondo at suportang militar nito sa kanyang rehimene. Isinagawa ang mga paglikos ng mga Pilipinong aktibista sa US at mga sumusuporta sa pakikibakang Pilipino. Pinangunahan ito ng Bayan USA, Malaya Movement USA, Tuloy ang Laban Coalition, at ICHRP-US.

“Ang trilateral summit na ito ay magdudulot ng dagdag na tensyon sa pagitan ng US at China, at maglalagay sa Pilipinas at iba pang mga bansa sa rehiyon sa gitna ng dalawang superpower,” anila.

Noong Abril 11, nagmartsa sila sa Washington D.C. kung saan ginanap ang pulong.

“(I)pinamamalas ni Marcos Jr na wala siyang pinahahalagahan kundi ang sariling interes... sa

kanyang pagbebenta ng bansa para sa tubo at militarisasyon,” pahayag ng Bayan-USA.

Noong Abril 12, nagprotesta sila sa harap ng Waldorf Astoria Hotel sa Washington D.C. kung saan nakikipagpulong noon si Marcos sa US-Phil society, isang “think tank” na kinapapalooban ng mga upisyal ng estado, kumprador at negosyante. Ayon sa Bayan, ang pakikipagpulong ni Marcos ay paghahabol ng dayuhang pamumuhan para sa itinutulak nitong charter change na lalong maglulugmok sa Pilipinas sa dayuhang utang.

“Binibenta talaga ni Marcos Jr. ang Pilipinas at ang mga Pilipino – ang ating ekonomiya at ang ating kapangyarihan sa mga desisyon sa militar at pampolitika,” pahayag ng Malaya USA. “Ang rehimeng ito ay patuloy na nagsasabi na lahat ito ay para sa ‘pag-uunlad’ at ‘modernisasyon,’ ngunit hindi tayo maloloko. Ang mga kasunduang ito ay nakikinabang sa bottom line ng mga dayuhan sa kapalit ng mga sahod na kapos para sa mga Pilipino. Ipinapabor nito ang mga teknolohiyang militar halip sa ating kaligtasan mula sa gera.”

#### **[English Translation]**

#### **Protests greet Marcos' attendance at the Trilateral Summit in the US**

April 13, 2024

A series of protests greeted Ferdinand Marcos Jr's return visit to the US for the US-Japan-Philippine Trilateral Summit held on April 11-12. The rallyists denounced Marcos and the US for funding and giving military support to his regime.

Filipino activists in the US and those supporting the Filipino struggle participated in the protests. It was led by Bayan USA, Malaya Movement USA, Tuloy ang Laban Coalition, and ICHRP-US.

"This trilateral summit will lead to an increase in tension between the U.S. and China, with the Philippines and other countries in the region caught up in the crossfires between the two superpowers," they said.

On April 11, they marched in Washington D.C. where the meeting was held. "Marcos Jr. has shown he values his own self interest over that of the Philippines... by selling out the country for profit and militarization," Bayan-USA said.

On April 12, they protested in front of the Waldorf Astoria Hotel in Washington D.C. where Marcos used to meet with the US-Phil society, a "think tank" that included state officials, compradores and businessmen. Bayan says Marcos' meeting is a pursuit of foreign investment for his much touted charter change that will further sink the Philippines into foreign debt.

"Marcos Jr. is committed to selling the Philippines and Filipino people out - our economy and our say over military and political decisions," Malaya USA states. "The regime keeps saying it's for 'development' and 'modernization,' but we are not naive. These deals benefit foreign investors' bottom lines in exchange for poverty wages for the Filipino. They favor military technologies at the expense of our mortal safety from war."

## **Red Friday Protest para sa sahod, inilunsad ng mga manggagawa**

Abril 13, 2024

Inilunsad ng mga manggagawa kahapon, Abril 12, ang unang Red Friday Protest sa Clock Tower, Marikina City, para sa dagdag sahod at laban sa maka-negosyo at makadayuhang PUVMP.

Kinundena nila si Ferdinand Marcos Jr na anila'y panay ang satsat sa cha-cha (charter change) pero patuloy na nananahimik sa usapin ng sahod.

Idiniin nila na sadyang napakaliit, at nahuhuli pa, ang mga iginawad na mga dagdag-sahod ng mga rehiyunal na wage board noong nakarang taon.

"Sobrang delayed na nga magpatupad ng wage hike ng mga wage board, wala pang usad ang mga panukalang wage increase sa Kamara," ayon kay Jerome Adonis, pangkalahatang kalihim ng Kilusang Mayo Uno (KMU). Nauna pang ipasa ang panukala sa cha-cha noong Marso. Nakatakdada na rin buksan ang deliberasyon para rito sa senado sa Mayo. Malinaw sa mga manggagawa na walang intensyon ang gubyerno ni Marcos na magpasa ng batas para sa dagdag sahod.

Kinwestyon din ng grupo ang pangako ng noo'y ginaganap na US-Japan-Philippine Trilateral Summit sa US na dagdag na mga trabaho para sa mga Pilipino. Ayon sa grupo, ang dayuhang pamumuhunan ay pangunahing inilalagak sa mga special economic zone, kung saan laganap ang di makataong mga kundisyon sa paggawa, paglabag sa mga karapatang manggagawa at nakapako ang sahod.

“Ang mga trabahong ibubunga ng pakikipagsabwatan ni Marcos sa US ay mga alanganing trabaho: walang kasiguraduhan at mababa ang sahod,” ayon kay Adonis.

Panawagan ng KMU sa kapwa manggagawa na tumindig at mag-ingay, lumahok sa mga protesta at konsultasyon para igiit ang dagdag sahod.

#### **[English Translation]**

### **Workers launch Red Friday Protest for wages**

April 13, 2024

Workers launched yesterday, April 12, the first Red Friday Protest at the Clock Tower, Marikina City, for higher wages and against the pro-capitalist and pro-foreigner PUVMP. They condemned Ferdinand Marcos Jr. who they say constantly prates about cha-cha (charter change) but keeps silent on the issue of wages. They stressed that the wage increases awarded by the regional wage boards last year were too little, and too late.

“The wage boards implemented the wage hike too late, and there is no progress on the wage increase proposals in the House,” according to Jerome Adonis, general secretary of Kilusang Mayo Uno (KMU). The bill for chacha even got passed ahead of this in March. Deliberation for cha-cha is also set to open in the senate in May. Workers clearly know that the Marcos government has no intention of passing a law for increased wages.

The group also questioned the US-Japan-Philippines Trilateral Summit's promise of more jobs for Filipinos. The group says foreign investment is mainly poured into special economic zones, where inhumane working conditions, violation of workers' rights and stagnant wages are widespread.

"The jobs that Marcos' collusion with the US will produce are precarious jobs: insecure and with low wages," according to Adonis.

KMU calls on fellow workers to stand up and make noise, participate in protests and consultations to demand higher wages.

## **Iran, nagpakawala ng mga misayl laban sa Zionistang Israel**

Abril 14, 2024

Nagpakawala ng hindi bababa sa 200 misayl at drone ang Iran kagabi, Abril 13, na tumarget sa mga base at pasilidad militar ng Israel. Ayon sa Iran, ang atakeng ito ay alinsunod sa internasyunal na batas kaugnay sa depensa sa sarili ng bansa at tugon sa ginawang pag-atake ng Israel sa embahada ng Iran noong Abril 1 sa Syria.

"Isinagawa sa bisa ng Article 51 ng UN Charter kaugnay sa lehitimong pagdepensa, ang aksyong militar ng Iran ay tugon sa agresyon ng Zionistang rehimeng laban sa aming diplomatikong territoryo sa Damascus," pahayag ng foreign minister ng Iran. "Hindi kami mag-aatubiling gumawa ng

dagdag na mga hakbang para ipreserba ang  
aming interes sa harap ng agresyon.”

Noong Abril 1, binomba ng Zionistang Israel ang  
embahada ng Iran sa Damascus sa bansang Syria.  
Kabilang sa mga napatay sa airstrike ang  
dalawang heneral ng hukbo ng Iran, limang  
tagapayong militar at iba pa. Ang atake ay bahagi  
ng pagpapalawak ng US at Israel sa armadong  
sigalot sa Middle East, at pagbira sa mga bansang  
sumusuporta sa paglaban ng mga Palestino sa  
Gaza. Agad na nagpatawag noon ng pulong ang  
Iran ng United Nations Security Council, pero  
hinadlangan ng US ang anumang aksyon.

Isa sa mga tinarget ng Iran ay ang Nevatim Air  
Base, kung saan nagmula ang mga eroplanong F-  
35 na umatake sa Syria. Ang air base na ito ay  
nakatayo sa mga territoryong Palestinian na  
okupado ng Israel.

Ayon sa Iran, isinagawa nito ang operasyong  
militar matapos ang 10 araw ng panahanhimik at  
pagpapabaya ng mga internasyunal na  
organisasyon, partikular ng United Nations  
Security Council, para kundenahin ang agresyon  
at kriminalidad ng zionistang rehimeng Israel.

“Maari ituring na sarado na ang usapin,” pahayag  
ng ambasador ng Iran sa UN ilang oras matapos  
ang aksyong militar. “Gayumpaman, kung gagawa  
ang Israel ng isa pang pagkakamali, mas matindi  
ang magiging tugon ng Iran. Ang sigalot na ito ay  
sa pagitan ng Iran at rehimeng Israel. Hindi dapat  
makialam ang US.”

“Binabalaan namin ang teroristang gubyerno ng America na ang anumang suporta o partisipasyon nito laban sa interes ng Iran ay magreresulta sa mapagpasya at magiging kalunus-lunos na tugon ng armadong hukbo ng Islamic Republic ng Iran,” ayon sa armadong hukbo ng bansa. “Gayundin, pananagutan ng America ang buhong na mga aksyon ng Zionistang rehimen, at kung hindi pipigilan ang mamamatay-batang rehimen na ito sa rehiyon, mananagot ito,” babala ng Iran.

**[English Translation]**

**Iran launches missiles against Zionist Israel**

April 14, 2024

Iran launched at least 200 missiles and drones last night, April 13, targeting Israeli military bases and facilities. Iran says this attack is in accordance with international law in relation to the country's right to self-defense and is a response to the Israeli attack on the Iranian embassy on April 1 in Syria.

“Conducted on the strength of Article 51 of the UN Charter pertaining to legitimate defense, Iran’s military action was in response to the Zionist regime’s aggression against our diplomatic premises in Damascus,” Iran’s foreign minister said. “We will not hesitate to take additional measures to preserve our interests in the face of aggression.”

On April 1, Zionist Israel bombed the Iranian embassy in Damascus in Syria. Among those killed

in the airstrike were two Iranian army generals, five military advisers and others. The attack is part of the US and Israel's escalation of the armed conflict in the Middle East, and attack on countries that support the Palestinian resistance in Gaza. Iran immediately called a meeting of the United Nations Security Council, but the US blocked any action.

One of Iran's targets was the Nevatim Air Base, where the F-35 planes that attacked Syria originated. This air base is located in the Palestinian territories occupied by Israel.

Iran says it carried out the military operation after 10 days of silence and neglect by international organizations, particularly the United Nations Security Council, to condemn the aggression and criminality of the Zionist regime.

"The matter can be deemed concluded," Iran's ambassador to the UN said a few hours after the military action. "However, should the Israeli regime make another mistake, Iran's response will be considerably more severe. It is a conflict between Iran and the rogue Israeli regime, from which the US must stay away!"

"We warn the terrorist government of America that any of its support or participation against Iran's interests will result in a decisive and tragic response by the armed forces of the Islamic Republic of Iran," according to the country's armed forces. "Also, America is responsible for the treacherous actions of the Zionist regime, and if

this rogue regime in the region is not stopped, it will be held accountable," Iran warned.

## **Magsasakang pinaslang ng mga galamay ni Marcos sa Masbate, ika-28 biktima na**

Abril 14, 2024

Isa na namang pamamaslang sa Masbate ang isinagawa ng mga pasistang asong ulol ni Marcos noong Abril 11. Pinatay ng mga pwersa ng Armed Forces of the Philippines (AFP) ang magsasakang si Jimmy Pautan sa Sityo Tadloy, Barangay Luna, bayan ng Placer. Katulad sa maraming kaso, pinalalabas ng AFP na Pulang mandirigma si Pautan na napaslang sa isang engkwentro.

Kaagad na pinasinungalinan ni Ka Luz del Mar, tagapagsalita ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Masbate, ang paratang ng AFP na mandirigma nila si Pautan. Aniya, isa lamang itong palabas para takasan ang karumal-dumal na krimen ng ekstra-hudisyal na pagpaslang kay Pautan.

"Ang pagpatay kay Pautan ay pananagutan ni Marcos Jr sa kanyang utos na todo gera laban sa sambayanan. Sa Masbate, ang todo gera ni Marcos Jr ay isang gera kontra magsasaka," ayon pa kay Ka Luz. Paliwanag pa niya, isinasagawa ito sa balangkas ng kampanyang kontra-insurhensya sa imbing layunin na tuluyang gapiin ang rebolusyonaryong kilusan at tanggalan ng suporta mula sa masang magsasaka.

“Pakay ng gerang ito na lunurin sa takot ang mga Masbatenyo at isuko ang kanilang pakikibaka para sa lupa, kabuhayan, karapatan at buhay,” dagdag pa ng tagapagsalita. Sa harap nito, nanawagan siya sa masang Masbatenyo na pangbabawan ang takot. Hinikayat niya ang mga kaanak at kababaryo ni Pautan at ang kalakhang Masbatenyo na huwag mag-alangang ilantad ang pang-aabusong militar.

“Hindi dapat malimutan ng mga Masbatenyo na mas marami sila kumpara sa kaaway. Hindi dapat malimutan ng mga Masbatenyo na taglay nila ang armas na mas malakas kaysa anumang modernong terorismo at kagamitan ng kaaway, iyon ay ang kanilang pagkakaisa,” paghimok ni Ka Luz.

Nagpaabot din ng pakikiramay ang ang rebolusyonaryong kilusan sa Masbate sa mga naulilang pamilya ng mga biktima ng karahasang militar. Batid umano ng rebolusyonaryong kilusan ang pagnanais ng mga pamilya ng mga biktima na makamit ang katarungan.

### **[English Translation]**

### **Marcos' agents extrajudicially kill 28th farmer victim in Masbate**

April 14, 2024

Marcos' rabid fascist dogs carried out another murder in Masbate around April 11. Armed Forces of the Philippines (AFP) forces killed farmer Jimmy Pautan in Sityo Tadloy, Barangay Luna, Placer town. As in many cases, the AFP falsely claimed Pautan was a Red fighter killed in an encounter.

Ka Luz del Mar, spokesperson of the New People's Army (NPA)-Masbate, immediately refuted the AFP's allegation that Pautan was a Red fighter. She said it was just fake news to escape the heinous crime of the extra-judicial killing of Pautan.

"In ordering an all-out war against the people, Marcos Jr is accountable for the killing of Pautan. In Masbate, Marcos Jr's all-out war is a war against farmers," said Ka Luz. She further explained that this is being carried out as part of the counter-insurgency campaign with the underlying aim of defeating the revolutionary movement and depriving it of peasant mass support.

"The aim of this war is to keep the Masbatenyo people in a state of fear and force them to surrender their struggle for land, livelihood, rights and life," added the spokesperson. Amid all this, she called on the Masbate masses to overcome fear. She encouraged the relatives and neighbors of Pautan and the public in general not to hesitate to expose military abuses.

"Masbatenyos must not forget that they outnumber the enemy. They must not forget that they have a weapon stronger than any modern terrorism and equipment of the enemy, and that is their unity," urged Ka Luz.

The revolutionary movement in Masbate also extended its condolences to the bereaved families of the victims of military violence. The

revolutionary movement is aware of the aspiration of the victims' families for justice.

## **Mga magsasaka ng Hacienda Tinang, naigiit ang karapatan sa lupa sa DAR**

Abril 16, 2024

Muling naigiit ng mga magsasaka ng Hacienda Tinang sa Concepcion, Tarlac ang kanilang lehitimo at ligal na karapatan sa lupa sa ginawang dayalogo sa pagitan nila at ng pambansang upisina ng Department of Agrarian Reform (DAR) kahapon, Abril 15. Pangako ng DAR na maibibigay na sa kanila ang lupa sa loob ng 15 araw.

Kasabay ng dayalogo, nagpiket ang mga magsasaka, kasama ang kanilang mga tagasuporta sa harap ng upisina ng kagawaran. Kasama rin nila sa piket-dayalogo ang 100 residente ng Sityo Balubad, Barangay Anunas, Pampanga. Pormal na inihapag ng mga taga-Balubad ang kalagayan nila sa Pampanga, kung saan nahaharap sila sa bantang demolisyon at pagpapalayas.

Ilang ulit nang nakipagdayalogo ang mga taga-Tinang sa DAR dahil sa tumatagal nang pangako nitong igagawad na sa kanila ang 63.4-hektaryang lupang matagal na nilang binubungkal. Ang huli sa mga dayalogong ito ay noon lamang Marso 20 kung saan ibinalita sa kanila ang pag-“install” o pagpwesto sa kanila bilang tagapagmay-ari ng lupa sa Abril 11.

Pero noong Abril 5, nakatanggap ng sulat ang mga magsasaka na biglang pagkansela ni Provincial

Agrarian Reform Program Officer Rogelio Marzan ng paggawad ng mga titulo. Wala maaayos na maisagot ang lokal na upisina ng DAR sa Tarlac kaya minabuti ng mga magsasaka na ihapag ang kanilang kaso sa pambansang upisina.

Sa bahagi ng mga residente ng Barangay Anunas, mayor na usapin sa kanila ang pagkansela ng lokal na upisina ng DAR sa Pampanga ng kanilang mga CLOA para bigyan-daan ang pag-agaw ng Vive Eagle sa 73-ektaryang lupang binayaran na mga residente.

#### [English Translation]

### **Farmers of Hacienda Tinang assert land rights in DAR**

April 16, 2024

The farmers of Hacienda Tinang in Concepcion, Tarlac once again successfully asserted their legitimate and legal rights to the land in a dialogue held between them and the national office of the Department of Agrarian Reform (DAR) yesterday, April 15. DAR promised to grant ownership of the land within 15 days.

Concurrent with the dialogue, the farmers, along with their supporters, picketed before the department's office. A hundred residents of Sityo Balubad, Barangay Anunas, Pampanga joined them in the picket-dialogue. Balubad residents formally reported their situation in Pampanga, where they face the threat of demolition and eviction.

The people of Tinang have repeatedly held dialogues with the DAR because of its delayed promise to install them in the 63.4-hectare land they have long been cultivating. The last of these dialogues was only on March 20 where they were informed that they will be installed as land owners on April 11.

But on April 5, the farmers received a letter that Provincial Agrarian Reform Program Officer Rogelio Marzan suddenly canceled the awarding of titles. The local DAR office in Tarlac was unable to answer so the farmers decided to take their case to the national office.

Meanwhile, residents of Barangay Anunas tabled the cancellation of the local DAR office in Pampanga of CLOAs to allow Vive Eagle to seize the 73-hectare land they already paid for.

## **Welgang transportasyon, idineklarang tagumpay ang unang araw**

Abril 16, 2024

Idineklara ng mga grupong Piston at Manibela na tagumpay ang unang araw ng welgang transportasyon kahapon, April 15. Ayon sa PISTON, umabot a 400 dyip ang lumahok sa protesta mula sa University of the Philippines patungong upisina ng LTFRB para igiit ang pag-atras ng pwersahang konsolidasyon ng prangkisa sa darating na Abril 30. Panawagan nila, muling igawad sa mga drayber at opereytor ang 5-taong indibidwal na prangkisa.

Sa taya ng grupo, nasa 80% ng mayor na mga ruta sa Mertro Manila ang napahina, at ilang bahagi ng Cavite at Laguna ang naparalisa. Nagkaroon din ng katulad na mga pagparalisa sa Iloilo City, Bacolod City at Cebu.

Kinutya ng mga grupo ang pahayag ng MMDA na "walang epekto" ang welga. Kinwestyon nila ang pagtalaga ng 6,000 pulis laban sa kanila sa Quezon City. Nagpakalat rin ng mga pulis sa Cavite at Laguna laban sa mga welgista.

"Kung walang epekto ang strike, bakit ang daming pulis? Bakit andaming hinaharass na mga nagwewelga? Bakit andaming stranded na komyuter?" bwelta ng Piston sa MMDA. Bago ang welga, isinuspinde na ng Department of Education at mga unibersidad ang mga klase para sa Abril 15 at 16 dahil inaabhang tiyak na marami ang mahihirapang sa masasakyang

Sa byahe patungong LTFRB, tinangka pang harangin ng mga pulis ang mga nagwewelga. Dahil sa paggigiit ng mga drayber at opereytor, nagawa nilang umabot sa upisina ng LTFRB at doon nagpalipas ng gabi.

Kaninang umaga, Abril 16, tumulak sa Welcome Rotonda ang mga tsuper at kanilang mga tagasuporta.

Daan-daang mga estudyante at iba pang kompyuter ang nakiisa sa welga. Tuluy-tuloy pang umaani ng suporta ang kanilang makatarungang laban. Ang 2-araw na welga na ito ay bahagi sa serye ng mga

aktibidad na isasagawa ng Piston at Manibela hanggang katapusan ng buwan.

### [English Translation]

## **Transport strike's first day declared a victory**

April 16, 2024

Piston and Manibela groups declared the first day of the transportation strike yesterday, April 15, a success. According to PISTON, up to 400 jeepneys participated in the protest from the University of the Philippines to the LTFRB office to demand withdrawing the enforced franchise consolidation on April 30. They called for the agency to resume granting drivers and operators their 5-year individual franchises.

According to the group's estimate, about 80% of major routes in Metro Manila were weakened, and some parts of Cavite and Laguna were paralyzed. Routes was also paralyzed in Iloilo City, Bacolod City and Cebu.

The groups derided the MMDA's statement that the strike had "no effect." They questioned the deployment of 6,000 police against them in Quezon City. Police were also deployed in Cavite and Laguna against strikers.

"If the strike was ineffective, why are there so many police? Why do they harass the strikers? Why are there many stranded commuters?" Piston retorted to MMDA. Prior to the strike, the Department of Education and universities had

already suspended classes for April 15 and 16 knowing that many will definitely have difficulty with transportation.

Police tried to block the strikers on their way to LTFRB. Due to their insistence, the drivers and operators were able to reach the LTFRB office and spent the night there.

This morning, April 16, the drivers and their supporters drove to the Welcome Rotonda.

Hundreds of students and other commuters joined the strike. The just fight continues to garner support. This 2-day strike is part of a series of activities that Piston and Manibela vowed to carry out until the end of the month.

## **Lupang Tartaria, sinalakay muli ng mga maton ng mga Aguinaldo at Ayala**

Abril 18, 2024

Nasugatan at hinimatay ang isang lokal na residente ng Lupang Tartaria sa Silang, Cavite noong Abril 16 nang nagpumilit ang mga gwardya mula Jarton Security Services na pasukin ang komunidad ng mga magsasaka. Tinamaan ng makalawang na yero ang paa ng naturang residente, dahilan ng kanyang pagkahimatay.

Ayon sa Samahan ng Magsasaka at Mamamayan ng Tartaria (SAMATA), sumugod at nakipagtulakan ang mga gwardya sa Tartaria sa layuning bakuran ang lupa. Ang mga gwardya ay nagsisilbing private goons ng tambalang Ayala-Aguinaldo, na matagal nang umaangkin sa

naturang lupa. Iligal ang pagbabakod ng mga ito dahil nakabimbin pa ang desisyon sa pagmamay-ari ng lupa sa Department of Agrarian Reform (DAR) at Korte Suprema. Hindi pa rin nagtatagal na nagkaroon ng usapan sa barangay na ititigil ang nasimulan nang pagbabakod, ayon sa SAMATA.

Naglunsad ng pagkilos ang mga residente ng Lupang Tartaria sa araw ding iyun para kundenahin at pigilan ang pagbabakod. Ang lupang binabakuran ay nasa bawndari ng Barangay Lumil at Tartaria.

“Malinaw na paglabag sa napag-usapan sa barangay hinggil sa pagtitigil ng operasyon ng kanilang pagbabakod at malinaw na paglabag ito sa karapatan ng mga residente ng Tartaria para sa kanilang lupang panirikan at sakahan,” ayon sa SAMATA.

Mariin ding kinundena ng mga pambansa-demokratikong grupo sa Cavite ang ginawang pananalakay at pandarahas ng mga pribadong goons ng Ayala-Aguinaldo at mga pulis ng Cavite na nagreimpors sa kanila.

“Patuloy na naglalaway ang mga gahamang Ayala-Aguinaldo sa lupa ng Tartaria,” pahayag ng Panday Sining-Cavite. “Dapat ding singilin ang kapalpakan at kakuparan ng DAR na pabigat sa kalbaryo ng mga magsasaka ng Tartaria hinggil sa kasiguraduhan sa lupang sila mismo ang sumasaka.”

"Ito ay isang malinaw na manipestasyon na nananatiling huwad ang repara sa lupa na inaalok ng bulok na rehimeng US-Marcos Jr. Dekada na ang nakalipas, hindi pa rin ibinibigay sa mga lehitimong magsasaka at mamamayan ng Tartaria ang kanilang lupain na sila mismo ang nagpapaunlad at naglinang," ayon naman sa Katipunan ng mga Magbubukid sa Timog Katagalugan.

Pinakahuli ang pananalakay sa walang tiigl na pagbabanta at pandarahas ng mga gwardya sa mga residente ng Lupang Tartaria. Noong Abril 13, umikot ang mga gwardya sa komunidad. Pinasok pa nila ang bahay ng isang residente.

Noong Abril 15, nagpasa ng liham ang SAMATA sa barangay para muling hilingin sa lokal na mga awtoridad na itigil ang pagbabakod ng Ayala-Aguinaldo. Sa araw na iyun, hinarap sila ng kinatawan ng kumpanya na si Luie Jimenez. Hiniling ng mga magsasaka sa barangay na maglabas ng katibayan para panatilihin ang "status quo" at bawiin ang fencing permit (permiso sa pagbabakod) na inaprubahan nito. Ayon sa abugado ng mga magsasaka, walang "writ of possession" ang kumpanya kung kaya iligal ang ibinigay dito na permiso para magbakod. Iginiit din nilang pigilan ang pananakot at panggigipit ng Jarton Security Services sa mga residente ng Tartaria.

"Sa kabilang pag-uusap sa barangay hall kaharap ang representante ng mga Ayala-Aguinaldo na si Luie Jimenez, iligal na namang nagbakod ang mga gwardya sa mga sakahang hindi isinuko," ayon sa

SAMATA. "Ito ay direktang pambabastos sa karapatan ng mga magsasaka at mamamayan ng Tartaria, maging sa mga upisyal ng ating barangay."

Ang Tartaria ay bahagi ng 200-ektaryang inaangkin ng angkang Aguinaldo sa Cavite. Katuwang ng mga Aguinaldo ang Ayala Land Inc. sa pangangamkam ng lupa bilang land developer.

Anim na dekada nang ipinaglalaban ng mga residente dito, marami mga tubong Ifugao at Moro, ang kanilang karapatan sa lupang kinatitirikan ng kanilang mga bahay at maliliit na negosyo. Kung matutuloy ang demolisyon, aabot sa 350 ektarya ng lupang pang-agrikultura ang makakamkam ng angkang Aguinaldo habang 500 manggagawa ang mawawalan ng kabuhayan.

#### **[English Translation]**

#### **Aguinaldo and Ayala thugs attack Tartaria land again**

April 18, 2024

A local resident of Lupang Tartaria in Silang, Cavite was injured and lost consciousness on April 16 when guards from Jarton Security Services forcibly entered their farming community. The resident's leg was wounded by a rusty roof, causing him to faint.

According to the Samahan ng Magsasaka at Mamamayan ng Tartaria (SAMATA), the guards in Tartaria stormed the community and shoved

residents to fence off the land. The guards serve as private goons of the Ayala-Aguinaldo tandem, who have long been laying claim to the land. Putting up the fence is illegal because the decision on land ownership is still pending with the Department of Agrarian Reform (DAR) and the Supreme Court. This was also soon after an agreement reached in the barangay to stop the activity that had already started, according to SAMATA.

Lupang Tartaria residents launched an action the same day to condemn and stop the guards from putting up fences. The fenced land is on the border of Barangay Lumil and Tartaria.

"This is a clear violation of a barangay agreement regarding the cessation of putting up the fence and a clear violation of the rights of the residents of Tartaria to their residential and farm land," according to SAMATA.

National-democratic groups in Cavite also strongly condemned Ayala-Aguinaldo's private goons and the Cavite policemen reinforcements for the attack and violence.

"The greedy Ayala-Aguinaldos continue to drool over the land of Tartaria," said Panday Sining-Cavite. "DAR should also be held accountable for its incompetence and inaction which worsens the suffering of Tartaria farmers regarding the security in the land they themselves farm."

"This is a clear manifestation that the land reform offered by the corrupt US-Marcos Jr regime

remains bogus. For decades, the legitimate farmers and citizens of Tartaria are not granted the land that they themselves develop and cultivated,” according to the Katipunan ng mga Magbubukid in Timog Katagalugan.

The attack was the latest in the guards’ relentless threats and violence against Lupang Tartaria residents. On April 13, guards patrolled the community. They even forcibly entered into a resident’s house.

On April 15, SAMATA forwarded a letter to the barangay to once again request the local authorities to stop the Ayala-Aguinaldo from fencing off their land. On that day, the company representative Luie Jimenez was present. Farmers asked the barangay to produce a document to maintain the “status quo” and withdraw the fencing permit that has been approved. According to the farmers’ lawyer, the company did not have a “writ of possession” and therefore its fencing permit was illegal. They also demanded a stop to the Jarton Security Services’ intimidation and harassment of Tartaria residents.

“Despite the agreement in the barangay hall in front of the Ayala-Aguinaldo representative, Luie Jimenez, the guards again illegally fenced off the farms that were not surrendered,” according to SAMATA. “This is a direct insult to the rights of the farmers and citizens of Tartaria, even to the officials of our barangay.”

Tartaria is part of the 200-hectare property claimed by the Aguinaldo clan in Cavite. Ayala

Land Inc. partners with the Aguinaldos in land grabbing as a land developer.

For six decades, the residents here, many of whom are Ifugao and Moro, have been fighting for their right to the land where their houses and small businesses stand. If the demolition proceeds, up to 350 hectares of agricultural land will be seized by the Aguinaldos while 500 workers will lose their livelihood.

## **24-oras protestang ayuno, inilunsad ng mga detenidong pulitikal sa Negros**

Abril 19, 2024

Inilunsad ng mga detenidong pulitikal ng Negros ngayong araw, Abril 19, ang isang 24-oras na pag-ayuno para ipanawagan sa Commission on Human Rights na patuloy na imbestigahan ang mga paglabag sa karapatang-tao sa isla, partikular ang mga kaso mula nang maupo si Ferdinand Marcos Jr sa poder. Mayroong 128 detenido sa isla ng Negros, na bumubuo sa 16% ng lahat ng mga detenidong pulitikal sa bansa.

Ayon sa pamilya at mga kaibigan ng mga detenido sa ilalim ng Kapatid (Kapisanan para sa Pagpapalaya ng mga Detenidong Pilitikal sa Pilipinas)-Negros, ang ayuno-protesta ay tugon sa ibinunyag ng CHR noong Marso 9 na barado ang mga imbestigasyon nito sa isla dahil sa pagtangging makipagtulungan ng mga yunit ng Armed Forces of the Philippines dito.

Kabilang sa mga di umusad na imbestigasyon ang pagdukot ng mga pwersang estado at pagdesaparesido kay Lyngrace Marturillas, anak ng detenidong si Mary Joy Enyong. Si Marturillas, noo'y kasama ni Rogelio Posadas at dalawang drayber ng habal-habal na sina Renald de los Santos at Denald Mialen ay hinarang ng mga sundalo sa Hinigaran-La Castillana Road noong Abril 19, 2023. Kinabukasan, inianunsyo ng 62nd IB na napatay si Posadas sa Barangay Biao sa diumano'y isang engkwentro sa pagitan ng BHB at AFP. Hanggang ngayon, di inaamin ng AFP na dinakip nito sina Marturillas, de los Santos at Mialen.

Nanawagan ang Human Rights Advocates in Negros sa 303rd IBde na ilitaw na sina Mialen, de los Santos at Marturillas sa anibersaryo ng kanilang pagdukot. Nanawagan rin ito ng hustisya para kay Rogelio Posadas.

Mula nang maupo sa poder si Ferdinand Marcos Jr, sumirit ang bilang ng mga paglabag sa karapatang-tao at sa internasyunal na makataong batas sa Negros, ayon sa Kapatid-Negros.

Kabilang dito ang pagmasaker sa pamilyang Fausto noong Hunyo 14, 2023, pagmasaker sa limang hor de combat na myembro ng BHB at isang drayber ng traysikel noong Setyembre 21, 2023 sa Kabankalan City, gayuding ang pambobomba na isinagawa sa Escalante City noong Pebrero 21 ngayong taon.

**[English Translation]**

## **Negros political detainees launch 24-hour protest fast**

April 19, 2024

Negros political detainees launched today, April 19, a 24-hour fast to call on the Commission on Human Rights to continue investigating human rights violations in the island, particularly cases since Ferdinand Marcos Jr. assumed power. There are 128 detainees on Negros island, making up 16% of all political detainees nationwide.

According to the family and friends of the detainees under Kapatid (Kapisanan para sa Pagpapalaya ng mga Detinidong Politikal sa Pilipinas)-Negros, the fast-protest was in response to the CHR's revelation on March 9 that its investigations on the island are being hampered by the units of the Armed Forces of the Philippines' refusal to cooperate.

Among the impeded investigations is the abduction and disappearance by state forces of Lyngrace Marturillas, daughter of detainee Mary Joy Enyong. Marturillas. The young Marturillas who was then with Rogelio Posadas and two habal-habal drivers Renald de los Santos and Denald Mialen, were stopped by soldiers on Hinigaran-La Castellana Road on April 19, 2023. The next day, the 62nd IB announced that Posadas was killed in Barangay Biao in an alleged encounter between the NPA and the AFP. Until now, the AFP has not admitted abducting Marturillas, de los Santos and Mialen.

Human Rights Advocates in Negros called on the 303rd IBde to surface Mialen, de los Santos and Marturillas on the anniversary of their abduction. It also called for justice for Rogelio Posadas.

Since Ferdinand Marcos Jr came to power, the number of violations of human rights and international humanitarian law in Negros has increased, according to Kapatid-Negros. These include the massacre of the Fausto family on June 14, 2023, the massacre of five hor de combat members of the NPA and a tricycle driver on September 21, 2023 in Kabankalan City, and the bombing that was carried out in Escalante City on February 21 this year.

## **Iligal na demolisyon sa komunidad ng 700 pamilya sa Quezon City**

Abril 19, 2024

Iligal na giniba ng pinagsamang mga pwersa ng National Housing Authority at pulis ang kabahayan sa Sityo San Isidro, Barangay Pag-aso, Quezon City kahapon, Abril 17. Ayon sa ulat ng Kadamay, 50 bahay ang winasak ng pinagsanib na mga pwersa ng National Housing Authority at mga pulis ng Quezon City para bigyan-daan ang planong itayong paradahan ng Philippine Children's Medical Center. May 700 pamilya sa naturang komunidad.

Sa ulat ng grupo, walang notice of demolition o certificate of compliance na ipinakita ang mga demolition team. Isinagawa ang paggiba ng mga bahay nang walang naunang konsultasyon. Wala

ring alok na relokasyon o ayuda sa mawawalan ng tirahan. Lahat nang tumutol sa demolisyon ay pinagbantaang kakasuhan. Kara-karaka ang pagpapalayas ng mga residente sa lugar. Pagkatapos ng demolisyon, natulog sa kalsada ang 20 pamilya, kabilang ang mga buntis at nanay na may mga sanggol.

Dating 1,700 pamilya ang nakatira sa Sityo San Isidro, pero marami nang napaalis sa lugar dahil sa palagiang banta ng demolisyon. Napilitan silang tumanggap ng relokasyon sa malalayong lugar tulad ng Pandi at Norzagaray sa Bulacan, at sa Morong sa Rizal.

Mariing kinundena ng Kadamay ang iligal na demolisyon, ang kawalang proseso, konsultasyon, babala, dokumentasyon at makatarungang kompensasyon nito. Kinundena din nila ang intimidasyon at pambabanta ng PNP at ng demolition team.

“Habang nagpapatuloy ang demolisyon sa katabing sityo ng San Roque, bilang bahagi ng pagtatayo ng Solaire North, hindi lamang bigo ang lokal na gubyerno ng Quezon City... na protektahan ang mga constituent nito sa syudad, naging aktibong kalahok pa ito sa panggigipit.” Ang Solaire North, isang magarbong hotel at casino, ay bahagi ng Bloomberg Resorts Corporation na pagmamay-ari ni Enrique K. Razon Jr.

Ayon sa Kadamay, laganap ang pagpapalayas sa mga maralita sa kanilang mga komunidad. Anito, mula Enero hanggang Marso lamang ngayong

taon, nagkaroop na ng 2,424 insidente ng mga sunog, karamihan sa mga maralitang komunidad.

“Kilalang taktika ng mga developer ang pwersahang pagpapalayas sa mga residente mula sa kanilang mga bahay,” ayon sa grupo. Noon lamang Marso, nasunog ang Barangay Pinyahan, Quezon City.

Sa labas ng Metro Manila, di bababa sa walong sunog na ang naitala sa Cavite, kung saan nakatakdang ang konstruksyo ng Manila-Cavite Toll Expressway Project (MCTEX), at ang 420-hektaryang proyektong reklamasyon sa Bacoor City.

#### **[English Translation]**

### **Government forces illegally demolish community with 700 families in Quezon City**

April 19, 2024

The combined forces of the National Housing Authority (NHA) and the police illegally demolished the houses in Sityo San Isidro, Barangay Pag-aso, Quezon City yesterday, April 17. According to Kadamay's report, 50 houses were destroyed by the combined forces of the NHA and Quezon City police to make way to the construction of a parking lot for the Philippine Children's Medical Center. This community has 700 families.

The group's report say the demolition team did not present any notice of demolition or certificate

of compliance. They demolished houses without prior consultation. They also did not offer relocation or assistance to the homeless. All who objected to the demolition were threatened with prosecution. Residents were arbitrarily evicted. After the demolition, 20 families slept on the street, including pregnant women and mothers with infants.

Up to 1,700 families used to live in Sityo San Isidro, but many have been displaced due to the constant threat of demolition. They were forced to accept relocation to distant places such as Pandi and Norzagaray in Bulacan, and Morong in Rizal.

Kadamay strongly condemned the illegal demolition, its lack of due process, consultation, warning, documentation and fair compensation. They also condemned the PNP and the demolition team for their intimidation and threats.

“As the demolition of the adjacent San Roque site continues, as part of the construction of Solaire North, the local government of Quezon City has not only failed... to protect its constituents in the city, it has even become an active participant in the harrassment.” Solaire North, a luxury hotel and casino, is part of the Bloomberry Resorts Corporation owned by Enrique K. Razon Jr.

Kadamay says the eviction of the poor from their communities is widespread. It says, from January to March alone this year, there have been 2,424 incidents of fires, mostly in urban poor communities.

“Forcibly evicting residents from their homes is a well-known tactic of developers,” according to the group. Just last March, Barangay Pinyahan in Quezon City was burned down.

Outside of Metro Manila, at least eight fires have been recorded in Cavite, where there are construction plans for the Manila-Cavite Toll Expressway Project (MCTEX), and the 420-hectare reclamation project in Bacoor City.

## **Kaso laban sa Piston 6, ibinasura ng korte matapos ang 4 na taon**

Abril 21, 2024

Makalipas ang halos apat na taon, ibinasura ng isang korte sa Caloocan City noong Abril 19 ang kaso laban sa anim na drayber ng dyip na kasapi ng Pagkakaisa ng mga Samahan ng Tsuper at Operator Nationwide (Piston), kilala din bilang Piston 6. Inaresto ang mga drayber noong Hunyo 2, 2020 habang nagsasagawa ng protesta sa Caloocan City para iigiit na muling makapasada noong panahon ng pandemya. Isang linggo silang nabimbin at pansamantala lamang nakalaya matapos makapagpyansa.

Kinatigan ng korte ang inihain na “demurrer to evidence” ng Piston 6 na nagdiin na walang sapat na batayan ang kasong “Simple Resistance and Disobedience to a Person in Authority” na isinampa sa kanila ng mga umarestong pulis. Kabilang sa mga ikinulong noon si Elmer Cordero, noo'y 72, at ang Deputy Secretary General ng Piston na si Ruben Baylon.

Inaresto ang Piston 6 dahil sa sinasabing paglabag sa “lockdown” na noo’y ipinatutupad sa Metro Manila. Dati nang iginiit ng Piston na isa lamang itong taktika ng panggigipit laban sa kanilang pakikibaka para sa pagbabalik-pasada dahil nag-obserba naman sila ng tamang distansya sa isa’t isa habang nagpuprotesta.

Matatandaang binatikos noong pandemya ng mga drayber ng dyip ang rehimeng US-Duterte sa pagbabawal sa kanila na bumyahe sa tabing ng “mga hakbanging” kaugnay ng pandemyang Covid-19. Higit na masahol, pinaburan pa sa panahong ito ang mga “modernong dyip.” Ginamit din itong taktika sa pagpapatupad ng bulok na programang Public Utility Vehicle Modernization Program at unti-unting pag-phase-out sa mga dyip. Nagresulta ito sa labis na pagkalugi at pagkalugmok ng mga drayber at opereytor.

Ayon sa Piston, ang pagbasura sa kaso laban sa mga drayber ay patunay na waste ang pagkilos para sa kabuhayan at ang paglaban na manatiling namamasada ang mga dyip. “Lalo lamang nitong inilalantad ang walang habas na panunipil ng estado sa militanteng sama-samang pagkilos para pagtatanggol ng ating kabuhayan,” giit pa ng grupo.

#### **[English Translation]**

#### **Court dismisses case against Piston 6 after 4 years**

April 21, 2024

Almost four years later, a Caloocan City court on April 19 dismissed the case against six jeepney drivers who are members of the Pagkakaisa ng mga Samahan ng Tsuper and Operator Nationwide (Piston), also known as the Piston 6. The drivers were arrested on June 2, 2020 while holding a protest in Caloocan City to demand the resumption of their transport during the pandemic. They were detained for a week and only temporarily released after posting bail.

The court upheld Piston 6's "demurrer to evidence" which emphasized that the charge of "Simple Resistance and Disobedience to a Person in Authority" filed against them by the arresting police officers had no sufficient grounds. Among those detained at the time were Elmer Cordero, then 72, and Piston's Deputy Secretary General, Ruben Baylon.

The Piston 6 was arrested for allegedly violating the "lockdown" that was being implemented in Metro Manila at the time. Piston already earlier insisted that this was just a pressure tactic against their struggle for reinstatement as they observed proper distancing during the protest.

It can be recalled that during the pandemic, jeepney drivers condemned the US-Duterte regime for prohibiting them from traveling under the pretext of "measures" related to the Covid-19 pandemic. Worse, "modern jeeps" were even favored during this period. This tactic was also used in the implementation of the rotten Public Utility Vehicle Modernization Program and the gradual phase-out of jeepneys. This resulted in

excessive losses and destitution of drivers and operators.

Piston says the dismissal of the case against the drivers is proof that the demand for livelihood and the fight to keep the jeeps on the market is correct. "This only further exposes the state's wanton repression of militant collective action to defend our livelihood," the group insisted.

## **Parangal kay Ka Rekka, idinaos ng mga aktibista, kaibigan at kapamilya sa UP Diliman**

Abril 21, 2024

Hindi bababa sa 500 kapamilya, kaibigan, at kasama ni Kaliska Dominica Peralta (Ka Rekka) ang nagtipon sa University of the Philippines (UP)-Diliman Film Center kahapon, Abril 20, para pagpugayan ang kanyang kabayanihan at gunitain ang makabuluhang buhay na inialay niya sa paglilingkod sa masang anakpawis. Si Ka Rekka, isang Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan, ay sadyang pinatay ng militar matapos madakip noong Abril 10 sa Barangay Butong, Quezon, Bukidnon.

Bago ang programa, nagmartsa ang mga dumalo sa loob ng kampus ng UP-Diliman para itanghal si Ka Rekka. Siya ay dating dating estudyante ng UP-Diliman College of Mass Communication (CMC) at pinuno ng lokal na balangay ng League of Filipino Students. Nagpasya siyang sumapi sa hukbong bayan noong 2016.

Nagbigay ng mensahe sa naturang programa ang kanyang pamilya, mga kaibigan at naging kasama bilang aktibista sa UP-Diliman. Sinariwa nila ang mga panahong kasama nila si Ka Rekka at ikinwento ang kanyang husay, sipag at katatagan sa paninindigan. Nagpahayag naman ng pagpupugay ang Kabataang Makabayan sa isang mensaheng binasa ng kasapi nito. Dumalo rin sa pagtitipon ang mga beteranong aktibista na sina Ka Satur Ocampo, Liza Maza, dating dekano ng UP CMC na si Dean Roland Tolentino, at ilang mga guro ng UP-Diliman.

Nanawagan din ang mga dumalo ng hustisya para kay Ka Rekka at pagpapanagot sa mga upisyal at sundalo ng Armed Forces of the Philippines (AFP) na sangkot sa sadyang pagpatay sa kanya. Sa impormasyong nakalap kaugnay ng insidente, walang armas si Ka Rekka nang dakpin siya ng mga ahente ng militar at pulisia. Dinala siya sa ibang bahagi ng barangay kung saan siya binaril at pinatay. Tatlong iba pa ang inaresto ng AFP. Pinatutunayan ng mga lokal na saksi na walang labanan, taliwas sa mga pahayag ng militar at pulisia.

Ang padron ng pagdakip at sadyang pagpatay sa mga rebolusyonaryo at hors de combat ng BHB ay malinaw na paglabag sa internasyunal na makataong batas at maituturing na isang krimen sa digma.

Nagpaabot ang Partido Komunista ng Pilipinas ng pakikiramay sa pamilya at mga kaibigan ni Ka Rekka, isang militanteng rebolusyonaryong

minamahal ng masang magsasaka at mga Lumad sa Mindanao.

“Sa kabilang lahat ng paghihirap at sakripisyo, nagpunyagi si Ka Rekka at ibinigay ang kanyang lahat. Dala niya lagi ang saya at sigla sa BHB at sa masa. Ang kanyang mga kontribusyon sa lahat ng larangan ng rebolusyonaryong gawain ay iingatan at aalalahanin ng bayan magpakailanman.”

#### [English Translation]

### **Activists, friends and family pay tribute to Ka Rekka in UP Diliman**

April 21, 2024

At least 500 family members, friends, and associates of Kaliska Dominica Peralta (Ka Rekka) gathered at the University of the Philippines (UP)-Diliman Film Center yesterday, April 20, to pay tribute to her heroism and commemorate the meaningful life she dedicated in service of the toiling masses. Ka Rekka, a Red fighter of the New People's Army, was extrajudicially killed by the military after being captured on April 10 in Barangay Butong, Quezon, Bukidnon.

Before the program, attendees marched inside the UP-Diliman campus to salute Ka Rekka. She is a former student of the UP-Diliman College of Mass Communication (CMC) and the local branch leader of the League of Filipino Students. She decided to join the people's army in 2016.

Her family, friends and fellow activists in UP-Diliman gave a message in this program. They

relived the times they spent with Ka Rekka and spoke of her skill, hard work and tenacity. Kabataang Makabayan expressed its respect in a message read by its member. Veteran activists Ka Satur Ocampo, Liza Maza, former UP CMC dean Dean Roland Tolentino, and several UP-Diliman teachers also attended the gathering.

Those present also called for justice for Ka Rekka and the accountability of the officers and soldiers of the Armed Forces of the Philippines (AFP) who were involved in her extrajudicial killing.

Information gathered in relation to the incident says Ka Rekka was unarmed when apprehended by military and police agents. She was taken to another part of the barangay where she was shot and killed. Three others were arrested by the AFP. Local witnesses confirm that no fighting occurred, contrary to military and police statements.

The pattern of arrests and deliberate killings of NPA revolutionaries and hors de combat is a clear violation of international humanitarian law and is considered a war crime.

The Communist Party of the Philippines has extended its condolences to the family and friends of Ka Rekka, a militant revolutionary beloved by the masses of farmers and Lumads in Mindanao.

"Despite all hardships and sacrifices, Ka Rekka struggled and gave her all. She always brought joy and enthusiasm to the NPA and the masses. Her contributions in all fields of revolutionary work will be cherished and remembered by the people forever."

## **People's Earth Day: Porum at protesta kontra reklamasyon**

Abril 21, 2024

Nagsama-sama ang mga mangingisda, grupong maka-kalikasan, mga taong-simbahan at residente ng mga komunidad sa paligid ng Manila Bay sa isang porum at protesta sa Caloocan City at Navotas City kahapon, Abril 20, bilang bahagi ng paggunita sa nalalapit na Earth Day. Iginiit nila ang kagyat na pagpapatigil sa mapangwasak na mga reklamasyon at dredging sa Manila Bay, pati na rin sa iba pang bahagi ng bansa.

Isinagawa nila ang porum sa pangunguna ng Diocesan Shrine and Parish of Our Lady of Grace sa Caloocan City kung saan nagbigay ng mensahe ang iba't ibang mga grupo at mga taong simbahan. Nagtanghal din ang mga kabataan ng mga sayaw at dula para ipakita ang kanilang pangangalaga sa kalikasan. Kasunod nito, nagsagawa sila ng protesta at isang "human chain" sa tulay ng Navotas City.

Sa protesta, ipinanawagan ng Pembansang Lakas ng Kilusang Mamamataya ng Pilipinas (Pamalakaya) ang pagpapatigil sa nagagaganap na demolisyon ng lokal na gubyerno ng Navotas City sa mga tahungan at iba pang istrukturang pangisda sa syudad. Umabot na sa 20 kilometro ng mga istruktura ang winasak nito simula Marso 16.

Nauna nang ipinabatid ng Pamalakaya at ng mga mangingisda ng Navotas na tiyak silang tatamaan

ng demolisyon sa itinutulak na 650-ektaryang Navotas Bay Reclamation Project. Ito ay proyekto ng lokal na gubyerno at kasosyo nitong Argonbay Construction Company, subsidyaryo ng San Miguel Corporation na pag-aari ni Ramon Ang.

Sa datos ng Pamalakaya, mula nang simulan ang mga reklamasyon sa baybayin ng Navotas noong nakaraang taon, bumagsak nang 80% ang arawang kita ng mga manggingisda. Ngayong 2024, hindi na rin tumanggap ang lokal na gubyerno ng aplikasyon ng bagong permit para sa operasyon ng mga tahungan dito.

“Libu-libong manggingisda at manggagawa sa pangisdaan na umaasa sa industriya ng tahungan sa syudad ang nawalan na ng kanilang kabuhayan nang walang alternatibo o tulong mula sa gubyerno,” ayon kay Fernando Hicap, pambansang tagapangulo ng grupo. Sa harap nito aniya, magpapatuloy sila sa pagtutol sa pagtatanggal sa kabuhayan ng mga manggingisda at sa mapangwasak na reklamasyon.

Ang 650-ektaryang reklamasyong ito ay isa lamang sa 22 proyektong reklamasyon na aprubado sa Manila Bay. Sa datos ng Philippine Reclamation Authority (PRA) noong 2023, mayroong 187 kasalukuyang umiiral at aprubadong mga proyektong reklamasyon sa buong bansa.

Kaisa ng Pamalakaya sa mga aktibidad at panawagan na ito ang EcoConvergence, Ministry of Ecology-Dioocese of Kalookan, People’s Network for the Integrity of Coastal Habitats and

Ecosystems, Ecumenical Bishops Forum, National Council of Churches in the Philippines, Promotion of People's Church Response, Church People-Workers Solidarity (CWS) at grupong Defend Manila Bay.

Nagpaabot din ng suporta sa pagtitipon ang Caritas Philippines. Ayon kay Bishop Jose Colin Bagaforo, pangulo ng grupo, kinakailangan ang suporta ng publiko sa pagtatanggol sa Manila Bay dahil malaki ang magiging epekto sa lahat kung masisira ito.

“Ang pagprotekta sa kalikasan ay hindi lamang usaping pangkalikasan. Usapin din ito ng hustisyang panlipunan. Ang Manila Bay ay hindi lamang ecological marvel. Ito ang pinagmumulan ng buhay ng mga mangingisda at buu-buong mga komunidad,” pahayag ni Bishop Bagaforo sa English.

Sa darating na Abril 22, ipagdiriwang sa buong mundo ang Earth Day o araw ng pagtatanggol sa kalikasan mula sa pangwawasak at pandarambong. Una itong ginunita noong Abril 1970.

#### **[English Translation]**

#### **People's Earth Day: Forum and protest against reclamation**

April 21, 2024

Fisherfolk, environmental groups, religious people and residents of communities around Manila Bay came together in a forum and protest in Caloocan

City and Navotas City yesterday, April 20, as part of commemorating the upcoming Earth Day. They demanded an immediate halt to destructive reclamations and dredging in Manila Bay, as well as in other parts of the country.

They held the forum led by the Diocesan Shrine and Parish of Our Lady of Grace in Caloocan City where different groups and church people gave messages. The youth also performed dances and plays to show their concern for the environment. Subsequently, they staged a protest and a “human chain” on the Navotas City bridge.

In the protest, the Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamataya ng Pilipinas (Pamalakaya) called for the local government of Navotas City to stop its ongoing demolition of the mussel farms and other fishing structures in the city. It has destroyed 20 kilometers of structures since March 16.

Pamalakaya and Navotas fisherfolk had earlier announced that they will definitely be hit by the demolition under the 650-hectare Navotas Bay Reclamation Project being pushed. It is a project of the local government and its partner Argonbay Construction Company, a subsidiary of San Miguel Corporation owned by Ramon Ang.

Pamalakaya data says since the reclamation of the Navotas coast began last year, the daily income of fisherfolk has fallen by 80%. This 2024, the local government will no longer accept the new applications for permits for mussel farm operations.

"Thousands of fisherfolk and fishery workers who depend on the city's tuna industry have lost their livelihoods without alternatives or assistance from the government," according to Fernando Hicap, national chairman of the group. Amid all this, he said they will continue to oppose the removal of fisherfolk's livelihood and the destructive reclamation.

This 650-hectare reclamation project is one of only 22 projects approved in Manila Bay. Philippine Reclamation Authority (PRA) data in 2023 says there are 187 existing and approved reclamation projects nationwide.

EcoConvergence, Ministry of Ecology-Dioecese of Kalookan, People's Network for the Integrity of Coastal Habitats and Ecosystems, Ecumenical Bishops Forum, National Council of Churches in the Philippines, Promotion of People's Church Response, Church People-Workers Solidarity (CWS) and Defend Manila Bay group joined Pamalakaya in these activities and calls.

Caritas Philippines also extended support to the gathering. According to Bishop Jose Colin Bagaforo, president of the group, public support is needed in the defense of Manila Bay because it will have a big impact on everyone if it is destroyed.

"Protecting the environment is not just an environmental issue. It is also a matter of social justice. Manila Bay is not only an ecological marvel. This is the source of life for fisherfolk and entire communities," Bishop Bagaforo said.

On April 22, the world celebrates Earth Day or the day to protect environmental destruction and plunder. It was first commemorated in April 1970.

## **Tree planting, inilunsad para alalahanin si Chad Booc, manawagan ng hustisya sa New Bataan 5**

Abril 21, 2024

Sa ika-30 kaarawan ni Chad Booc, aktibista at boluntir na guro ng mga Lumad, nagsagawa ng tree planting ang mga kaanak, kaibigan at mga progresibong organisasyon ng Central Visayas sa Barangay Talamban, Cebu City noong Abril 17. Nagtanim sila ng mga puno bilang simbolikong pag-alaala sa pakikibaka ni Booc para sa pangangalaga sa kalikasan at lupang ninuno ng mga Lumad ng Mindanao. Ang pamilyang Booc ay taga-Cebu.

Pinaslang ng 10th ID sina Booc at Gelejurain "Jurain" Ngujo II, kapwa boluntir na guro, ang development worker na si Elegyn Balonga, at kasama nilang dalawang drayber na sina Tirso Añar at Robert Aragon, kilala rin bilang New Bataan 5 sa New Bataan, Compostela Valley (ngayon ay Davao de Oro) noong Pebrero 24, 2022. Sila ay dinakip at sadyang minasaker ng mga sundalo ng rehimeng US-Duterte.

Sa imbestigasyon ng National Democratic Front-Southern Mindanao noon, dinukot at hawak na ng mga pwersa ng militar noong gabi ng Pebrero 23, 2022 ang limang sibilyan at pinalabas kinabukanan na mga kasapi ng Bagong Hukbong

Bayan na napatay sa engkwentro. Nadakip sila sa isang tsekpoyn na ilang kilometro lamang ang layo mula sa hedkwarters ng 66th IB sa New Bataan.

Malinaw din sa mga bangkay ng mga biktima na dumaan sila sa matinding pagpapahirap bago pinaslang. Sa autopsy na isinagawa ni Dr. Raquel Fortun noong Marso 2022, napag-alaman sa bangkay ni Booc na mayroong “malinaw na intensyon” na siya ay patayin. Anang doktor, tadtad ng bala ang katawan ng biktima.

Si Booc ay ginawaran ng “Most Distinguished Awardee” ng Center for Environmental Concerns (CEC) sa 7th Gawad Bayani ng Kalikasan noong Disyembre 2022. Pinili ng CEC si Booc dahil sa kanyang walang kapagurang pagtatanggol sa karapatan ng mga Lumad sa kanilang lupang ninuno at sa kalikasan laban sa mga mapaminsalang mina.

Nagsagawa ang mga progresibong grupo ng isang maiksing programa pagkatapos ng tree planting. “Magsilbi sanang buhay na patotoo ang mga punong ating itinanim sa kanilang alaala at simbolo ng ating walang maliw na panata sa kanilang mithiin,” ayon sa Karapatan-Central Visayas. Dagdag pa ng grupo na patuloy nitong kikilalanin ang sakripisyo at buhay na inialay ng New Bataan 5 sa pagpapatuloy ng kanilang laban para sa hustisya at kalayaan.

**[English Translation]**

## **Central Visayas organizations go tree planting to remember Chad Booc, call for justice for New Bataan 5**

April 21, 2024

On the 30th birthday of Chad Booc, activist and volunteer teacher of the Lumad, relatives, friends and progressive organizations of Central Visayas held a tree planting activity in Barangay Talamban, Cebu City on April 17. They planted trees in symbolic remembrance of Booc's struggle for the protection of the environment and ancestral land of the Lumads of Mindanao. The Booc family is from Cebu.

The 10th ID killed Booc and Gelejurain "Jurain" Ngujo II, fellow volunteer teachers, development worker Elegyn Balonga, and their two drivers, Tirso Añar and Robert Aragon, collectively known as the New Bataan 5 in New Bataan, Compostela Valley (now Davao de Oro) on February 24, 2022. They were captured and extrajudicially massacred by the US-Duterte regime soldiers.

In the investigation of the National Democratic Front-Southern Mindanao then, the military forces abducted and held five civilians on the night of February 23, 2022 and falsely claimed the next day they were New People's Army members who were killed in an encounter. They were captured at a checkpoint just a few kilometers from the headquarters of the 66th IB in New Bataan.

The victims' remains also clearly showed the severe torture they went through before being murdered. In the autopsy conducted by Dr. Raquel Fortun in March 2022, Booc's body indicated a "clear intent" to kill. The doctor said the victim's body was riddled with bullets.

Booc was honored the "Most Distinguished Awardee" by the Center for Environmental Concerns (CEC) at the 7th Gawad Bayani ng Kalikasan in December 2022. CEC chose Booc because of his tireless defense of the rights of the Lumad people to their ancestral land and environment against harmful mining.

The progressive groups held a short program after the tree planting. "May the trees we planted in their memory serve as a living testimony and a symbol of our unwavering commitment to their ideals," according to Karapatan-Central Visayas. The group added that it will continue to recognize the sacrifice and life that the New Bataan 5 gave by continuing their fight for justice and freedom.

## **Asembleya ng mga manggagawa para sa dagdag-sahod, inilunsad sa Quezon City**

Abril 22, 2024

Nagsama-sama ang iba't ibang mga grupo kahapon, Abril 21, sa Barangay Bagong Pag-aso, Quezon City para sa isang asembliya para talakayin ang kalagayan ng mga manggagawa at panawagang itaas ang sahod. Pinanungahan ang asembliya ng Multisectoral Wage Alliance.

Kabilang sa mga nagsalita ang IBON Foundation, Unity for Wage Increase (UWIN), Bukluran ng Manggagawang Pilipino (BMP), Gabriela Women's Party (GWP), Bayan Muna Partylist at Promotion of Church People's Response (PCPR). Nagkaisa ang mga dumalo sa asembliya na isulong ang pagtataas ng sahod sa nakabubuhay na antas, kasabay ng pagpapababa ng presyo ng mga bilihin at serbisyo. Tinalakay din ang karanasan ng mga manggagawa sa pribado at pampublikong sektor.

Giit nila, higit na napapanahon at makatwiran na muling magkaroon ng pambansang minimum na sahod, taliwas sa ngayo'y umiiral na magkakaibang sahod kada rehiyon, dahil hindi makatotohanan na mas mura ang halaga ng pamumuhay sa mga rehiyon labas ng National Capital Region.

Tinalakay sa asembliya ang malayong agwat ng minimum wage sa NCR na ₱610, pinakamataas na minimum sa buong bansa, at sa BARMM na ₱361. Alinman sa mga ito ay malayo sa kinakailangang Family Living Wage o nakabubuhay na sahod na ₱1,207 kada araw para sa may limang-kataong pamilya ayon sa pag-aaral ng Ibon Foundation. Pinasinungalingan din sa mga talakayan ang sinasabing malulugi ang mga kapitalista kung itataas ang sahod ng mga manggagawa.

Pinag-usapan din ang kalagayan ng sahod ng mga kawani ng gobyerno. Binatikos nila ang hindi makatarungang agwat ng sahod ng mga uniformed personnel (sundalo, pulis, bumbero at coastguard) kumpara sa mga nasa sibilyang burukrasya na nahahati pa sa pambansang

ahensya at mga ahensya ng lokal na gubyerno. Dahil sa pag-iral ng Salary Standardization Law V at Compensation and Position Classification System, nananatiling barat ang pasahod sa mga kawani.

Sa pagtitipong ito, pinagtibay ng Multisectoral Wage Alliance ang kanilang pagkakaisa at pagsusulong ng tuluy-tuloy na mga pagkilos upang makamit pagtataas ng sahod sa nakabubuhay na antas. Bahagi rin ang asembliya ng paghahanda para sa malawakang protestang manggagawa sa darating na Pandaigdigang Araw sa Paggawa sa Mayo 1.

#### **[English Translation]**

#### **Multisectoral groups launch assembly of workers for wage increase in Quezon City**

April 22, 2024

Various groups gathered yesterday, April 21, in Barangay Bagong Pag-aso, Quezon City for an assembly to discuss the plight of workers and call for higher wages. The assembly was headed by the Multisectoral Wage Alliance.

Among those who spoke were the IBON Foundation, Unity for Wage Increase (UWIN), Bukluran ng Manggagawang Pilipino (BMP), Gabriela Women's Party (GWP), Bayan Muna Partylist and Promotion of Church People's Response (PCPR). Those who attended the assembly were united in advancing the raising of wages to a living level, along with lowering the

prices of goods and services. The experience of private and public sector workers was also discussed.

They insist it is more timely and reasonable to once again have a national minimum wage, as opposed to the current differential wage per region. It is unrealistic that the cost of living is cheaper in regions outside the National Capital Region, they said.

The assembly discussed the wide gap between the minimum wage in the NCR of ₱610, the highest minimum in the entire country, and that of the BARMM of ₱361. Both wages are far from the needed family living wage of ₱1,207 per day for a five-person family according to the Ibon Foundation study. The discussions also refuted the claim that capitalists would lose money if workers' wages were raised.

The salary situation of government employees was also discussed. They condemned the unfair wage gap of uniformed personnel (soldiers, police, firefighters and coastguard) compared to those in the civilian bureaucracy which is further divided into national agencies and local government agencies. Due to the prevailing Salary Standardization Law V and Compensation and Position Classification System, wages remain cheap for employees.

At this meeting, the Multisectoral Wage Alliance affirmed their unity and promotion of continuous actions to achieve a living wage increase. The assembly is also part of the preparations for a

massive labor protest on the upcoming International Labor Day on May 1.

## **BrahMos missile weapon systems mula sa India, hawak na ni Marcos**

Abril 22, 2024

Dumating na sa Pilipinas ang unang bats ng BrahMos missile weapon systems mula sa India noong Abril 19. Ang kontrata sa pagbili ng mga misayl na ito ay unang nabuo ng Pilipinas at India noong Enero 2022. Nagkakahalaga ang mga armas ng \$375 milyon o ₱18.9 bilyon at binayaran gamit ang pondo ng bayan.

Inaasahang gagamitin ito ng rehimeng Marcos para higit pang painitin ang tunggalian sa China sa West Philippine Sea (WPS), bagay na sinusulsulan ng US. Tuwirang nagbanta ni Jonathan Malaya, assistant director general ng National Security Council, na magagamit ito laban sa “mananakop” sa territoryong pantubig ng bansa, na malinaw na pumapatungkol sa China.

Sinasabi naman ng ilang upisyal militar ng rehimeng Marcos na ang bagong misayl na Brahmos ay magbibigay ng dagdag na kakayahang sa Pilipinas at magagamit na “deterrence” o pampigil sa kahit anong tangkang atakehin ang soberanya at soberanong mga karapatan ng bansa.

Itinaon din ang pagdating ng armas sa panahon ng sunud-sunod na mga war games ng militar ng

US, Pilipinas at iba pang mga dayuhang militar sa lupa, dagat at kahanginan ng bansa.

Ang BrahMos missile, na maaaring ikabit sa submarine, barko, eroplano o gamitin sa kalupaan, ay isang armas laban sa mga barko. Kaya nitong abutin ang hanggang sa layong 290 kilometro, higit kalahati sa 370.4 kilometrong (200 nautical miles) exclusive economic zone ng Pilipinas mula sa baybayin.

Ang kada sistema nito ay mayroong dalawang missile launcher, isang radar at command-and-control center. Dalawang misayl ang kayang paliparin nito sa loob lamang ng 10 segundo. Ipagagamit ang BrahMos sa Coastal Defense Regiment ng Philippine Marine Corps. Ang misayl na Ito ay gawa ng BrahMos Aerospace Pvt Ltd., isang kumppanyang India-Russian.

Ang naturang armas ang kauna-unahang supersonic misayl ng Pilipinas. Ito rin ang unang ineksport na armas pandepensa ng India. Ang India ay kabilang sa grupong Quadrilateral Security Dialogue, kasama ang US, Australia at Japan. Aktibo itong ginagamit ngayon ng US sa heyopilitikal na estratehiya laban sa China. Sa kabilang panig, kabilang din ang India sa BRICS na kinabibilangan ng Brazil, Russia, China at South Africa.

#### **[English Translation]**

#### **Marcos gains BrahMos missile weapon systems from India**

April 22, 2024

The first batch of BrahMos missile weapon systems from India arrived in the Philippines on April 19. The purchase contract of these missiles was first clinched by the Philippines and India in January 2022. The weapons cost the public \$375 million or ₱18.9 billion.

The Marcos regime is expected to use these to further heat up the conflict with China in the West Philippine Sea (WPS), as intended by the US. Jonathan Malaya, assistant director general of the National Security Council, directly threatened to use it against an “occupier” in the country’s territorial waters, in clear reference to China.

Some military officials of the Marcos regime say that the new BrahMos missile will boost Philippine capabilities and can be used as a “deterrence” against any attempt to attack the country’s sovereignty and sovereign rights.

The weapon also arrived in time of the series of war games by the military of the US, the Philippines and other foreign militaries in the land, sea and air of the country.

The BrahMos missile, which can be mounted on submarines, ships, planes or used on land, is an anti-ship weapon. It has a range of up to 290 kilometers, more than half of the 370.4 kilometers (200 nautical miles) exclusive economic zone of the Philippines from the coast.

Each of its systems has two missile launchers, a radar and a command-and-control center. It can fire two missiles in just 10 seconds. The BrahMos

will be used in the Coastal Defense Regiment of the Philippine Marine Corps. This missile is manufactured by BrahMos Aerospace Pvt Ltd., an India-Russian company.

This weapon is the Philippines' first supersonic missile. It is also India's first exported defense weapon. India belongs to the Quadrilateral Security Dialogue group, along with the US, Australia and Japan. The US is now actively using it in its geopolitical strategy against China. On the other hand, India also belongs to BRICS which includes Brazil, Russia, China and South Africa.

## **Hustisya, muling ipinanawagan isang taon matapos ang pagdukot at pagpatay sa kabataang organisador sa Bohol**

Abril 22, 2024

Nanawagan ng hustisya ang Karapatan-Central Visayas para kay Arthur Lucenario, kabataang organisador sa rehiyon, sa unang anibersaryo ng pagdukot at sadyang pagpatay sa kanya ng 47th IB. Si Lucenario ay dinukot ng militar sa San Miguel, Bohol noong Abril 14, 2023.

Isang buwan siyang na lihim na ikinulong ng mga berdugo, tinortyur at saka pinalabas na Pulang mandirigma na napatay sa engkwentro noong Mayo 12, 2023 sa Barangay Tabuan, Antequera, Bohol. Kasapi ng grupong Anakbayan sa Cebu si Lucenario bago naging organisador sa Bohol.

"Dapat patuloy nating ilantad at kundenahin ang mga krimeng ito na isinasagawa ng militar at makiisa sa mga nakikipaglaban para sa kanilang mga karapatan at kalayaan," pahayag ng Karapatan-Central Visayas.

Ayon sa grupo, ang kaso ni Lucenario ay isa lamang sa napakaraming kaso ng sapilitang pagkawala sa rehiyon at sa buong bansa.

"Mayroong dumaraming padron ng mga kaso ng pagdukot sa mga aktibista at kasunod nito ay ipinaparada sila bilang mga sumuko o, sa mas malupit, pinalalabas silang mga kaswalti sa isang sinasabing engkwentro," ayon sa grupo.

Giit pa nila, sa panahong ito higit na kinakailangang magpunyagi ang mamamayang Pilipino para manawagan ng hustisya at papanagutin ang mga sangkot sa karumal-dumal na mga krimen na ito at paglabag sa internasyunal na makataong batas.

#### **[English Translation]**

#### **Group reiterate call for justice for the abduction and killing of young Bohol organizer a year later**

April 22, 2024

Karapatan-Central Visayas called for justice for Arthur Lucenario, youth organizer in the region, on the first anniversary of his abduction and extrajudicial killing by the 47th IB. The military abducted Lucenario in San Miguel, Bohol on April 14, 2023.

His executioners secretly imprisoned him for a month, tortured and then falsely claimed him a Red fighter killed in an encounter on May 12, 2023 in Barangay Tabuan, Antequera, Bohol. Lucenario was a member of the Anakbayan group in Cebu before becoming an organizer in Bohol.

"We must continue to expose and condemn these crimes of the military and stand in solidarity with those who are fighting for their rights and freedom," Karapatan-Central Visayas said.

The group says Lucenario's case is just one of many cases of enforced disappearance in the region and nationwide. "There is an increasing pattern of cases of abducting activists and subsequently parading them as surrenderers or, more brutally, falsely claiming them as casualties of an alleged encounter," according to the group.

They also emphasize, the Filipino people now need more effort to call for justice and hold accountable those involved in these heinous crimes and violations of international humanitarian law.

## **Pagkubkob ng 96th IB sa isang kampo ng BHB-Masbate, binigo**

Abril 22, 2024

Binigo ng yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Masbate ang tangkang pagkubkob ng nag-ooperasyong tropa ng 96th IB sa kanilang temporaryong hinimplan sa Barangay B. Titong, Masbate City noong Abril 18 ng alas-5:30 ng umaga. Dalawa ang napatay at dalawa ang

malalang nasugatan sa mga sundalo. Ligtas na nakapagmaniobra ang mga Pulang mandirigma.

“Dahil batid na walang pinipiling oras at panahon ang mga traydor at desperadong kaaway, mahusay na nakapag-alerto at nakapaghanda ang mga kasama at naipihit ang gipit na sitwasyon sa kanilang bentahe,” pahayag ni Ka Luz del Mar, tagapagsalita ng yunit ng BHB.

Mismong ang mga residente na nakasaksi sa inilalabas na mga bangkay ng 96th IB ang makapagpapatunay ng kanilang dinanas na pinsala, ayon pa sa tagapagsalita.

Sa harap ng naging pag-atake ng pasistang sundalo, nanawagan ang BHB-Masbate sa lahat ng mga yunit nito na panatilihin ang mataas na alerto, kahandaan at disciplina laluna sa harap na desperasyon ng kaaway na wakasan ang armadong paglaban ng mamamayan bago matapos ang 2024.

Noong Marso, isang todong gera ang ipinag-utos ni Marcos at ng pamunuan ng Armed Forces of the Philippines (AFP) para lansagin ang lahat ng larangang gerilya ng BHB sa katapusan ng Marso, bagay na bigo nilang gawin. Idineklara rin nilang wawasakin ang lahat ng panlabang yunit ng BHB sa katapusan ng Hunyo; at uubusin ang lahat ng panrehiyong komite ng Partido bago ang katapusan ng taon.

Maliban sa pagdidiin ni Ka Luz na umiwas sa mga depensibang labanan, sinabi niyang dapat ubos-kayang ipatupad ang atas ng Partido Komunista

ng Pilipinas na maglunsad ng mga taktikal na opensiba upang bigwasan ang mga teroristang AFP-PNP-CAFGU at muling biguin ang deklarasyong todo-gera ni Marcos Jr laban sa mamamayan.

Binigyang diin rin niya ang pangangailangang pandayin ng bawat Pulang mandirigma ang opensibang diwa sa larangan ng militar, propaganda-edukasyon, gawaing masa at pagpapalawak bilang puhunan sa pagpapalakas. “Magpalakas upang makalaban; lumaban para makapagpalakas,” aniya, na halaw sa panawagan ng Komite Sentral.

Ipinaabot rin ng BHB-Masbate ang kanilang mahigpit na pakikipagkaisa sa lahat ng mga yunit ng hukbong bayan sa rehiyong Bicol, “laluna yaong mga naharap sa depensibang labanan, na magpakatataug, magtasa at humalaw ng aral sa karanasan upang ibayo pang makapagpalakas at magkamit ng mga tagumpay.”

#### **[English Translation]**

#### **NPA-Mastabe counters 96th IB attack on camp**

April 22, 2024

The unit of the New People's Army (NPA)-Masbate foiled the 96th IB operating troops' siege attempt against their temporary posting in Barangay B. Titong, Masbate City on April 18 at 5:30 in the morning. Two soldiers were killed and two were seriously wounded. The Red fighters were able to maneuver safely.

"Knowing that traitors and desperate enemies do not choose time and weather, the comrades were on alert and prepared well, and turned the emergency situation to their advantage," said Ka Luz del Mar, NPA-Masbate spokesperson.

Residents who witnessed the extraction of the bodies of the 96th IB can attest to the injuries they suffered, according to the spokesperson.

Amid the attack by the fascist soldiers, the NPA-Masbate called on all its units to maintain high alert, readiness and discipline especially in the face of the enemy's desperation to end the armed resistance of the people before the end of 2024 .

In March, Marcos and the leadership of the Armed Forces of the Philippines (AFP) ordered an all-out war to dismantle all NPA guerrilla fronts by the end of March. This failed. They also declared that all NPA combat units would be destroyed by the end of June; and aimed to destroy all regional Party committees before the end of the year.

Apart from Ka Luz's stress on avoiding defensive battles, she urged NPA units to resolutely implement the directive of the Communist Party of the Philippines to launch tactical offensives to strike at AFP-PNP-CAFGU terrorists and frustrate Marcos Jr's all-out war against the people.

She also emphasized the need for every Red fighter to forge the offensive spirit in the field of military, propaganda-education, mass work and expansion as an investment in strengthening.

"Strengthen to fight; fight to strengthen," she said, echoing the call of the Central Committee.

NPA-Masbate also extends its strong solidarity with all the units of the people's army in the Bicol region, "especially those who faced defensive battles, to strengthen, assess and learn from the experience so they can further strengthen and achieve success."

## **Pagkumpiska ng mga kagamitan ng midya ng mga tauhan ng Ayala-Aguinaldo sa Lupang Tartaria, binatikos**

Abril 23, 2024

Binatikos ng iba't ibang mga organisasyong pangmidya ang iligal na pagkumpiska ng mga myembro ng Jarton Security Agency, bayarang mga tauhan ng mga Ayala-Aguinaldo, sa kagamitan ng photojournalist na si Jose Monsieur Santos habang nasa kampuhan sa Tartaria Silang, Cavite, noong hatinggabi ng Sabado, Abril 20. Ipinanawagan ng National Union of Journalists of the Philippines (NUJP), Photojournalist's Center of the Philippines (PCP), Filipino Freelance Journalists' Guild (FFJ) at College Editors Guild of the Philippines (CEGP) na kagyat ibalik ang mga kagamitang ito ni Santos.

Ayon kay Santos, mga alas-2 ng madaling araw noong Abril 20 nang sumugod ang mga armadong maton sa Ilaya Barangay Tartaria, Silang, Cavite at itinaboy ang mga residente at magsasaka na nagkakampuhan para sa pagtatanggol ng kanilang

karapatan sa lupa. Kasundod nito, kinumpiska ng mga gwardya ang mga kagamitang naiwan ng mga residente sa lupa na kanilang basta-bastang binakuran, kabilang ang mga gamit ni Santos.

Kabilang sa mga kagamitan ni Santos na nakumpiska ang kanyang mga kamera at lente, laptop, ipad at iba pang personal na gamit na nagkakahalaga ng ₱250,000. Simula pa sa araw na iyon ay nakikipagnegosasyon na si Santos na mabawi ang kanyang mga gamit at idinidiin na siya ay isang mamamahayag. Naroon si Santos para kumuha ng mga larawan at mag-ulat tungkol sa mahalagang isyu ng usapin sa lupa at pang-aagaw ng mga Ayala-Aguinaldo sa Lupang Tartaria.

Si Santos ay kasapi ng PCP, FFPJ at NUSP. "Nananawagan ang PCP na kagyat na ibalik lahat ang mga kagamitan na walang sira ni Santos na pangunahing pundar niya para sa kanyang kabuhayan bilang mamamahayag," pahayag ng grupo ng mga photojournalist. Giit pa nila, ang mga atake laban sa mga mamamahayag ay atake laban sa demokrasya.

Sa pambubuwag ng mga gwardya, nasaktan din ang ilang mga kabataang nakibahagi sa kampuhan at may ilan pang nasugatan. Paulit-ulit din silang tinatakot ng mga gwardya na sasaktan kung tutungtong at papasok sa lupang binakuran nila para kunin ang mga gamit na kanilang naiwan.

Noong Abril 16, nagpumilit ang mga gwardya na pasukin ang komunidad ng mga magsasaka. Giniba nila ang ilang mga bahay at nagtayo ng

mga bakod. Iligal ang pagbabakod ng mga ito dahil nakabimbin pa ang desisyon sa pagmamayari ng lupa sa Department of Agrarian Reform at Korte Suprema. Hindi rin nagtatagal pa nang nagkaroon ng usapan sa barangay na ititigil ang nasimulan nang pagbabakod, ayon sa Samahan ng Magsasaka at Mamamayan ng Tartaria.

Noong Abril 15 naman, nagpasa ng liham ang SAMATA sa barangay para muling hilingin sa lokal na mga awtoridad na itigil ang pagbabakod ng Ayala-Aguinaldo. Sa araw na iyon, hinarap sila ng kinatawan ng kumpanya na si Luie Jimenez. Hiniling ng mga magsasaka sa barangay na maglabas ng katibayan para panatilihin ang "status quo" at bawiin ang fencing permit (permiso sa pagbabakod) na inaprubahan nito. Ayon sa abugado ng mga magsasaka, walang "writ of possession" ang kumpanya kung kaya iligal ang ibinigay dito na permiso para magbakod. Iginiit din nilang pigilan ang pananakot at panggigipit ng Jarton Security Services sa mga residente ng Tartaria.

Ang Tartaria ay bahagi ng 200-ektaryang inaanakin ng angkang Aguinaldo sa Cavite. Katuwang ng mga Aguinaldo ang Ayala Land Inc. sa pangangamkam ng lupa bilang land developer.

#### **[English Translation]**

**Media organizations condemn Ayala-Aguinaldo personnel for confiscation of media equipment in Lupang Tartaria**

April 23, 2024

Various media organizations have condemned the illegal confiscation by members of the Jarton Security Agency, paid operatives of the Ayala-Aguinaldos, of the equipment of photojournalist Jose Monsieur Santos while he was in a camp in Tartaria Silang, Cavite, on Saturday midnight, April 20. The National Union of Journalists of the Philippines (NUJP), Photojournalist's Center of the Philippines (PCP), Filipino Freelance Journalists' Guild (FFJ) and College Editors Guild of the Philippines (CEGP) called for the immediate return of Santos' equipment.

Santos says it was around 2 a.m. on April 20 when armed thugs stormed to Ilaya Barangay Tartaria, Silang, Cavite and dispersed the residents and farmers who were camping to defend their land rights. Following this, the guards confiscated the equipment left by the residents on the land they arbitrarily fenced off, including Santos' belongings.

Santos' equipment that was confiscated included his cameras and lenses, laptop, ipad and other personal items worth ₱250,000. Since that day, Santos has been negotiating to get his belongings back and insists that he is a journalist. Santos was there to take pictures and report on the important issue of the land issue and the Ayala-Aguinaldos' usurpation of Tartaria Land.

Santos is a member of PCP, FFPJ and NUJP. "The PCP is calling for the immediate return of Santos' undamaged equipment, which is his main source of livelihood as a journalist," the group of

photojournalists said. They asserted that attacks against journalists are attacks against democracy.

Under the guards' violent dispersal, some young people who participated in the camp were also hurt and others were injured. The guards also repeatedly threatened them to harm them should they trespass the land they fenced off to recover the things they left behind.

On April 16, the guards forcibly entered their farming community. They demolished some houses and built fences. Putting up the fence is illegal since the issue of land ownership is pending before the Department of Agrarian Reform and the Supreme Court. This was also soon after an agreement was reached in the barangay to stop the activity that had already started, according to the Samahan ng Magsasaka at Mamamayan ng Tartaria.

On April 15, SAMATA forwarded a letter to the barangay to once again request the local authorities to stop the Ayala-Aguinaldo from fencing off their land. On that day, the company representative Luie Jimenez was present. Farmers asked the barangay to produce a document to maintain the "status quo" and withdraw the fencing permit that has been approved. According to the farmers' lawyer, the company did not have a "writ of possession" and therefore its fencing permit was illegal. They also demanded a stop to the Jarton Security Services' intimidation and harassment of Tartaria residents.

Tartaria is part of the 200-hectare property claimed by the Aguinaldo clan in Cavite. Ayala Land Inc. partners with the Aguinaldos in land grabbing as a land developer.

## **Pamamaraan ng pagkatuto, academic calendar, isinalang sa konsultasyon ng mga guro at estudyante sa UP-College of Science**

Abril 23, 2024

Nagsagawa ng serye ng mga pananaliksik at konsultasyon ang mga guro at estudyante sa College of Science sa University of the Philippines mula pa Enero para tukuyin ang mga bentahe at disbentahe sa pagsandal sa paglulunsad ng mga online na klase (tinatawag ring “blended learning” o “remote classes”) noong pandemya at kahit matapos ito. Binuo ng mga faculty at mga estudyante ang kanilang mga natutunan noong Abril 19.

Isa ang Pilipinas sa mga bansang pinakamatagal na bumalik sa kaayusang silid-aranan (karaniwang tinatawag na “face-to-face” o F2F) ang edukasyon mula noong panahon ng pandemyang Covid-19. Noong Agosto 22, 2022, itinakda ng noo'y rehimeng Dutere na ibalik sa F2F ang lahat ng klase, sa lahat ng antas. Pinalala ng napakatagal na kawalan ng F2F na klase ang dating krisis sa pagkatuto ng mga estudyante na hanggang ngayon ay di pa nasosolusyunan.

Mas malala, patuloy na ginagamit ng kagawaran sa edukasyon at mga administrasyon ang

suspensyon ng mga klaseng F2F para pagtakpan ang mga kakulangan ng sistema ng edukasyon tulad ng kakulangan ng klasrum, guro, personel at iba pa. Napakadali rin ngayon na magsuspinde ng pasok at ibalik ang mga estudyante sa “blended” tuwing bagyo, sobrang init, tigil-pasada at marami pang iba.

Sa UP, mahigit dalawang taong nasa “remote set-up” ang pagtuturo bago ibinalik ito sa face-to-face. Taong 2022 na nang bumalik sa napakalimitadong face-to-face ang unibersidad, halos isang buong taon matapos ibinalik ng ibang unibersidad sa ibang bahagi ng mundo ang pagtuturo sa “in-person.” (May mga kasong mas maaga pa rito.) Kahit sa limitadong harapang klase, napakarami pang pagkakataong sinuspinde ang mga ito at ibinalik sa remote o blended ang mga estudyante.

Kabilang sa mahahalagang punto na lumitaw sa konsultasyon ang kagustuhan ng mga guro at estudyante para sa mga klaseng F2F dahil pantay ang akses dito sa ng mga estudyante kumpara sa online kung saan iba-iba ang gadyet, espasyo, serbisyo ng internet at maraming iba pang salik. Anila, mas demokratiko ang F2F dahil nasa iisang lugar ang lahat ng mga estudyante.

Pinagkaisahan din ng mga guro at estudyante na mas nakagugulo kaysa nakatutulong ang mga “reading break” (pansamantalang pagtigil ng mga klase sa gitna ng semestre) dahil pinuputol nito ang bwelo ng pag-aaral ng mga estudyante. Mungkahi nilang tanggalin na ang reading break, at sa halip ay ibalik ang mas mahabang semestral

break para tunay na nakapagpapahinga ang mga guro at estudyante.

Dagdag dito, nagkaisa silang higit pang pag-aralan ang pagbabalik sa iskedyul ng mga klase sa dating kalendaryo ng pasok sa eskwelahan (academic calendar) na Hunyo-Marso. Mula ipinatupad ang bagong kalendaryo na Agosto hanggang Mayo, dumaranas ang mga guro at estudyante ng kakaibang antas ng init, laluna ngayong taon sa panahon ng El Niño. Sa antas elementarya at hayskul, malinaw ang panawagan ang mga guro, magulang at estudyante na ibalik ang dating kalendaryo na Hunyo-Marso. Ito ay para iwasan ang mga klase sa tag-init, lalupa't hindi sapat ang mga klasrum at guro, at walang sapat na bentilasyon ang maraming gusali. Malaking banta sa kalusugan ng mga bata ang dinaranas nilang init.

Unang inusog ng UP sa Agosto ang pagsisimula ng klase noong 2014 nang walang kunsiderasyon sa tag-init at epekto nito sa mga estudyante at guro. Ang “academic shift” na ito ay paghahabol nito ng “internasyunalisasyon” at mataas na “ranking” sa internasyunal na mga institusyon.

Ang mga ambisyong ito ay nakabalangkas sa neoliberal na globalisasyon ng edukasyon at nakatuon sa pagpapalitaw ng mga gradweyt at pananaliksik hindi para sa akademya kundi para sa pandaigdigang merkado. Katunayan, lumalaganap ang kritisismo sa kumpetisyon sa pagitan ng mga unibersidad na sinasabing di sukat ng kalidad ng edukasyon ng isang institusyon.

Isa sa mga ito ang University of Zurich, na nagsabing nagbibigay ang gayong paghahanay (ranking) ng huwad na mga insetiba at nagtutulak lamang sa mga unibersidad na iprayoritisa ang paglalabas ng maraming publikasyon, kaysa tiyakin ang kalidad ng mga ito.

**[English Translation]**

**UP-College of Science faculty and students hold consultations on learning modes, academic calendar**

April 23, 2024

Faculty and students in the College of Science at the University of the Philippines have conducted a series of researches and consultations since January to determine the advantages and disadvantages of relying on the conduct of online classes (also called “blended learning” or “remote classes”) during and after the pandemic. Faculty and students held a consultation on their conclusions on April 19.

The Philippines is one of last countries which reverted to classroom (commonly called “face-to-face” or F2F) education during the Covid-19 pandemic. It was only on August 22, 2022 that the Duterte regime declared that all students, in all levels, can return to F2F classes. The prolonged suspension of these classes exacerbated the previous crisis in student learning that has yet to be resolved.

Worse, the education department and university administrations continue to use the suspension of

F2F classes to cover up the deficiencies of the education system such as lack of classrooms, teachers, personnel and others. They very easily suspend classes and return students to “blended learning” during typhoons, extreme heat, suspensions and many others.

In UP, teaching was in a “remote set-up” for more than two years before it the university reverted to face-to-face classes. It returned to very limited face-to-face classes in 2022, almost a full year after universities in other parts of the world brought back “in-person” teaching. (Some cases are even earlier than this.) Even in this limited mode, there are still too many instances where F2F classes were suspended and students were put under remote or blended modes.

Important points that emerged from the consultation include the preference of the faculty and students for F2F classes with equal access to students compared to online where gadgets, space, internet service and many other factors vary. They said that F2F is more democratic because all the students are in the same place.

Teachers and students also agreed that “reading breaks” (temporary breaks of classes in the middle of the semester) are more disruptive than helpful because they cut off students’ learning momentum. They suggest eliminating the reading break, and instead bring back a longer semester break so that teachers and students can truly rest.

In addition, they agreed to further study the return to the schedule of classes in the previous

school calendar (academic calendar) which is June–March. Since the implementation of the new August to May calendar, teachers and students have been experiencing unusual levels of heat, especially this year during the El Niño phenomenon. At the elementary and high school levels, teachers, parents and students have clearly called for the return of the old June–March calendar. This is to avoid summer classes, as classrooms and teachers are inadequate, and many buildings do not have adequate ventilation. Extreme heat is a big threat to children's health.

UP first moved to August for the start of classes in 2014 without considering the summer season and its impact on students and teachers. This "academic shift" is in pursuit of "internationalization" and a high "ranking" in international institutions.

These ambitions are framed within the neoliberal globalization of education and focus on the exchange of graduates and research not for academia but for the global market. In fact, there is widespread criticism of the competition between universities that is said not to measure the quality of an institution's education.

One of these is the University of Zurich, which has said that such ranking provides false incentives and only pushes universities to prioritize producing more publications, rather than ensuring their quality.

# **Unang araw ng Balikatan 2024, sinalubong ng protesta ng mga grupong pambansa-demokratiko**

Abril 23, 2024

Nagprotesta sa harap ng Camp Aguinaldo, headquarters ng Armed Forces of the Philippines, sa Quezon City ang mga grupong pambansa-demokratiko noong Abril 23. Isinabay nila ang protesta sa pagsisimula ng Balikatan 39-24. Ang Balikatan ngayong taon, na ika-39 na simula dekada 1990, ang pinakamalaki sa kasaysayan na lalahukan ng 11,000 tropang Amerikano. Lalahok din at magmamasid ang may 14 alyadong bansa ng US.

Sa pangunguna ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan), binatikos ng mga grupo ang war games na tinawag nitong “nakahiiyang patunay ng palayukong patakarang panlabas ng gubyerno ni Ferdinand Marcos Jr.”

Simula’t sapul, hindi nakabalangkas para itaguyod ang pambansang intere ng mga Pilipino ang Balikatan, ayon sa grupo. Tanging layunin nito ang pahintulutan ang US na ipamalas at panatilihin ang hegemonya nito sa bahaging ito ng daigdig.

“Sa nagdaang mga panahon, pinagtibay lamang ng Balikatan ang ating patalong pagsalalay sa ayudang militar at pagsusuplay ng armas ng US,” ayon sa grupo. “Pinigilan tayo nito bilang isang mamamayan na makapagpaunlad ng komprehensibong programa sa seguridad na naka-

angkla sa prinsipyong pagsusulong ng nagsasariling patakarang panlabas."

Perwisyo din sa kalikasan ang Balikatan, ayon sa Bayan. Naglulustay din ito ng pondo ng bayan sa halip na ilaan sa makabuluhang pangangailangan ng mga Pilipino, anito. Liban dito, pinahihintulutan rin ng war games na ito na kaladkarin ng US ang Pilipinas sa inter-imperialist tunggalian nito sa China, paliwanag ng grupo.

"Nananawagan kami sa mamamayan na labanan ang Balikatan, tuligsain ang mga probokasyon ng US sa rehiyon, palayasin ang mga pasilidad militar ng US at iba pang dayuhang mga tropa, at kundenahin ang gubyernong Marcos sa walang hiyang pagyurak sa ating soberanya," pagtatapos nito.

#### [English Translation]

### **National-democratic groups greet first day of Balikatan 2024 with protests**

April 23, 2024

National-democratic groups protested before Camp Aguinaldo, headquarters of the Armed Forces of the Philippines, in Quezon City on April 23. The protest marked the start of Balikatan 39-24. This year's Balikatan, the 39th since the 1990s, will be the largest in its history with 11,000 American troops participating. It will involve 14 US allied countries as participants and observers.

Led by the Bagong Alyansang Makabayan (Bayan), the groups denounced the war games, which they perceive as a “shameful proof of the subservient foreign policy of the government of Ferdinand Marcos Jr.”

Since its inception, Balikatan has not been designed to promote the national interest of Filipinos, according to the groups. Its real aim is to allow the US to power-project and preserve its hegemony in this part of the world.

“During this period, Balikatan has only reinforced our self-defeating dependence on US military aid and supply of weapons,” according to the group. “It prevented us from developing a comprehensive security program anchored on the principle of asserting an independent foreign policy.”

Balikatan is also destructive to the environment, according to Bayan. Public resources are squandered instead of priority needs of Filipinos, it said. Apart from this, these war games also allow the US to drag the Philippines into its inter-imperialist conflict with China, the group explained.

“We call on the people to resist Balikatan, oppose US provocations in the region, expel US military facilities and other foreign troops, and condemn the Marcos government for shamelessly undermining our sovereignty,” it concluded.

# **Israel, binuhusan ng US ng \$17 bilyong pondo para ipagpatuloy ng henosidyo sa Gaza**

Abril 24, 2024

Inaprubahan ng Kongreso ng US noong Abril 20 ang panukalang magbibigay sa Zionistang rehimeng Israel ng higit \$17 bilyong pondo para sa pagpapatuloy ng gerang henosidyo nito sa Gaza at pagpapalawak nito ng gera sa buong West Asia sa tulak ng US. Liban sa kampanyang henosidyo, sasagutin ng US ang gastos sa pagpapagana ng missile defense system ng Zionistang rehimeng Israel harap ng paglawak ng armadong sigalot sa buong West Asia.

May \$9 bilyon din itong inilaan para sa kunwa'y "makataong ayuda sa Gaza" na kalakhan ay isinasagawa sa pamamagitan ng food drops. Lantarang ipinagbawal ng US ang pagbibigay ng ayuda sa UNRWA na inaakusahan nitong sangkot sa atakeng Oktubre 7 kahit wala itong ebidensya.

"Ang suportang ito, na labag sa internasyunal na batas, ay lisensya at pagbibigay-permiso sa Zionistang ekstremistang rehimeng Israel na ipagpatuloy ang brutal na agresyon laban sa aming mamamayan," pagkundena ng Hamas. "Itinuring namin ang hakbang na ito bilang kumpirmasyon sa upisyal na pagkakasangkot at pagtatambal ng US

Ang panukalang ito (Israel Security Supplemental Appropriations Act) ay isa sa tatlong panukalang ipinasa ng kongreso ng US na may kaugnayan sa

pamumudmod nito ng ayuda para sa mga imperyalistang gera nito sa iba't ibang bahagi ng mundo. Kasabay na ipinasa ang mahigit isang taon nang naantalang panukala para sa \$60 bilyong ayudang militar para sa Ukraine at \$8.1 bilyon para sa mga "kaalyado" ng US sa Indo-Pacific, pangunahin sa Taiwan. Kailangang may katambal ang mga ito sa Senado ng US para tuluyang maipasa.

Kabilang ang rehimeng Marcos sa maambunan ng ayudang militar, bilang pangunahing tuta nito sa Asia laban sa China. Nakatakda itong tumanggap ng \$500 milyon para tustusan ang mga armas at gamit-militar na bibilhin nito sa US sa tabing ng "modernisasyon" ng AFP, gayundin ang pagtatayo at pagkukumpuni ng mga base militar ng US o ang mga kunwa'y "EDCA site," at paglulunsad ng mga war games sa kalupaan, kahanganan at karagatan ng Pilipinas.

#### **[English Translation]**

#### **US pours \$17 billion in funds for Israel to continue the genocide in Gaza**

April 24, 2024

The US Congress on April 20 approved a bill that would grant the Zionist regime in Israel more than \$17 billion in funding to continue its genocidal war in Gaza and expand its war across West Asia at the behest of the US. Apart from the genocidal campaign, the US will bear the cost of enabling the Zionist regime's missile defense system amid the expansion of armed conflict throughout West Asia.

It has also earmarked \$9 billion for supposed “humanitarian aid to Gaza” which is mostly done through food drops. The US has openly banned aid to UNRWA, which it accuses of being involved in the October 7 attack despite having no evidence.

“This support, which is against international law, is a license and a green light for the Zionist extremist government to continue its brutal aggression against our people,” Hamas condemned. “We consider this step as confirmation of official US complicity and partnership in the war of extermination waged by the fascist occupation army against our Palestinian people in the Gaza Strip.”

This measure (Israel Security Supplemental Appropriations Act) is one of the three measures passed by the US congress related to its distribution of aid for its imperialist wars in different parts of the world. After a more than a year delay, it also passed a bill providing \$60 billion in military aid for Ukraine and \$8.1 billion for US “allies” in the Indo-Pacific, mainly Taiwan. These bills must have counterparts in the US Senate to be passed.

The Marcos regime was among the recipients of military aid, as the US’ main puppet in Asia against China. It will receive \$500 million to finance the arms and military equipment it will buy from the US under the guise of “modernizing” the AFP, as well as the construction and renovation of US military bases or “EDCA sites,” and launching war games on Philippine land, air and sea.

## **Itinatakwil ng mamamayang Ilokano ang Balikatan Exercises 2024—NDF-Ilocos**

Abril 24, 2024

“Tutol ang mamamayang Ilokano sa Balikatan 2024,” ito ang pahayag ni Rosa Guidon, tagapagsalita ng National Democratic Front (NDF)-Ilocos. Aniya, nangangamba ngayon ang mamamayan ng Ilocos dahil idadaos ang ilang bahagi ng war games ng Balikatan 2024 sa kampo ng 4th Marine Brigade sa tabing-dagat ng Barangay Bobon, Burgos, Ilocos Norte.

Tulad noong nakaraang taon, hindi malayong ipatitigil na naman ng AFP at ng US ang pagpalaot ng mga mangingisda sa dagat ng Ilocos Norte para bigyang daan ang war games sa lugar. “Maliligalig na naman ang mga komunidad sa Burgos [at kalapit na mga bayan],” aniya.

Inilunsad sa naturang lugar noong nakaraang taon ang “live fire exercises” (pagpapasabog ng mga bala at bomba) na gumambala at nagdulot ng ligalig sa mamamayan. Nagsagawa din dito ng simulation exercises o mga pagsasanay sa posibleng aktwal na mangyari kung saan pinalahok ang ilang sibilyan sa war games, gaya ng pagbubuhat sa mga kunwaring kaswalti sa gera na mga sundalong Amerikano.

Ngayong taon, isang pagsasanay sa dagat sa pagitan ng mga barkong nabal at coast guard ng Pilipinas, US at France ang isasagawa dito. May

nakatakda ding live-fire exercise (maritime strike LFX) sa Mayo 8 sa Laoag City.

“Batid ng masang Ilokano na ang pinakamalaking war games ng imperyalistang US na ito ay paghahanda sa gera kontra sa China,” pagdidiin ni Ka Rosa. Dahil dito, bukambibig ngayon ng mga Ilokano ang mga katagang “walang tutulog-tulog, maya’t maya maggigiyera na sa ating bakuran!”

Dobleng pasakit para sa mga Ilokano, laluna sa mga mangingisda at magsasaka, ang war games dahil sa dinaranas nilang salanta ngayong panahon ng El Niño. “Kakaunti ang huling isda...at lanta ang mga panamin at tigang ang lupa at... ngayon [ay] nahaharap pa sila sa panganib na anumang oras ay magkagyera sa Pilipinas, sa kanilang bakuran sa Ilocos Norte,” ayon pa kay Ka Rosa.

Para tabunan ang pasakit at kapahamakang hatid ng war games ng Balikatan 2024, ginawa ngayong “military tourism park” ang kampo ng 4th Marine Brigade. Ineengganyo ng militar ang mamamayan na pumasok sa kampo upang ipagyabang ang military complex, mga eroplano at kagamitang pandigma. Noon pa mang itinatayo ito, ipinapangalandakan na ng mga Amerikanong sundalo ang kanilang monitoring facility sa loob ng kampo upang manmanan ang galaw ng China.

Noong Abril 22, ipinagyabang naman ng US 356th Expeditionary Civil Engineer Group at ng 355th Aviation Engineer Wing ng Armed Forces of the Philippines ang pagdidirehe nito sa konstruksyon ng isang “pasilidad pampaaralan” sa La Union.

Binansagang “makataong tulong,” ang itinatayong eskwelahan, tulad ng iba pang sibilyang struktura, ay pawang mga palamuuti para ibaling ang atensyon ng mamamayan ng Ilocos palayo sa pamamaril at pagpapasabog sa kanilang rehiyon.

“Kaisa ang mamamayang Ilokano sa mamamayang Ivatan, Cagayanon at iba pang mamamayang Pilipino sa pagtutol sa isinasagawa ngayong Balikatan Exercises na nagpapahamak sa mamamayan,” deklarasyon ni Ka Rosa.

#### **[English Translation]**

### **Ilocanos reject the Balikatan Exercises 2024—NDF-Ilocos**

April 24, 2024

“Ilocanos are against Balikatan 2024,” Rosa Guidon, spokesperson of the National Democratic Front (NDF)-Ilocos, declared. She said Ilocanos are fearful because some parts of the Balikatan 2024 war games will be held at the 4th Marine Brigade camp at the beach of Barangay Bobon, Burgos, Ilocos Norte.

Like last year, the AFP and the US will most probably stop fisherfolk in Ilocos Norte from going to the sea to give way for war games in the area. “Communities in Burgos [and neighboring towns] will be agitated again,” she said.

Last year, live fire exercises were launched in this area, disrupting and causing unrest among the people. They also conducted simulation exercises here involving the participation of civilians in war

games, such as lifting American soldiers as mock war casualties.

This year, they will conduct a sea exercise between the naval and coast guard ships of the Philippines, the US and France. A live-fire exercise (maritime strike LFX) is also scheduled for May 8 in Laoag City.

"The Ilocano masses are aware that this biggest war games of the imperialist US is preparation for war against China," Ka Rosa said. Because of this, Ilocanos now say the words "let no one sleep, sooner or later there will be war in our yard!"

The war games double the suffering of the Ilocano people, especially the fisherfolk and peasants due to the damages they already suffer from the current El Niño. "The catch is low...and the crops are withered and the land is barren and...now they [are] even facing the danger of a war in the Philippines at any time, in their backyard in Ilocos Norte," according to Ka Rosa.

To alleviate the pain and destruction brought by the Balikatan 2024 war games, the camp of the 4th Marine Brigade transformed its camp to a a "military tourism park". The military invites the public to enter the camp to show off the military complex, planes and war equipment. Since its construction, American soldiers have been setting up their monitoring facility inside the camp to monitor China's movements.

On April 22, the US 356th Expeditionary Civil Engineer Group and the 355th Aviation Engineer

Wing of the Armed Forces of the Philippines boasted of directing the construction of a “school facility” in La Union. Dubbed “humanitarian aid,” the school, like other civilian structures, are all for show to divert the attention of the people of Ilocos away from the shootings and bombings in their region.

“The Ilocanos are united with the Ivatans, Cagayanons and other Filipino people in opposing the ongoing Balikatan Exercises that are harming the people,” Ka Rosa declared.

## **Mga drayber at opereytor ng dyip, kinalampag ang Korte Suprema**

Abril 24, 2024

Nagpiket sa harap ng Korte Suprema sa Maynila ang mga drayber at opereytor ng dyip sa ilalim ng Pagkakaisa ng mga Samahan ng mga Tsuper at Operator Nationwide (Piston) kahapon, Abril 23, para himukin ang mataas na korte na tugunan na ang petisyon na inihain ng grup laban sa sapilitang konsolidasyon ng prangkisa ng Public Utility Vehicle (PUV). Himutok nila, napakatagal at bagal ng usad ng naturang petisyon na dapat ay napagdesisyunan na ng korte 10 araw matapos lamang itong ihain. Isinampa ang petisyon noong Disyembre 20, 2023.

Hiling ng mga drayber at opereytor na maglabas ng temporary restraining order ang korte laban sa Department Order (DO) 2017-011 o Omnibus Franchising Guidelines (OFG), at iba pang mga katulad na patakaran ng Land Transportation

Franchising and Regulatory Board (LTFRB) na nagtutulak sa sapilitang konsolidasyon ng prangkisa ng mga PUV. Bahagi ang iskemang ito ng itinutulak na anti-mahirap at anti-drayber na PUV Modernization Program ng rehimeng Marcos.

Sa petisyon nito sa Korte, inilatag nila na taliwas sa kanilang karapatan sa malayang asosasyon ang sapilitang konsolidasyon. “Ang garantiya ng konstitusyon sa malayang asosasyon ay kinabibilangan ng kalayaang hindi pumaloob sa asosasyon,” nakasaad sa petisyon.

Pinipilit ng PUVMP ng gubyerno ang mga opereytor na ikonsolida o isuko ang kanilang indibidwal na prangkisa para maging isang prangkisa na lamang na hahawakan ng isang kooperatiba o korporasyon. Isinaad din nila sa petisyon na walang karapatan ang sinuman na pilitin silang bumuo o sumama sa anumang asosasyon.

“Apat na buwan na mula noong inihain natin sa Korte ang ating petisyon para ipatigil ang PUVMP. Wag na sana antayin pa ng Korte Suprema na dumami ang maliliit na operator na mabaon sa utang dahil napilitang pumasok sa consolidation at sa iba pang hindi makataong pakana ng PUVMP,” pahayag ng Piston.

Ayon sa rehimeng Marcos, “wala nang ekstensyon” ang pagpapatupad ng jeepney phaseout dahil “kailangang-kailangan na ito” sa katapusan ng Abril. Sa pagpapatupad nito, pagbabawalan na ang mga tradisyunal na dyip na

hindi nagkonsolida na makabyahe sa kanilang mga ruta.

“Bawat araw na lumalapit sa deadline, ay dagdag pangamba sa mga maralitang tsuper at operator. Sana maunawaan ito ng Korte at huwag na muling payagan pa ang DOTR at LTFRB na magpataw pa ng mga taning sa kabuhayan natin,” ayon sa Piston.

#### [English Translation]

### **Jeep drivers and operators troop to the Supreme Court**

April 24, 2024

Jeep drivers and operators under the Pagkakaisa ng mga Samahan ng mga Tsuper at Operator Nationwide (Piston) picketed in front of the Supreme Court in Manila yesterday, April 23, to urge the high court to address the petition filed by the group against the forced consolidation of the Public Utility Vehicle (PUV) franchise. They lament that the court is taking so long and is slow in addressing the petition which it should have responded to 10 days after it was filed. The petition was filed on December 20, 2023.

Drivers and operators called on the court to issue a temporary restraining order against Department Order (DO) 2017-011 or Omnibus Franchising Guidelines (OFG), and other similar policies of the Land Transportation Franchising and Regulatory Board (LTFRB) which is pushing for forced franchise consolidation of PUVs. This scheme is part of the anti-poor and anti-driver PUV

Modernization Program driven by the Marcos regime.

In its petition to the Court, they laid out that forced consolidation is contrary to their right to free association. "The constitutional guarantee of free association includes the freedom not to engage in an association," the petition stated.

The government's PUVMP forces operators to consolidate or give up their individual franchise to become a single franchise held by a cooperative or corporation. They also stated in the petition that no one has the right to force them to form or join any association.

"It's been four months since we filed our petition in court to stop the PUVMP. The Supreme Court should not wait any longer for more small operators to be buried in debt because they have been forced to consolidate and undergo other unjust schemes of PUVMP," Piston said.

The Marcos regime had said that there will be "no more extension" in the implementation of the jeepney phaseout because it is "extremely necessary" by the end of April. With its implementation, traditional jeepneys that have not consolidated will be banned from plying their routes.

"Every day closer to the deadline spells further fear among the poor drivers and operators. We hope the Court will understand this and not allow the DOTr and LTFRB to impose more time limits on our livelihood," according to Piston.

## **Mga estudyante, kasapi ng komunidad ng UP Diliman, nagbarikada kontra “clearing operations”**

Abril 24, 2024

Naglunsad ng iglap-protesta at barikada ang mga estudyante at iba pang sektor sa loob ng kampus ng University of the Philippines (UP)-Diliman kahapon, Abril 24, sa Area 2 kasunod ng biglaang clearing operations na isinagawa ng Quezon City Department of Sanitation and Cleanup Works at Department of Public Order and Safety sa ilang bahagi ng kampus. Pinangunahan ang mabilisang pagkilos ng UP Not for Sale Network.

Sa ulat ng grupo, kinumpiska at tinapon ng mga lokal na ahensya ang mga kagamitan ng mga manininda sa Area 2, tulad ng mga stall, lamesa, upuan, mga halaman at karatula, dahil diumano lagpas ang mga ito sa itinakdang lugar na sakop ng kanilang mga tindahan. Ayon sa mga manininda, hindi sila inabisuhan sa isinagawang clearing operations. Kasabay nito, nagkaroon rin ng clearing operations sa Dagohoy St.

Bilang tugon, kagyat na nagtipon ang iba’t ibang grupo at residente para magprotesta at magbarikada dahil sa pangambang bumalik muli ang mga nagke-clearing operation. Kasabay nito, naggiit din ng dayalogo ang University Student Council ng UP Diliman sa upisina ng Vice Chancellor of Community Affairs. Dahil sa mabilisang aksyon, nakuha ng network ang pangako ng UP Diliman na maibabalik ang lahat ng kinumpiskang gamit ng mga residente at hindi

na magtutuloy ang clearing operations sa mga susunod na araw.

“Nangangailangan pa ring magpursigi sa ating kampanya laban sa komersyalisasyon dahil nakikita natin na lalong nagiging agresibo ang administrasyon sa pagtulak ng kanilang adyenda,” pahayag ng network. Naniniwala sila na bahagi ang clearing operations ng taktika ng administrasyon ng UP upang palambutin ang lupa sa ngangangambang pagsara ng Area 2 at pagpapalayas sa mga shopping center stallholders sa Old Tennis Court para sa pagbukas ng Dilimall (isang komersyalisadong mall sa loob ng kampus) ngayong taon. Ang Dilimall na ito ay itatayo ng pamilyang Gokongwei na nagmamay-ari ng malaking mall na Robinsons.

Sa harap nito, ipinabatid ng network ang kanilang determinasyon na tumugon at dumepensa, kaisa ng malawak na komunidad ng UP Diliman, para siguraduhin na mananaig ang kapakanan at karapatan ng komunidad, hindi ang komersyal na interes ng malalaking negosyo.

#### **[English Translation]**

#### **UP Diliman students and community barricade against “clearing operations”**

April 24, 2024

Students and other sectors launched a wildcat protest and barricade inside the campus of the University of the Philippines (UP)-Diliman yesterday, April 24, in Area 2 following the sudden

clearing operations conducted by the Quezon City Department of Sanitation and Cleanup Works and Department of Public Order and Safety in some parts of the campus. UP Not for Sale Network spearheaded the swift action.

The group's report say local agencies confiscated and scattered the equipment of vendors in Area 2, such as stalls, tables, chairs, plants and signs, because they allegedly overstepped the designated area covering their shops. According to the vendors, they were not notified of the clearing operations. At the same time, there were also clearing operations in Dagohoy St.

In response, various groups and residents immediately gathered to protest and put up a barricade in preparation if the clearing operations resume. At the same time, the University Student Council of UP Diliman called for a dialogue with the office of the Vice Chancellor of Community Affairs. Due to the quick action, the network extracted a promise from UP that residents will be able reclaim all the confiscated belongings and the clearing operations will stop within the next few days.

"Our campaign against commercialization must persevere as we see the administration becoming more aggressive in ramming its agenda," the network said. They believe that the clearing operations are part of the UP administration's tactic to pave the way to the closing of Area 2 and eviction of shopping center stallholders from the Old Tennis Court for the opening of Dilimall (a commercialized mall within the campus) this year.

This Dilimall will be built by the Gokongwei family who owns the big Robinsons mall.

In the face of this, the network expressed its determination to respond and defend, together with the wider UP Diliman community, to ensure that the community's welfare and rights prevail, not the commercial interests of big business.

## **Mga kabataan, kumilos para sa edukasyon, kabuhayan, at kasarinlan**

Abril 24, 2024

Naglunsad ng protesta ang kabataan at mga estudyante mula sa iba't ibang unibersidad at komunidad sa Metro Manila noong Abril 22 dala ang kanilang mga panawagan kaugnay ng edukasyon, kabuhayan, at kasarinlan.

Magmamartsa sana sila tungong Mendiola ngunit hinarang sila ng mga pulis sa Morayta pa lamang. Pinangunahan ang pagkilos ng mga kabataan ng Anakbayan at League of Filipino Students (LFS).

Inirehistro ng mga raliyista ang kanilang pagtutol sa napi pintong pagtataas ng matrikula at iba pang mga bayarin sa pribadong mga unibersidad at pamantasan sa bansa, kasunod ng panukala sa Commission on Higher Education para itaas ang mga singilin. Giit nila, dapat tugunan ng rehimeng Marcos ang kahingian ng mga kabataan para sa libre o abot-kayang edukasyon.

Binatikos din nila ang tuluy-tuloy na pagsikil ng estado sa pagtindig ng kabataan para sa kanilang demokratikong mga karapatan. Pagyurak ang mga

paniniil nito sa kalayaang pang-akademiko ng mga estudyante sa loob ng mga unibersidad at pamantasan.

“Kaysa tugunan ang mga hinaing ng kabataan... mas pinapanguna pa [ng rehimen] ang pagpapakatuta sa mga dayuhang interes,” pahayag ng Kabataan Partylist. Nakikita umano ito sa pagpapapasok sa mga tropang Amerikano sa bansa para sa mga war games at pagraratsada sa charter change upang ilako nang buong-buo sa mga dayuhan ang Pilipinas. Panawagan nilang ibasura ang pakanang chacha ng rehimen.

Kinundena ng kabataan ang inilulunsad sa bansa na Balikatan Exercises 2024 ng US katuwang ang Armed Forces of the Philippines (AFP). Ang kilos protesta ng mga kabataan ay nakataon sa mismong araw na nagsimula ang mga pagsasanay sa gera.

“Ang panawagan ng mga [kabataan] ay ipagtanggol ang ating pambansang soberanya pero walang ibang ginawa si Marcos Jr kundi kaladkarin tayo sa kapahamakan. Walang ibang inisip kundi kung paano niya susundin ang amo niya na US kahit pa kapalit ay buhay ng sambayanang Pilipino,” ayon kay Elle Buntag, pambansang tagapangulo ng LFS. Nanawagan siya sa mga kapwa kabataan na patampukan ang panawagan na ayaw nating maipit tayo sa gerang wala tayong kinalaman.

**[English Translation]**

## **Youth hold protest actions for education, livelihood, and sovereignty**

April 24, 2024

Youth and students from various universities and communities in Metro Manila launched a protest action on April 22 forwarding their calls for education, livelihood, and sovereignty. They planned to march towards Mendiola but the police stopped them at Morayta. Anakbayan youth and the League of Filipino Students (LFS) led the action.

The rallyists registered their opposition to the imminent increase in tuition and other fees in private universities and colleges in the country, following a proposal to the Commission on Higher Education to raise charges. They assert the Marcos regime must respond to the youth's demand for free or affordable education.

They also denounced the state's continuous repression of youth standing up for their democratic rights. Its repression on students' academic freedom within universities and colleges is oppressive.

"Instead of addressing the youth's grievances... [the regime] even prioritizes servility to foreign interests," Kabataan Partylist said. They said this is apparent in allowing the entry of American troops into the country for war games and the railroading of charter change for large-scale

selling of the Philippines to foreigners. They call for the scrapping of the regime's chacha scheme.

The youth condemned the Balikatan Exercises 2024 being launched in the country by the US in collaboration with the Armed Forces of the Philippines (AFP). The youth's protest action was timed with the very day that the war exercises began.

"The call of the [youths] is to defend our national sovereignty but Marcos Jr did nothing but drag us to danger. He thought of nothing but how to obey his US master even at the cost of the Filipino people's lives," according to Elle Buntag, LFS national chairperson. She called on fellow youths to promote the call that against being dragged into a war that they have nothing to do with.

## **Mga kabataan, nakiisa sa barikada sa Lupang Tartaria**

Abril 24, 2024

Sa harap ng nagpapatuloy na panggigipit at panghaharas ng bayarang armadong tauhan ng mga Ayala-Aguinaldo, nagtungo ang mga kabataan mula sa Metro Manila at iba pang kalapit na prubinsya, sa Lupang Tartaria sa Silang, Cavite para makiisa sa barikada ng mga residente at magsasaka.

Dumagsa ang mga kabataan matapos ang marahas na pagpasok at pagbabakod ng Jarton Security Group sa Lupang Tartaria noong Abril 20. Ninakaw ng mga gwardya ang ilang kagamitan ng

mga nagbarikada, kabilang ang gamit ng isang mamamahayag. Nasugatan at nasaktan din ang ilan sa mga residente.

Sa ulat ng Kabataan Partylist, nagpunta ang delegasyon ng kabataan at mga paralegal officer sa Lupang Tartaria para imbestigahan ang kabuuang sitwasyon at upang ilantad ang pang-aagaw ng lupa ng mga Ayala-Aguinaldo. Inilunsad ng kabataan sa kampuhan ang mga talakayan, pag-aaral at pangkulturang mga pagtatanghal.

Sa kasalukuyan, pinalilibutan ng mga elemento ng Jarton Security ang kampuhan ng mga kabataan at mga magsasaka. "Halos 10 metro lang ang layo ng mga mga armadong kawatan...hindi pa makatulog ang mga residente dahil sa takot na baka atakehin silang muli," ulat pa ng Kabataan Partylist.

Nanawagan ang grupo ng tulong at suporta mula sa midya para mailantad ang isyu sa mas malawak na publiko, gayundin sa mga upisyal ng lokal at pambansang gubyerno para aksyunan ng mga ito ang pangangamkam ng lupa. Hinikayat din nila ang mga abugado na makiisa at tumulong sa ligal na laban ng mga magsasaka.

Samantala, sa ulat ng Anakbayan, binigyan kahapon, Abril 23, ng "notice of hearing" ang Jarton Security Agency at ang mga residente para dumalo sa pagdinig sa darating na Abril 25 para pag-usapan ang nangyaring karahasan at ang pangangamkam ng lupa.

"Kinikilala ito ng Anakbayan bilang hakbang upang madinig ang mga hinaing at panawagan ng mga magsasaka ng Lupang Tartaria. Umaasa rin kami na magsilbi itong daan upang mapanagot ang pandarahas ng Jartob Security Group at matigil ang pangangamkam ng mga Ayala at Aguinaldo," anang grupo.

Ang Tartaria ay bahagi ng 200-ektaryang inaanakin ng angkang Aguinaldo sa Cavite. Katuwang ng mga Aguinaldo ang Ayala Land Inc sa pangangamkam ng lupa bilang land developer.

#### **[English Translation]**

### **Youths join barricade in Lupang Tartaria**

April 24, 2024

Amid continued pressure and harassment by Ayala-Aguinaldo mercenaries, young people from Metro Manila and other nearby provinces trooped to Lupang Tartaria in Silang, Cavite to join the residents and farmers' barricade.

They arrived in the area after the Jarton Security Group violently entered and cordoned off Tartaria Land on April 20. The guards looted some of the barricaders' equipment, including that of a journalist. Some of the residents were also injured and hurt.

The Kabataan Partylist report says a delegation of youth and paralegal officers went to Lupang Tartaria to investigate the overall situation and to expose Ayala-Aguinaldo's land grabbing. They

launched discussions, studies and cultural performances in the community.

Elements of Jarton Security have surrounded the camp of youths and peasants. “The armed robbers are only 10 meters away...the residents are sleepless for fear that they might be attacked again,” reports Kabataan Partylist.

The group called for help and support from the media to expose the issue to the wider public, as well as local and national government officials to take action against land grabbing. They also encouraged lawyers to join and help the farmers’ legal battle.

Meanwhile, Anakbayan’s reported yesterday, April 23, that the Jarton Security Agency and the residents were given a “notice of hearing” to attend the hearing on April 25 to discuss the violence and land grabbing.

“Anakbayan recognizes this as a step for Lupang Tartaria farmers to forward their grievances and appeals. We also hope that this will serve as a way to hold Jarton Security Group accountable for their violence and to stop the grabbing of the Ayalas and Aguinaldos,” said the group.

Tartaria is part of the 200-hectare property claimed by the Aguinaldo family in Cavite. Ayala Land Inc. is a partner of the Aguinaldos in land grabbing as a land developer.

## **Palabas ng PNP-Valenzuela City na “pagsuko” ng 2 kasapi ng Anakbayan, binatikos**

Abril 24, 2024

Kinundena ng grupong Defend CAMANAVA ang sinasabing “pagsuko” sa pulis sa Valenzuela City ng dalawang nagdeklarang kasapi ng Anakbayan noong Abril 17. Anang grupo, malinaw na black propaganda lamang ang palabas na ito laban sa Anakbayan, at na “malisyoso” ang sinasabing “nagbalik-loob.”

Sa pinalabas na ulat ng mga pulis, “sumuko” ang nagngangalang “Anie”, 23, at “Reylin”, 25, mga residente ng Valenzuela City na umano'y apat at talong taong naging mga kasapi ng Anakbayan. Dagdag pa ng mga pulis, ang pagsuko ng dalawa ay bunga ng “special intelligence operation” ng PNP-Valenzuela City at Joint Task Force-National Capital Region (JTF-NCR).

Sa “salaysay” ng mga “sumuko,” pinangakuan sila ng Anakbayan ng mga pambahay at tulong pampinansya ngunit tanging puyat, pagod at gutom lamang ang sinapit nila sa grupo. Nagsisi umano silang sumali pa sa Anakbayan.

Bwelta ng Defend CAMANAVA, “hindi nangangako ang nasabing organisasyon ng libreng pambahay at tulong pampinansya dahil ang punto ng pagiging kasapi nito ay maintindihan at iwaksi ang mga ugat ng kahirapan at bumaklas sa pyudal na kinasanayan.” Wala din sa programa at konstitusyon ng naturang organisasyon ang mag-

alok ng kung anu-anong mga bagay para hikayatin ang mga kabataang sumali dito, ayon sa grupo.

Paninindigan ng grupo, malisyoso ang ginawang “pagpapasuko” sa dalawa at higit lalo ang pagpapailalim sa kanila ng mga pulis ng syudad sa programang “balik-loob” na alok ng gubyerno para sa mga kasapi ng armadong rebolusyonaryong kilusan. Itinutulak ito ng JTF-NCR at National Task Force (NTF)-Elcac na kapwa binuo sa ilalim ng Executive Order No. 70 na nilagdaan noong 2018 ng rehimeng Duterte.

Iginiit ng grupo na isang lehitimong organisasyon ang Anakbayan at hindi dapat “pinasusuko” ang mga kasapi nito ng mga pwersa ng estado. Ang Anakbayan ay itinatag noong Nobyembre 30, 1998 at kabilang sa mga nanguna sa makasaysayang EDSA 2 noong 2001 at iba pang mga kampanya sa pagtata guyod sa karapatan ng mga kabataan.

“Ang nasabing post ng mga kapulisan at JTF-Elcac ay hindi na bago, hindi na bago ang pangmamanipula nila sa (isip ng) sambayanan,” dagdag pa ng Defend CAMANAVA.

Karaniwan nang taktika ng mga pwersa ng estado, sa kalunsuran at higit lalo sa kanayunan, ang pagpaparada sa mga sibilyan bilang “sumukong” mga kasapi ng Bagong Hukbong Bayan para palabasin ang kanilang pagkapanalo laban sa rebolusyonaryong kilusan. Kamakailan, muling idineklara ng rehimeng Marcos ang target nitong tuluyang gapiin ang rebolusyonaryong kilusan sa pagtatapos ng 2024.

Ang pagdadawit sa mga sibilyan sa armadong rebolusyonaryong kilusan ay naglalagay sa kanila sa kapahamakan. Seryosong paglabag ito sa internasyunal na makataong batas. Sa halip na walang-batayang pagpaparatang, dapat silang bigyan ng proteksyon at garantiya sa kanilang mga karapatan.

**[English Translation]**

**Group condemns PNP-Valenzuela City's fake "surrender" of 2 Anakbayan members**

April 24, 2024

The Defend CAMANAVA condemned the alleged surrender of two declared members of Anakbayan to the police in Valenzuela City on April 17. The group says it is clear that this theatrics against Anakbayan is only black propaganda, and labelling them "rebel-returnees" is "malicious".

The released police report say "Anie", 23, and "Reylin", 25, residents of Valenzuela City who allegedly became members of Anakbayan for four and three years, "surrendered." The police added that the surrender of the two was the result of a "special intelligence operation" by the PNP-Valenzuela City and Joint Task Force-National Capital Region (JTF-NCR).

In the "surrenderer's" "statement", Anakbayan allegedly promised them housing and financial aid, but they only suffered sleepless nights, exhaustion and hunger while in the group. They said they regretted joining Anakbayan.

Defend CAMANAVA belied the allegations, saying “the said organization does not promise free housing and financial assistance because the point of its membership is to understand and eliminate the roots of poverty and break feudal customs.” Neither the program nor the constitution of such an organization offers anything to encourage young people to join it, according to the group.

The group asserted the forced “surrender” of the two was malicious and even worse than the city police subjected them to the “rebel returnee” program offered by the government for members of the armed revolutionary movement. This is pushed by the JTF-NCR and the National Task Force (NTF)-Elcac which were both formed under Executive Order No. 70 signed in 2018 by the Duterte regime.

The group insists that Anakbayan is a legitimate organization and that state forces should not force its members to “surrender”. Anakbayan was founded on November 30, 1998 and was among the leaders of the historic EDSA 2 in 2001 and other campaigns promoting the rights of the youth.

“The said post of the police and JTF-Elcac is not new, their manipulation of (the minds of) the people is not new,” Defend CAMANAVA added.

It is a usual tactic of the state forces, in the city and especially in the countryside, to parade civilians as “surrendered” members of the New People’s Army to falsely claim victory over the revolutionary movement. Recently, the Marcos

regime re-declared its target of completely defeating the revolutionary movement by the end of 2024.

Incriminating civilians in the armed revolutionary movement puts them at risk. This is a serious violation of international humanitarian law. Instead of baseless accusations, they should be given protection and guarantee of their rights.

## **Mga anti-sosyal na aktibidad ng 20th IB sa mga “cleared” na barangay sa Las Navas, Samar, ibinunyag**

Abril 25, 2024

Walang rendang anti-sosyal na mga aktibidad at paglabag sa mga karapatang-tao ang isinasagawa ng mga elemento ng 20th IB sa tinagurian nitong mga “cleared” na barangay sa Las Navas, North Samar. Dalawang taon nang nakapailalim ang mga barangay na ito sa Retooled Community Support Program (RCSP). Ito ang mapait na reyalidad sa likod ng hungkag na mga pangako ng militar ng “kapayapaan” at “kaunlaran.”

Paglalasing. Nakunan ng bidyo at ipinost sa social midya ang walang pakundangang pagpapaputok ng mga lasing na mga sundalong nagpapatupad ng RCSP sa Barangay San Francisco, Las Navas noong gabi ng Abril 9. Dahil dito, napilitan ang upisyal ng 20th IB na ipatawag ang mga lasing na sundalo sa hedkwarters ng 20th IB para pagsabihan at parusahan sa plasa. Gayunpaman, “binisita” ng naturang upisyal ang gurong nag-post ng bidyo sa social media at binalaan na

huwag nang mag-post muli at magsampa na lamang ng reklamo. Sa aktwal, madalas na binabalewala ng 20th IB ang mga reklamo laban sa kanilang mga lasing na pwersa at hinahayaan lamang silang magpatuloy sa pananakot sa mga barangay.

Sekswal na atake. Tinutukan ng baril at minolestiya ng kilalang CAFGU na nagngangalang Lando, at kasama niyang lasing na sundalo, ang isang 15-taong-gulang na batang babae na pauuwi mula sa isang sayawan sa Barangay Hinagonoyan, Catubig noong Abril 12. Aktibong ahente ng militar si Lando na gumigiya sa mga operasyon ng mga sundalo sa mga barangay sa kabundukan ng Las Navas at Catubig.

Blokeyo sa ekonomya. Patuloy na pinagbabawalan ng 20th IB ang mga magsasaka sa lahat ng barangay na sakop ng RCSP na magdala ng bigas o anumang iba pang pagkain sa kanilang mga sakahan, para pigilan diumano silang “magbigay ng suporta” para “gutumin” ang Bagong Hukbong Bayan. Noong Abril 10, apat na sundalo ang nagtayo ng tsekpoyn sa hangganan ng Barangay San Miguel at nangkumpiska ng mga balde ng mga punla ng palay. Pinilit nila ang mga magsasaka na itapon ang palay na dala nila mula sa sakahan sa pagdadahilang baka “umabot” pa rin ang mga ito sa BHB. Mahigpit minomonitor ng mga sundalo ang dala nilang mga kaldero. Dahil dito, gutom ang inabot ng mga magsasaka sa kanilang mga sakahan.

Pagsagka sa galaw at kabuhayan ng mga magsasaka. Nabawasan ang inaasahang ani at

lalong naantala ang mga magsasaka sa pag-aani dahil sa takot ng mga magsasaka na makipag-ugnayan sa mga sundalo. Napipilitan silang bumalik nang maaga mula sa kanilang mga sakahan sa takot na mahuli sa oras ng karpyu. Marami na ang tumigil sa pagpunta sa bukid sa kritikal na mga oras para ihanda ang lupa o magtanin para sa paparating na tag-ulang dahil sa takot na makasarubong ng mga abusadong mga sundalo. Dahil sa panggigipit na ito, nagbabadya ang krisis sa pagkain sa mga komunidad.

Ulat mula sa Bandilyo Gerilya, Abril 25, 2024.

#### **[English Translation]**

### **Residents expose 20th IB anti-social activities in “cleared” barangays in Las Navas, Samar**

April 25, 2024

The 20th IB elements are conducting unrestrained anti-social activities and human rights violations in the so-called “cleared” barangays in Las Navas, North Samar. These barangays have been under the Retooled Community Support Program (RCSP) for two years. This is the bitter reality behind the military’s hollow promises of “peace” and “prosperity.”

Drunkenness. The indiscriminate firing of drunken RCSP soldiers in Barangay San Francisco, Las Navas on the night of April 9 was captured on video and posted on social media. This forced the 20th IB officer to summon the drunken soldiers to the 20th IB headquarters to be reprimanded and

punished in the plaza. However, the said official also “visited” the teacher who posted the video on social media and threatened him not to post again and to file a complaint instead. In fact, the 20th IB often ignored complaints against their drunken forces and simply allowed them to continue terrorizing the barangays.

Sexual assault. A CAFGU named Lando, along with a drunken soldier, aimed a gun at and molested a 15-year-old girl on her way home from a dance in Barangay Hinagonoyan, Catubig on April 12. Lando is an active military agent who acts as a guide of military operations in the barangays in the mountains of Las Navas and Catubig.

Economic blockade. The 20th IB continues to prohibit farmers in all barangays covered by the RCSP from bringing rice or any other food to their farms, to allegedly prevent them from “giving support” and to “starve” the New People’s Army. On April 10, four soldiers set up a checkpoint at the border of Barangay San Miguel and confiscated buckets of rice seedlings. They forced the farmers to dispose the unhusked rice they brought from the farm because it might still “reach” the NPA. The soldiers closely monitor the pots they carry. Because of this, farmers suffer hunger in their farms.

Restriction of mobility and livelihood of farmers. The expected amount of harvest was reduced and harvesting was further delayed due to farmers’ fear of interacting with the soldiers. They are forced to return early from their farms for fear of

the curfew. Many have stopped going to the fields at critical times to prepare the land or plant crops for the upcoming rainy season for fear of crossing paths with abusive soldiers. Due to this harassment, communities face a looming food crisis.

Report from Bandilyo Guerilla, April 25, 2024.

## **Mga grupo sa Southern Mindanao, nagprotesta para ilitaw ang dinukot na organisador ng manggagawa**

Abril 25, 2024

Nagprotesta ang mga kasapi ng Kilusang Mayo Uno-Southern Mindanao Region (KMU-SMR) at Anakbayan-Southern Mindanao ngayong araw, Abril 25, sa Davao City para ipanawagan ang kagyat na paglilitaw sa dinukot na organisador ng mga manggagawa na si William Lariosa. Ika-15 araw na ngayon ng kanyang sapilitang pagkawala.

Dinukot ng mga ahente ng 48th IB si Lariosa, 63, noong Abril 10 sa Barangay Butong, Quezon, Bukidnon. Matagal nang pinag-iinitan ng militar si Lariosa at kanyang pamilya. Marami na siyang natanggap na banta at panggigipit kung kaya nagsangtwaryo siya sa Bukidnon mula pa 2021.

Sa isinagawang imbestigasyon ng mga grupo sa karapatang-tao noong Abril 11 sa bayan ng Quezon, kinumpirma ng mga residente ng komunidad ang nangyaring pagdukot kay Lariosa. Nananatiling walang impormasyon ang mga

kaanak at kasama ni Lariosa sa kanyang kalagayan o kinaroroongan sa kasalukuyan.

Giit ng mga grupo, ang pagdukot kay Lariosa ay tahasang pag-atake sa karapatan ng mga manggagawa at sa kalayaan sa asosasyon at pag-oorganisa. Nanawagan din ang KMU-SMR sa publiko na makipagtulungan sa kanila sakaling mayroon silang impormasyon sa kinaroroongan ng organisador.

**[English Translation]**

**Southern Mindanao groups hold protest to call for the surfacing of abducted labor organizer**

April 25, 2024

Members of Kilusang Mayo Uno-Southern Mindanao Region (KMU-SMR) and Anakbayan-Southern Mindanao held a protest today, April 25, in Davao City to call for the immediate surfacing of abducted workers' organizer William Lariosa. Today is the 15th day of his enforced disappearance.

The 48th IB agents abducted Lariosa, 63, on April 10 in Barangay Butong, Quezon, Bukidnon. Lariosa and his family have long been under fire from the military. Receiving many threats and harassment prompted him to take refuge in Bukidnon since 2021.

During the investigation conducted by human rights groups on April 11 in Quezon town, residents of the community confirmed the

abduction of Lariosa. Lariosa's family and associates remain in the dark about his condition or current whereabouts.

The groups assert that Lariosa's abduction is a blatant attack on workers' rights and freedom of association and organization. KMU-SMR also called on the public to cooperate with them if they have information on the whereabouts of the organizer.

## **Pagpapaputok ng mortar ng 20th IB sa gitna ng kabahayan sa Las Navas, kinundena**

Abril 25, 2024

Isinawalat kamakailan ng mga residente ng San Miguel, Las Navas, Northern Samar ang paglalasing at iba pang anti-sosyal na gawi ng mga sundalo ng 20th IB na nakakampo sa kanilang mga komunidad.

Noong Marso 12, nagpaputok ang mga ito ng mortar nang bandang alas-11 ng gabi malapit sa mga kabahayan. Isa sa mga bala ang hindi pumutok at lumapag sa bakuran ng isang bahay. Sa takot ng mga residente na pumutok ito, kinuhaan nila ng bidyo at litrato ang bomba at pinaskil sa social media para humingi ng tulong.

Nagpalusot ang mga lasing na sundalo at sinabing nagpaputok sila ng mortar dahil sa presensya ng Bagong Hukbong Bayan sa kabundukan ng Tigbaw, na ilang kilometro ang layo mula sa barangay. Gayunpaman, marami ang nakasaksi na

pinaputok nila ang mortar sa kalapit lamang na barangay na Malubago. Nagsinungaling pa silang pinaputukan diumano sila ng residenteng si Papay Cabadbad. Hindi nila maipaliwanag kung bakit nagpaputok sila ng mortar sa loob ng barangay at kung bakit nakapag-iwan ito ng mga di pumutok na mga bomba.

Malinaw na ang paulit-ulit na pagpapaputok ng mortar ng mga sundalo sa loob ng barangay at pang-aakusa ng mga ito sa mga residente ng mga krimen ay taktika para panatilihin ang takot sa mga baryo na itinakda nang “cleared” ng reaksyunaryong estado at ng AFP. Ginagamit lamang ng AFP ang mga proyekto ng gubyerno para atakehin ang mga sibilyan sa armadong kampanya nito laban sa BHB.

Mahaba na ang karanasan ng taumbaryo na tanging sa pagsisiwalat ng mga abuso at krimen ng militar, sa pamamagitan ng pagkuha ng mga bidyo, pagpo-post nito sa social media, pagsasampa ng reklamo sa mga lokal na upisyal at iba pa, at sa sama-samang pagkilos ng mga residente, napatitigil at komprehensibong napapanagot ang mga abusadong sundalo.

Ulat mula sa Bandilyo Gerilya, Abril 25, 2024

**[English Translation]**

**Residents condemn 20th IB for mortar firing into homes in Las Navas**

Abril 25, 2024

Residents of San Miguel, Las Navas, North Samar recently exposed the drunken and other anti-social behavior of the 20th IB soldiers camped within their communities.

On March 12, they fired mortars at around 11 pm near homes. One of the bombs misfired and landed inside a houseyard. Fearing it might explode, the residents took video and photos of the bomb and posted it on social media to ask for help.

The drunken soldiers' excuse is that they fired mortars because of the presence of the New People's Army in the mountains of Tigbaw, which is several kilometers away from the barangay. Nevertheless, many witnessed that they fired the mortar at the nearby barangay of Malubago. They even brazenly lied that resident Papay Cabadbad shot at them. They cannot explain why they fired a mortar from inside the barangay and why they left unexploded bombs behind.

It is clear that the repeated firing of mortars by the soldiers inside the barangay and their false accusations of crimes against the residents is a tactic to sustain terror in the barrios that have been established "cleared" by the reactionary state and the AFP. The AFP is only using government projects to attack civilians in its armed campaign against the NPA.

Residents have a long history of exposing military abuses and crimes, by taking videos, posting them on social media, filing complaints before local officials and others, and with collective action, the

residents can stop and comprehensively hold the abusive soldiers accountable.

Report from Bandilyo Guerilla, April 25, 2024

## **Pagtataas ng presyo ng tabako tungong ₱128 kada kilo, muling ipinanawagan**

Abril 25, 2024

Muling iginigiit ng Solidarity of Peasants Against Exploitation (Stop Exploitation)-Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP)-Ilocos na itaas ng gubyerno ang presyo ng bentahan ng tabako tungong ₱128 kada kilo. Panawagan nilang ipirmi na sa ganitong presyo ang bilihan kasunod ng pagpalo nito kamakailan tungong ₱100-₱113, mula sa dating nakatakdang floor price o minimum na presyo na ₱81-₱97, depende sa klase. Anang grupo, pinatutunayan ng pagtaas ngayon ng presyo ng tabako ang pagiging makatarungan ng kanilang ilang dekada nang kahingian.

“Bagaman nagbibigay ng kaginhawaan mula sa nakaraang mga pagkalugi ang tumaas na presyo ng pagbili sa tabako mula nang magbukas ang panahon ng bentahan, nananatiling usapin ang kawalang katiyakan ng mga presyo. Dapat siguraduhin ng gubyerno ang makatarungan at pirming mga presyo, sa halip na mag-alok ng pakitang-tao na mga pagtaas tulad nito kada taon,” ayon kay Julie Balangue, tagapagsalita ng Stop Exploitation.

Paliwanag pa ni Balangue, nabawi lamang ng idinagdag na kita na ito ang tumataas ding gastos sa produksyon at ng nags мамахалang mga bilihin. "Higit isang dekada na nang una naming itinulak ang ₱128 kada kilong presyo. Ang presyo ng tabako na nakikita natin ngayon ay labis nang naantala at tanging sumasagot lamang sa maliit na bahagi ng makatarungang kompensasyon para sa aming pagtatrabaho at dedikasyon sa produksyon," ayon pa sa kanya.

Nagbabantay pa sa ngayon ang mga magsasaka sa Ilocos kung mapananatili ba ng National Tobacco Administration (NTA) at mga sentro ng bilihan ang presyong ito ng tabako dahil nakaranas na sila sa nakaraan nang biglaang pagbagsak ng presyo. Kinutya naman ng Stop Exploitation ang NTA at sinabihang huwag magmagaling na sila ang nagdulot ng pagtaas ng presyo ng tabako gayong wala silang ginawa para maitulak ito. Anang grupo, bunga ito ng paghihirap at pakikibaka ng mga magsasaka.

"Ilang taon nang bigo ang ahensya na tugunan ang hinaing ng mga magsasaka, at hanggang ngayon, dahil pinahihintulutan nito ang mga sentro ng bilihan at mga kumpanya na kontrolin ang mga presyo at diktahan ang demand sa pamilihan," ayon kay Balangue.

Ayon mismo sa NTA, maaaring pumalo ang presyo ng Class AA na flue-cured Virginia tungong ₱113 hanggang ₱127 kada kilo, mula sa floor price na ₱97. Habang ang magandang klase ng air-cured Burley at lokal na tabako ay maaring umabot sa ₱100 kada kilo mula sa ₱81 kada kilo na floor

price. Itinatakda ang floor price ng tabako ng sabwatan ng pribadong sektor at NTA sa tabing ng “tripartite consultative conference” kasama ang mga magsasaka.

Liban sa pagtaas ng presyo, nagkaroon ng pagluwag sa mga patakaran ng klasipikasyon ng tabako ngayong taon. Ayon sa Stop Exploitation, ipinakikita nito ang kakayahan ng pribadong sektor na bumili ng tabako sa mas mataas na halaga nang hindi nagpapataw ng mga pahirap na restriksyon at klasipikasyon.

Himutok ng mga magsasaka sa rehiyon, ginagamit lamang ng mga kumpanya ang klasipikasyong ito para baratin ang presyo ng pagbili. “Hindi lamang dapat makinabang ang mga magsasaka sa relaxed na mga restriksyon ngayong taon kundi dapat gawin na itong pamantayan,” ayon kay Balangue. Sa kabilang nito, pinagtibay nila ang kanilang panawagan na dapat nang tanggalin ang sistemang ito ng klasipikasyon.

Sa datos noong 2019, gumagastos ng abereyds na ₱151,060 ang mga magsasaka sa kada ekarya ng produksyon ng tabako. Malaking bahagi ng gastos ay napupunta sa mga kagamitan sa produksyon (₱62,631) at upa sa lupa (₱18,856). Mahigit anim na buwan ang iginugugol ng mga magsasaka sa produksyon, mula sa pagpupunla hanggang sa pag-aani at pagbebenta. Mayorya ng mga sakahan (66%) ay matatagpuan sa Ilocos Region, sunod sa Cagayan Valley (19%). Nakasalalay sa industriya ang 2.1 milyong Pilipino kabilang ang tinatayang 430,000 magsasaka, manggagawang bukid at kanilang mga pamilya.

**[English Translation]**

## **KMP reiterates call to increase tobacco farmgate price to ₱128 per kilo**

April 25, 2024

The Solidarity of Peasants Against Exploitation (Stop Exploitation)-Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP)-Ilocos is again pushing for the government to raise the farmgate price of tobacco to ₱128 per kilo. They call for prices to be fixed following recent increase to ₱100-₱113, from the previous floor price of ₱81-₱97, depending on the class. The group says today's increase in the prices proves the justness of their decades-old demand.

"Although the increased purchase price of tobacco since the opening of the sale season provides relief from past losses, the issue of price uncertainty remains. The government should ensure fair and fixed prices, instead of offering cosmetic increases like this every year," says Julie Balangue, spokesperson for Stop Exploitation.

Balangue further explained, this increase only compensated for the rising cost of production and commodities. "It's been more than a decade since we first pushed for the price of ₱128 per kilo. The price of tobacco we see today is too late and only covers a small part of the fair compensation for our work and dedication to production," she said.

Farmers in Ilocos are still waiting to see if the National Tobacco Administration (NTA) and market centers will be able to maintain this

tobacco farmgate price because they have experienced sudden price drops in the past. Stop Exploitation, on the other hand, ridiculed and told the NTA to stop claiming credit for the increase in tobacco price when they did nothing to push for it. The group says this is the result of the suffering and struggle of the farmers.

"For years and up to now, the agency has failed to address the grievances of farmers because it allows the market centers and companies to control prices and dictate market demand," according to Balangue.

According to the NTA itself, the price of Class AA flue-cured Virginia may hit ₱113 to ₱127 per kilo, from the floor price of ₱97. While the class of air-cured Burley and local tobacco can reach ₱100 per kilo from the ₱81 per kilo floor price. The floor price of tobacco is set through the collusion of the private sector and NTA under the guise of a "tripartite consultative conference" with farmers.

In addition to the price increase, there was a relaxation of tobacco classification rules this year. Stop Exploitation says this demonstrates the ability of the private sector to purchase tobacco at higher prices without imposing onerous restrictions and classifications.

Farmers in the region lamented that companies use the system of classification to cheapen the farmgate prices. "Farmers should not benefit from the relaxed restrictions only for this year but it should be standardized," according to Balangue. Despite this, they affirmed their call that this

classification system should altogether be abolished.

In 2019 data, farmers spend an average of ₱151,060 per hectare of tobacco production. A large portion of the cost goes to production equipment (₱62,631) and land rent (₱18,856). Farmers spend more than six months in production, from planting to harvesting and selling. Majority of farms (66%) are located in Ilocos Region, followed by Cagayan Valley (19%). About 2.1 million Filipinos depend on the industry including an estimated 430,000 farmers, farm workers and their families.

## **1,500 katao, nakiisa sa pagdiriwang ng People's Cordillera Day sa Kalinga**

Abril 26, 2024

Dalawang araw na ipinagdiwang ng mamamayan ng Cordillera at mga bisita ang ika-40 People's Cordillera Day sa Barangay Tanglag, Lubuagan, Kalinga noong Abril 23-24. Tinatayang 1,500 katao ang nakiisa sa pagtitipon na sentralisadong nailunsad kasunod ng limang taon na hiwa-hiwalay na pagdiriwang. Nagkaisa sila sa temang "Buong tapang na isulong ang pakikibaka para sa lupa, dangal, at buhay."

Ang taunang pagdiriwang sa People's Cordillera Day ay pinangangasiwaan ng Cordillera Peoples Alliance (CPA). Idineklara ito ng CPA tuwing Abril 24 bilang paggunita sa araw ng kabayanihan ni Macliing Dulag, pinuno ng tribung Butbut na nanguna sa pakikibaka ng Cordillera laban sa

mapaminsalang Chico Dam noong panahon ng diktadurang Marcos, na pinaslang ng mga armadong galamay ng diktadurang Marcos Sr noong 1980.

Bago ang mismong pagdiriwang, nagkaroon ng mga aktibidad at pagtitipon sa Hawaii, Metro Manila, Baguio City, at Kalinga. Kabilang dito ang sama-samang pagbibisikleta, mga pag-aaral at talakayan, pangkulturang mga programa, at mga misyong medikal at dental. Pinangunahan ito ng mga katuwang na organisasyon ng CPA.

Sa sentralisadong pagdiriwang, muling pinagtibay ng lahat ng tribu ng Cordillera ang kanilang pagkakaisa para ipagtanggol ang kanilang lupang ninuno at karapatan sa sariling pagpapasya.

Nagtanghal sila ng mga awit, sabay-sabay na pagsigaw ng mga islogan, sayaw at mga tula sa pagdiriwang. Nagkaisa rin ang mga dumalo sa isang deklarasyon laban sa pandarambong at terorismo ng estado ng rehimeng US-Marcos.

Samantala, binatikos ng CPA ang walang-tigil na panggigipit at panunupil na kanilang dinanas mula sa kamay ng mga pwersa ng estado habang inilulunsad ang naturang mga aktibidad. Anang grupo, tinangkang pigilan ng rehimeng Marcos ang pagdiriwang sa pagpapakalat ng mga polyeto ng Red-tagging laban sa CPA at pagsasabit ng mga sako na malisyosyong nagdadawit sa kanila sa armadong rebolusyonaryong kilusan. “Maging ang mga lokal na upisyal ng gubyerno ay tinanong at tinakot sa pagpapahintulot na maganap ang selebrasyon,” ayon pa sa grupo.

Sa kabilang nito, matapang na hinaraap ng mamamayang Cordillera ang pananakot na ito para matagumpay na ilunsad ang malaking pagtitipon. Nangako silang patuloy na palalakasin ang pagkakaisa at paglaban sa itinutulak na mga proyektong dam, malakihang operasyong mina, at iba pang proyektong makakasira sa kalikasan at sa kanilang lupang ninuno.

## **Deadlock sa negosasyon ng CBA sa PhilFoods, kinundena ng unyon**

Abril 26, 2024

Muling nagprotesta ang mga manggagawa ng PhilFoods Fresh Baked Product Inc sa National Conciliation and Mediation Board (NCMB) Region IV-A sa Calamba, Laguna noong Abril 24 para kundenahin ang pagtanggi ng kapitalista ng PhilFoods na ibigay ang dagdag sahod at mga benepisyong hinihingi nila sa kanilang Collective Bargaining Agreement (CBA).

Dinala ng Unyon ng mga Panadero sa PhilFoods Fresh Baked Product Inc. (UPPFBPI-OLALIA-KMU) ang negosasyon sa NCMB Region IV-A kasunod ng deadlock o pagtanggi ng kapitalista na tugunan ang kanilang kahingian.

Sinimulan ang negosasyon para sa CBA noong Enero. Matatandaang bago ang upisyal na pagsisimula ng negosasyon ay labis nang inantala ng maneydsment ang proseso sa pagtangging makipagkasundo sa simpleng “bargaining ground rules” na gagamiting gabay sa negosasyon.

Anang grupo, sa kabilang kanilang paghihirap sa pagawaan ay “nananaig pa rin ang kabulukan, sobrang pagkabarat at pagbibingi-bingihan ng kapitalistang PhilFoods.” Anila, makatarungang dagdag-sahod at sapat na mga benepisyo lamang ang hinihingi nila para makaagapay sa nagtataasang presyo ng batayang mga bilihin subalit nananatiling manhid ang kumpanya.

Sa pag-aaral ng Ibon Foundation, tinatayang kinakailangan ng P1,123 na family living wage o nakabubuhay na sahod para sa lima-kataong pamilya sa Region IV-A. Samantala, nakapako sa P520 ang minimum na arawang sahod sa rehiyon.

Noong Setyembre 2023 lamang nanalo ang UPPFBPI-OLALIA-KMU sa eleksyon sa sertipikasyon para katawanin ang mga manggagawa ng pagawaan. Nakakuha ng 295 na boto ang unyon sa kabuuang 341 bumoto sa eleksyon, habang 25 boto ang nakuha ng katunggaling unyon.

Ang PhilFoods Fresh Baked Product Inc ay kapatid na pagawaan ng Gardenia Bakeries na gumagawa ng tinapay para sa Gardenia, isang kumpanyang multinasyal. Ang pagawaan ng PhilFoods ay matatagupuan sa LIIP Avenue, Barangay Mamplasan, Biñan, Laguna.

## **2 lider-manggagawa sa Davao, ginipit ng 10th ID**

Abril 27, 2024

Muling tunitindi ang panggigipit ng reaksyunaryong estado sa mga lider-manggagawa sa rehiyon ng Davao. Dalawang lider manggagawa ng rehiyon ang magkasunod na ginipit ng mga pwersa ng estado nitong nagdaang linggo.

Dalawang beses na “binisita” ng dalawang nagpakilalang sundalo ng 10th ID ang pamilya ng dating secretary-general ng Kilusang Mayo Uno-Southern Mindanao Region na si Carlo Olalo sa kanilang bahay sa Davao City. Tinakot ng mga ito ang pamilya ni Olalo ay sinabihan silang “ipasurrender” si Olalo para “malinis” ang kanyang pangalan. Naganap ang insidenteng ito ng panggigipit noong Abril 23, at naulit kahapon, Abril 26.

Noon Abril 26, “binisita” rin ng mga sundalo ang komunidad ni Melodina “Melod” Gumanoy, isang lider-manggagawa sa Compostela Valley sa Davao de Oro. Paulit-ulit siyang tinakot at pinwersang sumurender.

Ang mga atake sa dalawang lider ay bahagi ng serye ng mga panggigipit ng AFP sa mga manggagawa sa rehiyon. Noong Abril 10, dinukot at hanggang ngayon ay di pa inilitaw ng 48th IB si William Lariosa, isa ring batikang lider-manggagawa ng rehiyon.

## **Mga manggagawa, nagtungo sa embahada ng US para iprotesta ang Balikatan**

Abril 27, 2024

Nagmartsa patungong embahada ng US ang mga manggagawang kahapon, Abril 26, para tuligsain ang isinasagawang Balikatan war games. Ang pagkilos ay pangatlo sa serye ng inilunsad ng mga manggagawa sa Kilusang Mayo Uno (KMU) na Red Friday Protest ngayong buwan.

Tinuligsa ng mga manggagawa ang anila'y pagpopostura para sa gera ng US na lalong nagpapatindi sa tensyon sa West Philippine Sea. Kinundena nila ang paggamit ng China ng "gray tactics," at ang paggamit ng US sa mga insidenteng ito para ipaarangkada ang tensyon sa rehiyon ng Asia-Pacific.

"Talo na si Genocide Joe (US President Joseph Biden) sa Ukraine at Gaza, at nabunyag na niya ang kanyang sarili bilang tagapaghatid ng gera...," pahayag ng KMU.

Ang presensya ng US sa Pilipinas ay bahagi ng mga pagsisikap nitong panatilihin ang mga interes nito sa ekonomya sa bansa at sa buong Asia, ayon sa grupo.

Nagbabala ang KMU na bahagi nito ang iniraratsada ng rehimeng Marcos na charter change na nagbebenta sa Piipinas sa mga dayuhan.

"Inilalagay ni Marcos ang mga Pilipino sa gitna ng nag-uumpugang United States at China, at tinitiyak niyang puno ang kanyang bulsa ng mga Amerikanong dolyar habang ginagawa ito," anito. Panawagan ng KMU na magkaisa ang mga patriyotiko, demokratiko at mapagmahal sa

kapayapaang Pilipino at mga internasyunal na alyado nito na tutulan ang panghihimasok ng US sa ekonomya, pulitika at militar sa Pilipinas.

## **2 tagapagtanggol ng karapatang-tao sa Quezon, sinampahan ng kasong “terrorism financing”**

Abril 28, 2024

Kinundena ng Defend Southern Tagalog ang tinawag nitong gawa-gawang kaso na isinampa laban sa dalawang kabataang tagapagtanggol ng karapatang-tao sa Quezon ngayong Abril. Ayon sa grupo, napag-alaman nila noong Abril 8 na mayroong mga kasong kriminal na paglabag sa Terrorism Financing Prevention and Suppression Act of 2012 na isinampa laban kina Paul Tagle, tagapagsalita ng Tanggol Quezon, at Fritz Labiano, koordineytor ng Kabataan Partylist sa prubinsya.

Noong pang Pebrero 23 naglabas ang Department of Justice ng resolusyon ng paunang imbestigasyon na nagrerekomenda na sampahan ng kaso ang dalawa.

“Walang kaalam-alam sina [Tagle] at [Labiano] na mayroong inihain na mga reklamo laban sa kanila, wala kaming natanggap na subpoena o pabatid para sa paunang imbestigasyon,” pahayag ng Defend Southern Tagalog.

Paliwanag ng grupo, ang isinampang kaso laban sa dalawa ay pumapatungkol sa isang insidente ng kanilang pagtulong sa mga bilanggong pulitikal na

sina Rowena Dasig at Miguela Piniero noong Hulyo 2023. Sa pahayag ng Kabataan Partylist Quezon, inaakusahan ng 85th IB ng “terrorism financing” ang dalawa matapos sinabing nagbigay ng ₱500 at pagkain sa mga bilanggong pulitikal.

Sina Dasig at Piniero ay inaresto ng 85th IB noong Hulyo 12, 2023 sa Purok Banaba, Barangay Caridad Ibaba, Atimonan, Quezon. Lumutang lamang ang mandamyento de arresto laban sa kanila, at anim na iba pa, noong Hulyo 18, 2023 sa kasong paglabag sa Anti-Terrorism Act.

Noo'y nagsasagawa sila ng pagsisiyasat sa epekto ng planong itayo na cycle gas turbine power project at liquefied natural gas terminal plant sa naturang lugar. Ang proyekto na itatayo ng Atimonan One Energy, Inc. (A1E), subsidyaryo ng Meralco PowerGen Corp, ay magkakaroon ng matinding epekto sa mga magkokopra at mangingisda sa bayan ng Atimonan.

“Ang mga kaso laban kina [Tagle] at [Labiano] ay panibagong desperadong tangka ng mga pwersa ng estado, partikular ang 85th IB, para patahimikin ang mga tagapagtanggol ng karapatang-tao at itulak tayong ihinto ang ating gawaing pagseserbisyo sa mga inaapi,” paliwanag ng Defend Southern Tagalog.

Nanindigan ang grupo na ang pagbibigay ng tulong sa mga bilanggong pulitikal ay hindi isang teroristang gawain o isang krimen.

Liban sa pagtulong kina Dasig at Piniero, ang dalawang kabataang tagapagtanggol ng

karapatang-tao ay tumutulong rin sa iba pang mga bilanggong pulitikal. Nagsilbi rin silang mga kabahagi sa mga humanitarian mission at fact-finding mission sa prubinsya ng Quezon na nagsisiwalat sa mga krimen at paglabag sa karapatang-tao at internasyunal na makataong batas ng 85th IB at iba pang pwersa ng estado.

### **3-araw na tigil-pasada at pambansang pagkilos, ikakasa kontra jeepney phaseout**

Abril 28, 2024

Tatlong araw na tigil-pasada at pambansang pagkilos ang ilulunsad ng mga drayber at opereytor ng dyip sa ilalim ng Pagkakaisa ng mga Samahan ng Tsuper and Operator Nationwide (Piston) simula bukas, Abril 29, hanggang sa Mayo 1. Idineklara ng Piston ang pagkilos bilang tugon sa nakatakdang pag-phaseout ng rehimeng Marcos sa hindi nagkonsolidang mga Public Utility Vehicles (PUV) sa Abril 30 sa tulak ng PUV Modernization Program (PUVMP).

Sumusuporta rin sa pagkilos, kasabay ng pagggunita sa Pandaigdigang Araw ng Paggawa, ang mga unyon sa ilalim ng Kilusang Mayo Uno (KMU) at All Workers Unity (AWU). Nagpahayag na rin ng buong suporta ang grupo ng kabataan na Anakbayan. “Do or die na ito! Hindi kami papayag na mawalan ng kabuhayan ang 200,000 tsuper at operator. Hindi kami papayag na lumala ang transport crisis para sa 28.5 milyong mga kompyuter,” ayon sa grupo.

Sa pahayag ng Piston noong Abril 27, araw na inianunsyo ang tigil-pasada, binigyang diin ng grupo ang pasakit at pahirap na dulot ng PUVMP. Iginiit din nila sa rehimeng Marcos na ibalik ang indibidwal na prangkisa sa mga opereytor.

Ayon kay Ruben Baylon, Deputy Secretary General ng Piston, lantad na lantad ang kapalpakan ng PUVMP dahil nagkandasira na ang mga dayuhang yunit na ikinakalakal bilang pamalit sa dyip, ibinaon pa nito ang marami sa utang. Malaon nang itinutulak ng Piston at iba pang mga grupo sa transportasyon na programang rehabilitasyon na lamang ipatupad sa halip na importasyon ng mga mini bus.

Nagsalita rin ang kinatawan ng Piston Women sa ununsyo ng tigil-pasada. Ayon kay Angelica Maranan, opereytor at asawa ng tsuper, buo ang suporta nila sa ikakasang welga. Aniya, sa pamamasada at mga dyip nakasalalay ang buhay at kabuhayan ng maraming pamilya, pati na rin edukasyon at kinabukasan ng kani-kanilang mga anak.

Ipinaabot din ni Jerome Adonis, secretary general ng KMU, ang mahigpit na suporta mula sa hanay ng manggagawa sa buong bansa. Giit niya, nasa manggagawa ang lahat ng dahilan upang sumama sa tatlong araw na welga. Malaki umano ang magiging epekto nito sa arawang kayod ng mga manggagawa laluna kung tataas ang singil sa pasahe na posibleng mangyari sa hinaharap kung mamamayagpag ang imported na “moderning dyip.”

Sa anunsyo ng Piston, inaasahang magkakaroon ng malawakang pagkilos sa mayor na mga kalsada sa National Capital Region, Central Luzon, Southern Tagalog, Bicol, at sa mga syudad ng Baguio at Cebu.

## **Bagong missile system ng US, dinala sa Pilipinas**

Abril 28, 2024

Dumating sa Pilipinas noong maagang bahagi ng Abril ang Typhon Missile System (TMS), ang missile launcher na may kapasidad na magpakawala ng misayl sa layong 1,600 kilometro. Dinala ang naturang launcher sa isang “base militar sa hilagang Luzon” at ginamit una sa Salaknib exercises at sa kasalukuyang lumalargang Balikatan war game.

Sinasabing ang TMS na ito ay una sa gayong klaseng launcher. Tinawag ng US ang pagdating nito sa Pilipinas bilang “una sa kasaysayan” hindi lamang sa bansa kundi sa buong Asia. Sinimulan ang pagmanupaktura ng gayong missile system noon lamang 2019 matapos ibasura ng noo'y administrasyong Trump ang 1987 Intermediate Range Nuclear Forces Treaty, isang kasunduan sa pagitan ng US at Russia. Ipinagbwawal ng kasunduang ito ang produksyon, pag-iimbak at paggamit ng mga misayl na may malayong kapasidad.

Ayon sa mga tagamasid, ang armas na ito ay magdudulot ng “estratehikong pagbabago” sa balanse ng seguridad sa rehiyon at lalong

nagpapataas sa posibilidad ng pagsiklab ng gera sa pagitan ng dalawa imperyalistang bansa. Ang pagpwesto nito sa Pilipinas ay pagbibigay ng US ng senyales sa China na maaari at kayang-kaya nitong magpwesto ng mga opensibong armas (offensive weaponry) na nasa striking distance sa mga pasilidad nito sa South China Sea, hilagang bahagi ng China at Taiwan Strait.

Noong Abril 25, sinabi ng China na ang paglalagay ng gayong sistema sa Asia ay “banta sa istabilidad at kapayapaan” sa rehiyon. Nagbanta itong gagawa ng “mapagpasyang kontra-hakbang” sa galaw na ito ng US. Inakusahan din nito ang US na naghahabol ng “unilateral na bentaheng militar” sa tarangkahan mismo ng China. Anito, ang ganitong mga armas ay nagpapataas sa posibilidad ng mga “maling pagtaya at miskalkulasyon.”

Binalaan din ng China ang Pilipinas na “maging mapagbantay sa tunay na layunin ng US at sa maaaring kahinatnan sa pagsunod (sa mga hakbang) nito.” Anito, kailangang pag-isipan ng Pilipinas ang pagpapagamit sa US sa kapinsalaan ng sarili nitong seguridad.

Noong unang linggo ng Abril, inamin na ni Gen. Charles Flynn, kumander ng US Army Pacific regional command ang balak ng US na permanenteng magpwesto ng gayong missile launcher sa Asia-Pacific sa katapusan ng taon.

Ang Typhoon Missile System ang core component (susing bahagi) ng mga Multi-Domain Task Force (MDTF) ng US, ang binuo nitong mga espesyal na

yunit laban sa China at Russia. Binubuo ang missile system na ito ng apat na launcher, isang command center at kaakibat na mga sasakyang nagdadala ng mga bomba. Ginagamit ito kasabay ng paggamit ng High Mobility Artillery Rocket System (HIMARS) at Dark Eagle Hypersonic System.

May kapasidad itong magpakawala ng ballistic misayl para tumarget ng mga barko sa layong 370 kilometro at magpakawala ng Tomahawk Land Attack Missile, na may kapasidad namang lumipad nang hanggang 1,600 kilometro. Gawa ang missile launcher na ito ng Amerikanong kumpanyang Lockheed Martin.

## **Kaso laban sa 12 aktibista ng Southern Tagalog na lumahok sa protesta kontra-SONA, ibinasura**

Abril 28, 2024

Ibinasura ng Quezon City Prosecutor's Office ang kasong paglabag sa Public Assembly Act of 1985 (Batas Pambansa Blg. 880) laban sa 12 aktibista mula sa Southern Tagalog na lumahok sa kilos-protesta kontra sa ikalawang State of the Nation Address (SONA) ni Marcos Jr noong Hulyo 24, 2023 sa Quezon City. Ayon sa Bagong Alyansang Makabayan (Bayan)-Timog Katagalugan, natanggap nila ang resolusyon ng prosecutor's office noong Abril 23. Isinampa ang kaso laban sa 12 ng mga upisyal ng pulis ng Quezon City noong Agosto 24, 2023.

Ibinasura ang naturang kaso at hindi na itinulak pa sa korte dahil sa kakulangan ng ebidensya laban sa mga akusado. Kabilang sa mga sinampahan ng kaso ang tagapagsalita ng Bayan-Timog Katagalugan na si Kyle Angelo Salgado, YAPJUST Chairperson John Peter Angelo Garcia, Anakbayan Southern Tagalog Coordinator Kenneth Rementilla, Defend Southern Tagalog Spokesperson Charm Maranan at walo pang aktibista at lider ng mga organisasyon sa ilalim ng alyansa ng Bayan sa rehiyon.

“Naninindigan ang Bayan-Timog Katagalugan na isa itong uri ng judicial harassment upang patahimikin ang sinumang tumututol at naglalantad ng kahungkagan ng mga polisiya ng administrasyong Marcos Jr,” ayon sa grupo. Litaw na litaw rin ang pagliit ng demokratikong espasyo para sa mga protesta sa ilalim ng rehimeng anak ng diktador, anito.

Liban sa 12 aktibsita ng Southern Tagalog, matatandaang kinasuhan din ng mga pulis ang visual artist ng Bayan na si Max Santiago at talong iba pa sa paratang ng paglabag sa Clean Air Act (Republic Act No. 8749) nang magsunog ng effigy noong ikalawang SONA. Ibinasura na rin noong Disyembre 2023 ang kaso laban sa kanila sa kawalan ng batayan.

“Imbes na pakinggan at dinggin ang hinaing ng mga mga nagpoprotesta, gawa-gawang kaso ang sinusukli ng pamahalaang nagpapanatili ng luma at nabubulok na kaayusang nagsisilbi lamang sa interes ng mga naghahari-harian sa bansa,” pagdidiin pa ng Bayan-Timog Katagalugan.

# **Libu-libong estudyanteng Amerikano, tuluy-tuloy na nagpuprotesta laban sa henosidyo ng US at Israel sa Palestine**

Abril 28, 2024

Libu-libong estudyante sa US ang patuloy na naglulunsad ng mga protesta at nagtirik ng mga kampuhan laban sa henosidyo ng US at Israel sa Gaza simula pangalawang linggo ng Abril. Ang panibagong serye na ito ay huli sa tuluy-tuloy na mga pagkilos ng mamamayang Amerikano na sinimulan mula pa noong nakaraang taon. Kasama sa mga protestang ito ang maraming estudyante at organisasyong Jew.

Itinayo ng mga nagpuprotesta ang mga kampuhan sa malalaking kampus para ipanawagan ang pag-atras ng kani-kanilang mga unibersidad sa lahat ng pamumuhunan at ugnayan sa Zionistang rehimeng Israel at mga kumpanya sa armas na nagsusuplay ng mga sandata dito. Maraming unibersidad ang malapit na nakikipagtulungan sa industriyal-militar na complex ng US, at sa gayon ay may pananagutan sa henosidyo ng Israel sa Gaza.

Bilang tugon, daan-daan ang dinahas ng mga pulis at ipinaaresto ng mga administrasyon ng naturang mga unibersidad. Maraming estudyante ang pinalayas sa kanilang mga dormitoryo, sinuspinde o tuwirang sinipa sa kanilang mga kolehiyo.

Kabilang sa mga dinahas ang protesta ng mga estudyante ng Colombia University noong Abril 25. Ipinabuwag ng administrasyon ang

mapayapang protesta sa loob ng kampus na nagresulta sa pag-aresto ng 100 estudyante. Kinastigo ng maraming sektor ang pandarahas at mga pagparusa sa mga estudyante na anila'y labag sa academic freedom at due process.

Katulad na mga pagkilos at kampuhan ang idinaos ng mga estudyante sa University of New York, University of Illinois-Chicago, Howard University, UC Berkeley, University of Michigan, University of Colorado Denver at University of Texas-Austin.  
[us-universities-encampment]

Tulad sa Colombia, dinahas at puu-puo ang inaresto sa mga protesta sa Emory University, University of Southern California, University of Texas at Emerson College. Kinundena ng mga propesor at iba pang sektor sa unibersidad ang paglusob ng mga pulis sa kampus na anila'y labag sa mga karapatan ng mga estudyante at naglagay lamang sa kanila. Ang mga crackdown na ito ay walang-dahilang naglalagay sa mga estudyante at guro sa panganib, anila.

Sa kabilang ng mga pandarahas at banta ng suspensyon at pagpapatalsik, itinayo ng mga estudyante sa Harvard University at Brown University ang kanilang mga kampuhan.

Kumakalat na sa mga unibersidad sa ibang bahagi ng mundo ang mga protesta at kampuhan. Nagkaroon na ng katulad ng mga protesta sa loob ng malalaking unibersiad sa Australia, France, Italy, Poland at Britain.

## **Marcos, kinutya ng Gabriela sa pahayag nito ukol sa OSAEC**

Abril 28, 2024

Kinutya ng Gabriela ang pahayag ni Ferdinand Marcos Jr kaugnay sa mataas na bilang ng mga kaso ng online sexual abuse and exploitation of children (OSAEC o online na pang-aabuso at pagsassamantalang sekswal sa mga bata) sa Pilipinas. Sa isang talumpati niya noong Abril 25, sinabi ni Marcos na “kinukundena” niya ang mga krimen na ito at inatasan ang pulis at mga ahensya ng gubyerno na isagawa ang “crackdown” laban dito.

“Kung totoong nababahala ka sa mataas na bilang ng mga kaso ng mga pang-aabusong sekswal sa mga bata, bakit mo pinayagan ang abusadong mga tropang Amerikano sa bansa?” tanong ng Gabriela sa isang pahayag noong Abril 27.

Mahaba ang listahan ng mga krimen ng mga tropang Amerikano laban sa mga bata at kababaihan sa mahabang kasasaysan ng pamamalagi nito sa bansa. Sa mga base nito sa Angeles at Olongapo, naging talamak ang prostitusyon ng kababaihan at mga bata sa tinatawag na “prostitusyong militar.” Umabot sa 60,000 babae ang nasadlak noon sa prostitusyon, kung saan 20,000 bata o menor de edad. Noong umiiral pa ang malalaking base militar na ito ng US, naitala ang 3,274 na kaso ng karahasan sa kababaihan na kinasangkutan ng mga sundalong Amerikano. Labinlima sa mga pang-aabuso ay sa mga menor de edad, at lahat ng kaso ay ibinasura.

Noong 1983, labing-walong menor de edad ang nagkaroon ng AIDS dahil sa prostitusyon. Noong 1990, isang 18-buwang sanggol ang nahawaan ng sakit na gonorrhea (sakit na nakukuha sa pakikipagtalik) matapos siya abusuhin kasama ang kanyang ina ng tatlong sundalong Amerikano sa isang apartment sa Subic.

Noong 1987, sa Subic, namatay si Rosario Baluyot, isang 12 anyos na batang babae matapos magkaroon ng impeksyon ang kanyang ari matapos maiwan sa loob ang isang bahagi ng "vibrator" na ipinasak ni Heinrich Stefan Ritter. Nakulong si Ritter nang ilang taon subalit pinalaya din matapos pawalansala ng korte.

Kahit matapos mapatalsik ang mga base militar ng US, patuloy ang pang-aabuso ng mga sundalong Amerikano sa kababaihang Pilipino.

"Kailangan nating alalahinan si Vanessa, Nicole, Jennifer at marami pang bikima ng pang-aabuso at pagsasamantalang sekswal ng mga Amerikano," ayon sa grupo. "Kailangang pangunahan ng kababaihan ang pagpapanagot sa gubyernong Marcos sa kasunduan nito sa gubyerno at militar ng US, na mayroong madugong rekord ng pang-aabuso sa kababaihan at mga bata!"

Panawagan nila, patalsikin ang mga tropang Amerikano sa territoryo ng Pilipinas. Kasalukuyang mayroong 11,000 tropa ng US sa bansa para sa Balikatan, isa sa 500 war game at aktibidad militar na isasagawa ng US sa Pilipinas sa 2024.

Kinundena rin ng Gabriela ang deka-dekada nang pagpapabaya at kawalang-aksyon ng gubyerno ng Pilipinas kaugnay sa paparaming kaso ng pandarahas laban sa kababaihan at bata, kabilang ang mga kasong kinasangkutan ng mga Amerikanong sundalo.

## **Pambansang Araw ng Pagkilos ng mga guro para sa dagdag-sweldo, isinagawa**

Abril 28, 2024

Sama-samang nagsindi ng kandila at nagpailaw ang mga guro sa isang protesta sa Quezon City noong Abril 26 para sa Pambansang Araw ng Pagkilos na pinangunahan ng Alliance of Concerned Teachers (ACT) Philippines para igiit ang dagdag-sweldo. Isinagawa rin ang pagsisindi ng kandila sa Bacolod City. Nagkaroon naman ng mga aktibidad ang mga unyon ng ACT sa kani-kanyang eskwelahan sa buong bansa. Bahagi ito ng paghahanda para sa nalalapit na paggunita sa Pandaigdigang Araw ng Paggawa sa Mayo 1.

“Ngayon ay Pambansang Araw ng Pagkilos ng mga guro at kawani upang igiit ang matagal nang panawagan para sa disente at nakabubuhay na sahod. Siyam sa bawat sumpung guro at kalakhan ng mga kawani ang hindi tumutuntong sa nakabubuhay na antas ang sweldo. Patunay ito ng patuloy na pagpapabaya ng gubyerno sa sektor,” pahayag ni Vladimer Quetua, ACT Chairperson.

Giit ng lider-guro, sinasalamin ng bumubulusok na kalidad ng edukasyon sa Pilipinas ang hikahos na

kalagayan ng mga guro at mga manggagawa sa sektor ng edukasyon. Sa pag-aaral ng Programme for International Student Assessment (PISA) noong 2018, ang Pilipinas ang pinakamahina sa reading comprehension o pag-unawa sa binabasa sa 79 bansang lumahok sa pag-aaral. Habang ika-78 naman ang bansa sa Science at Math.

Matagal nang panawagan ng mga guro at nasa sektor ng edukasyon, sa pangugnuna ng ACT, na gawing ₱50,000 ang sahod ng mga bagong guro at ₱33,000 para sa lahat ng mga kawani ng gubyerno. “Hindi kami naniniwalang hindi ito kayang pondohan ng gubyerno,” ayon pa kay Quetua.

Sa hanay ng mga pampublikong kawani, isa sa pinakamababa ang tinatanggap na sweldo ng mga guro. Sumusweldo lamang ang Teacher 1 ng ₱27,000 kada buwan, habang ang katapat na pusisyon sa mga pulis na PO1 ay tumatanggap ng ₱29,668 at ang mga Nurse 1 ay ₱36,619.

Patunay umano ang paglulustay ng rehimeng Marcos ng pondo ngayong taon para iratsada ang charter change o chacha na mayroong pera ang kanyang administrasyon. Dagdag pa dito, ayon kay Quetua, ang bilyun-bilyong pisong ginagasta ngayon para sa isinasagawang war games ng Armed Forces of the Philippines (AFP) at pwersang militar ng US sa bansa. “[Ang lahat ng ito] sa halip na tugunan ang kahingian para sa makatarungan at disenteng sweldo at sahod at paglalaan ng sapat na pondo para sa edukasyon at serbisyo ng panlipunan,” pagdidiin niya.

Liban sa mababang pasahod, pamalagian ding naaantala ang pagbibigay ng mga benepisyo ng mga guro dulot ng mabagal at inutil na tugon ng Department of Education.

Samantala, nananatiling nasa 159,000 ang bilang ng kulang na klasrum at 147,000 ang bilang ng kulang na guro.

Sa pagtatapos ng programa, inianunsyo ng ACT Philippines ang paglahok ng lahat ng mga unyon at organisasyon sa ilalim nito sa pambansang protesta sa darating na Mayo 1. Makikiisa ang sektor ng edukasyon para igiit ang karapatan sa disente at nakabubuhay na sweldo at sahod, anang ACT.

## **Presensya ni Imee Marcos sa University of San Carlos, binatikos ng mga estudyante**

Abril 28, 2024

Kinundena ng mga estudyante ng University of San Carlos (USC) sa Cebu ang administrasyon ng unibersidad kasunod ng pagpapahintulot nito na makapasok sa USC Downtown Campus sa Cebu City noong Abril 26 ang anak ng diktador na si Imee Marcos para maging bahagi ng programa ng pamimigay ng ayuda ng Department of Social Welfare and Development (DSWD). “Hindi siya tanggap sa isang unibersidad na nakibaka para sa demokrasya na ipinakait ng kanilang rehimeng [noong panahon ng diktadura],” pahayag ng mga progresibong organisasyon sa USC.

Nagpunta si Marcos sa Anselmo Bustos Gym para mamahagi ng ayuda ng DSWD, ngunit ayon sa mga grupo, hindi naman kinakailangan ang kanyang presensya sa pamimigay ng pera. “Ang presensyang ito ni Marcos ay malinaw na maniobra para kumalap ng suporta sa papalapit na eleksyong midterm sa 2025,” anila. Hindi pa nagdedeklara ng intensyong tumakbo sa darating na eleksyon si Marcos ngunit magtatapos ang termino niya sa pagka-senador sa 2025.

Liban pa dito, anila, kalunus-lunos ang sinapit ng USC at mga kasapi ng komunidad nito sa madugo at madilim na kasaysayan ng batas militar ng amang diktadoryo ni Imee na si Ferdinand Marcos Sr. Ipinasara ang mga publikasyon, konseho at organisasyon sa USC, at sa mga unibersidad at pamantasan sa buong bansa, sa panahon ng pagiral ng batas militar. “Hanggang sa kasalukuyan, maraming mga Carolino ang gumugunita sa Batas Militar para tuligsain ang malulubhang pag-abuso sa karapatang-tao sa ilalim ng rehimeng Marcos,” ayon sa pahayag.

Patutsada nila, ang pagbibigay ng administrasyon ng USC ng plataporma kay Marcos ay tahasang pagtalikod sa kasaysayan ng mga Carolino kung saan libu-libong mga estudyante at kasapi ng komunidad nito ang nanguna sa pagpapatalsik sa diktadurang Marcos.

“Kami, bilang mga Carolino, ay nagpapahayag ng kolektibong oposisyon sa pagpasok ni Imee Marcos sa loob ng ating pamantasan,” pagtatapos ng pahayag. Pinirmahan ang nagkakaisang pahayag ng Student Alliance for Nationalism and

Democracy-USC, Gabriela Youth-USC, Rise for Education-USC, Kabataan Partylist-USC at Anakbayan-USC.

## **Unyon sa Maynila, nagpiket para sa nakabubuhay na sahod**

Abril 28, 2024

Nagsagawa ng piket-protesta ang mga kasapi ng Pembato Cargo Forwarder Labor Union (PCFLU-LAND-KMU) sa Blumentritt sa Maynila noong Abril 27 upang ipabatid sa publiko ang laban nila at ng mga kauring manggagawa para sa nakabubuhay na sahod. Anang unyon, dapat tugunan ng gubyerno ang panawagan ng mga manggagawa para sa nakabubuhay na sahod sa halip na gastahin ang pondo ng bayan sa pagtutulak ng charter change (chacha). Paghahanda rin ang naturang piket sa pagdiriwang sa Pandaigdigang Araw ng Paggawa, Mayo 1.

Ayon sa PCFLU, itinutulak nila sa antas ng kanilang kumpanya at sa pambansang saklaw ang dagdag-sahod. Ayon sa panayam ng Mayday Multimedia kay Ka Jun, bise presidente ng unyon, nakatakda silang pumasok sa negosasyon para sa huling dalawang taon ng Collective Bargaining Agreement (CBA) ng unyon at maneydsment. Aniya, dagdag-sahod rin ang pangunahing hiling ng unyon sa CBA.

Sa National Capital Region, nakapako sa ₱610 (pinakamataas na sa bansa) ang minimum na arawang sahod ng regular na mga manggagawa.

Malayong-malayo ang halagang ito sa ₱1,197 na halaga ng nakabubuhay na sahod para sa isang lima-kataong pamilya sa huling taya noong Marso. Dagdag pa dito, kinain ng 3.3% inflation rate ang tunay na halaga ng sahod ng mga manggagawa sa parehong panahon.

Liban sa dagdag-sahod, igigiit din umano ng unyon sa negosasyon ang regularisasyon ng lahat ng mga manggagawa sa kanilang empresa para sa karagdagang proteksyon at pagtataguyod ng kanilang interes. Kasalukuyan din nilang inilalaban ang pagbibigay ng karampatang separation pay sa mga manggagawa ng kanilang kumpanya na nawalan ng trabaho dahil sa pagsasara ng isa sa kanilang mga shop.

Ibinahagi din ng lider-unyonista ang kahandaan ng kanilang mga kasapi at kapwa manggagawa sa kumpanya na lumahok sa malawakang pagkilos sa darating na Mayo 1. "Hindi lang kaming mga regular at myembro ng unyon ang pupunta. Kasama rin namin ang mga kontraktwal at aming mga pamilya," aniya.

Itinatag ang unyong PCFLU noong 1986. Kabilang ito sa pederasyong Labor Alliance for National Development (LAND) na kaanib ng Kilusang Mayo Uno.

Ang Pembato Cargo Forwarder, Inc ay nasa industriya ng pagdedeliber at cargo shipping. Itinatag ito noong 1979 at kasalukuyang mayroong apat na mayor na sentro sa Luzon at higit 15 sangay sa Visayas at Mindanao.

Tinatayang higit 800 ang mga manggagawa ng kumpanya.

## **2 menor-de-edad sa Negros Occidental, inaresto ng 79th IB at pinalalabas na mga Pulang mandirigma**

Abril 29, 2024

Kinundena ng Human Rights Advocates in Negros (HRAN) ang pag-aresto ng mga elemento ng 79th IB at 1st Negros Occidental Provincial Mobile Force Company sa menor-de-edad na magkapatid na edad 16 at 17 sa Sityo Humayan, Barangay Pinowayan, Don Salvador Benedicto noong Abril 25. Ipinaparada ngayon ng 79th IB ang dalawa bilang mga naarestong “batang mandirigma” ng Bagong Hukbong Bayan (BHB). Inaresto rin kasama nila ang isang kaanak na nakatatanda. (Para sa kagalingan ng mga bata, sadyang hindi tinutukoy ang kanilang pangalan.)

“Walang kwentang mga kasinungalingan,” pahayag ng HRAN kaugnay ng insidente. Ayon sa grupo, napag-alaman nila sa isinagawang imbestigasyon na pawang mga ordinaryong magsasaka sa komunidad ang tatlong indibidwal na inaresto ng mga sundalo at pulis. Pinalalabas pa ng 79th IB na nakakumpiska ito ng mga armas at bala kasabay ng pag-aresto.

Naniniwala ang grupo na ipinalalagap ng militar at pulis ang kasinungalingan para makuha ang “pabuyang pera” mula sa rehimeng Marcos para sa pinalalabas nitong matagumpay na mga

operasyon laban sa BHB. Idineklara ng 79th IB na “nabuwag” na nito ang larangang gerilya ng hukbong bayan sa Northern Negros noong pang Hulyo 2021.

‘Walang batang mandirigma’

Pinasinungalingan naman ni Ka Cecil Estrella, tagapagsalita ng BHB-Northern Negros (Roselyn Pelle Command), yunit na nakasasaklaw sa naturang erya, ang paratang na nagrerekрут ito ng mga batang mandirigma sa hukbong bayan. Aniya, mahigpit na tumatalima ang BHB sa mga alituntunin ng hukbo at mga patakaran ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) na nagtatakda ng minimum na edad ng pagsapi sa BHB.

Noong pang 1988 pinagtibay ng Kawanihan sa Pulitika ng Partido ang pagbabawal sa pagrerekрут ng mga batang mas mababa sa 18 ang eadd para maging regular na mga kasapi o armadong mandirigma ng mga yunit pangkombat ng BHB. Pinagtibay ito ng pamunuan ng Partido alinsunod sa mga umiiral na internasyunal na makataong batas. Pag-amyenda ito sa seksyon sa Saligang Alituntunin ng Bagong Hukbong Bayan kaugnay ng minimum na edad.

Bahagi din ng pangangalaga sa mga karapatan ng bata, inilabas naman ng National Democratic Front of the Philippines, na formal na pinagtibay ng NDFP National Council noong Abril 24, 2012 ang Declaration and Program of Action for the Rights, Protection and Welfare of Children.

# **Dagdag-sweldo, muling iginiit ng mga grupo ng kawani ng gubyerno**

Abril 30, 2024

Muling nagsama-sama ang iba't ibang pederasyon at sentrong unyon ng mga kawani ng gubyerno noong Abril 29 sa Senado sa Pasay City para ipanawagan ang dagdag sweldo at iba pang mga benepisyo sa rehimeng Marcos. Inilunsad ng mga ito ang isang porum na nagtalakay sa pagtataas ng sweldo sa nakabubuhay na antas at ang kalagayan ng mga kawani sa kasalukuyan. Matapos nito, nagsagawa sila ng isang piket sa harap ng Senado na kaagad ding sinupil ng mga pwersang panseguridad.

Kabilang sa mga lumahok sa pagtitipon ang Federation for Unity, Recognition, and Advancement of Government Employees (Courage), Alliance of Health Workers (AHW), Alliance of Concerned Teachers (ACT), Kawani Laban sa Kontraktwalisasyon (KALAKON), Public Service Labor Independent Confederation (PSLINK), Philippine Independent Public Sector Employees Association (PIPSEA), Kapisanan ng mga Manggagawa sa GOCCs at GFIs Inc. (KAMAGGFI), at Public Workers Congress (PUBLIK).

“Sa pampublikong sektor, nagsisimula ang batayang sweldo sa ₱13,000 kada buwan sa pambansang mga ahensya, at ₱8,450 para sa mga nasa lokal na yunit ng gubyerno sa isang sixth class na munisipalidad,” pagbabahagi ni Santiago

Dasmariñas Jr, pambansang pangulo ng Courage, sa naturang porum.

Sa harap nito, iginigiit ng mga kawani sa rehimeng Marcos na magpasa ng panibagong “salary standardization law” na nagtatakda ng ₱33,000 na buwanang minimum na sweldo. Dapat umano itong tamasahin ng lahat ng mga kawani, sa pambansang ahensya man o sa lokal na gubyerno.

Liban dito, itintutulak din nila ang pagbabasura sa patakarang kontraktwalisasyon sa hanay ng mga kawani ng gubyerno. Sa tala noong Hunyo 2023, mayroong hindi bababa sa 830,000 o 29.68% sa kabuaang kawani ng gubyerno ay nakapailalim sa kaayusang job order at contract-of-service.

## **ILPS-US, lumahok sa kampuhan ng mga estudyante sa US**

Abril 30, 2024

Lumahok ang International League of Peoples' Struggle - US Country Chapter sa Gaza Solidarity Encampment ng mga estudyante sa Colombia University, matapos marahas na buwagin ng mga pulis noong Abril 25.

“Naninidigan (kami)..sa mga estudyante...habang militanteng nilang iginigiit ang kanilang pagkakampo bilang pakikiisa sa mga taga-Gaza para itulak ang unibersidad na iatras ang pamumuhuan nito sa Israel sa harap ng panggigipit ng estado,” pahayag ng grupo noong Abril 29. Ang marahas na pagbuwag sa kampuhan,

at matatag na paninindigan dito ng mga estudyante, ay naging mitsa sa pagkalat ng protesta sa iba pang unibersidad sa US at iba pang bansa.

“Hindi nararapat para sa Columbia University na basta na lamang burahin ang kampuhan na para bang isa lamang itong pangit na tanawin sa kampus,” ayon sa ILPS-US. “Dapat nitong harapin ang makatarungang hiling ng mga estudyante at komunidad na pinagsasamantalahan at pinagkakakitaan nito.”

Nakiisa rin ang grupo sa mga estudyante ng Yale University at iba pang mga kampus sa US na nagtayo ng kani-kanilang Gaza Solidarity Encampment at tuluy-tuloy na nakikiisa sa mga martsa para sa hustisya sa Palestine.

“Ang militanteng pakikibaka para sa pagpapalaya ng Palestine ay lalong umiigting, at hindi ito mapipigilan,” ayon sa grupo.

## **Mga manggagawang bukid sa tubuhan ng Batangas, nagprotesta sa DOLE**

Abril 30, 2024

Nagprotesta sa pambansang upisina ng Department of Labor and Employment (DOLE) sa Intramuros, Manila ang mga manggagawang bukid mula sa Batangas, sa pangunguna ng Sugarfolks' Unity for Genuine Agricultural Reform (SUGAR)- Batangas, noong Abril 26.

Inihapag nila sa kagawaran ang kanilang mga hinaing tulad ng mababang sahod, kakulangan ng

benepisyo at subsidyo sa harap ng kinahaharap na mga suliranin sa tubuhan dulot ng El Niño.

Siningil rin nila ang ahensya sa kainutilan nitong ipagtanggol ang mga manggagawang-bukid sa harap ng mga pag-atake at paglabag sa kanilang mga karapatan ng mga pwersa ng estado.

Sa datos ng Unyon ng mga Manggagawa sa Agrikultura (UMA), pinakabarat ang arawang sahood na tinatanggap ng mga manggagawang-bukid sa tubuhan kung ikukumpara sa mababa nang minimum na sahood sa sektor ng agrikultura. Sa Region IV-A, kung saan nakapailalim ang Batangas, tinaya ng Ibon Foundation na kinakailangan ng ₱1,123 arawang sahood para mabuhay ang isang lima-kataong pamilya. Sa harap nito, nakapako sa ₱385-₱3520 ang arawang sahood sa rehiyon batay sa huling pagtataas nito noong Setyembre 2023.

Binatikos ng mga manggagawang-bukid ang mababang pasahod, higit lalo ang hindi pareparehong tinatanggap sa bawat prubinsya at bayan dahil sa itinatakdang rehiyunalisasyon ng sahood. Ayon sa kanila, hindi ito tama dahil parepareho lang naman ang presyo ng gastusin nila.

Ipinanawagan din ng SUGAR-Batangas ang sapat na mga benepisyo, subsidyo at proteksyon sa produksyon, lalo na sa panahon ngayon ng El Niño na tumapat pa sa panahon ng Tiempo Muerto na tumatalagal nang hanggang apat na buwan. Hindi sapat ang nakatanggap nilang ₱7,000-₱10,000 na subsidyo mula sa gubyerno na pantulong sa kanila nang magsara ang Central Azucarera de Don

Pedro Inc. (CADPI) noong ika-15 ng Disyembre, 2022.

Nagpahayag rin ng kahandaan ang mga magtutubo na lumahok sa mga pagkilos sa paggunita sa Pandaigdigang Araw sa Paggawa sa Mayo 1.

## **Piket, graffiti, isinagawa sa Ireland para sa anibersaryo ng NDFP**

Abril 30, 2024

Naglunsad ng piket, nagpinta ng graffiti at nagtipun-tipon ang mga kasapi ng Anti-Imperialist Action Ireland (AIAI), sa pangunguna ng Cairde na Filipínihí Committee nito, noong nakaraang linggo para ipagdiwang ang ika-51 anibersaryo ng National Democratic Front of the Philippines noong Abril 24. Ang komiteng ito ng AIA-Ireland ay kasaping organisasyon ng Friends of the Filipino People in Struggle (FFPS), pandaigdigang grupong sumusuporta sa pambansa-demokratikong pakikibaka ng mamamayang Pilipino.

Isinagawa nila ang mga aktibidad ng pakikiisa sa Wicklow, Dublin, Galway, at Waterford sa Ireland. "Ipinapaabot namin ang pagbati sa NDFP at lahat ng mga kasaping organisasyon nito, kabilang ang Partido Komunista ng Pilipinas at Bagong Hukbong Bayan," pahayag ng komite.

Kinilala ng mga Irish ang lampas limang dekada nang paglulunsad ng NDFP ng anti-impérialistang pakikibaka sa Pilipinas, at pagbubuo nito ng

malapad na prente para sa armadong pakikibaka. “Sa tanyag na panahong ito, nagsilbi itong inspirasyon at umani ng respeto mula sa maraming kilalang rebolusyonaryong Irish republican,” ayon sa kanila.

Tiwala din umano ang kanilang hanay sa patuloy na pagpapanday ng NDFP sa isa sa pinakaabanteng rebolusyon sa buong mundo na lumalaban sa pandarambong sa likas na yaman ng imperyalistang mga korporasyon at ang rehimeng Marcos na suportado ng militar ng US at Crown Forces (pwersang militar ng Great Britain).

Ipininta nila sa mga pader sa ilang syudad sa Ireland ang mga katagang “VIVA CPP-NPA-NDF” at nagladlad ng bandila ng NDFP sa kanilang mga protesta at pagkilos.

[20240424]

Samantala, nagpinta naman ng isang mural ang FFPS-Vancouver sa Canada para ipagdiwang ang anibersaryo ng NDFP. Naglabas din ng isang bagong kanta ang FFPS para sa anibersaryo. Pinamatagan nila itong “Celebrate the NDF!”.